Ang isang festival ay isang espesyal na pagdiriwang na karaniwang isinasagawa sa isang tiyak na araw o panahon ng isang lugar. Ito ay may kinalaman sa mga kulturang tradisyon, relihiyon, kasaysayan o mga pagdiriwang ng isang komunidad o bansa. Ito ay isang pagkakataon para sa mga tao na magkolekta, magdiwang, at magbigay-pugay sa mga mahahalagang aspeto ng kanilang kultura at relihiyon. Ang mga ito ay nagbibigay buhay sa kultura at nagpapakita ng identidad ng komunidad, nagdudulot ng kaligayahan at pagkakaisa. Ang salitang "festival" ay nagmula sa Latin na "festum" at kaugnay ng Pranses na "festivus." Sa gitnang panahon, ang mga ito ay karaniwang nauugnay sa relihiyon at itinuturing na banal (Levickaité, 2011). Sa kasalukuyang ito ay nagsilbing daan upang ipakilala ang kultura at umiiral na wika sa isang lugar. Ayon sa UNESCO (2001), itinuturing ang kultura bilang ang kabuuan ng natatanging espirituwal, materyal, intelektwal, at emosyonal na mga katangian ng lipunan o isang pangkat ng lipunan, na kinakasama ang hindi lamang sining at panitikan, kundi pati na rin ang mga pamumuhay, paraan ng pagsasamahan, sistema ng mga halaga, tradisyon, at mga paniniwala.

Simula noong 1986, nagbago ang pananaw sa papel ng kultura sa ekonomiya at lipunan. Mas pinahalagahan na ngayon ang koneksyon ng kultura at pag-unlad ng mga ahensiyang nagbibigay-tulong at dalubhasa. Ang kultura ay itinuturing na susi sa ekonomikong pag-usbong, na nagdudulot ng kita mula sa turismo at mga likha, at tumutulong sa pangmatagalang pag-unlad ng isang rehiyon. Kinikilala rin itong may impluwensya sa ugali ng tao at sa kanilang kontribusyon sa ekonomikong at panlipunang pag-unlad (UNESCO, 1995). Mahalaga ang pag-aaral sa mga festival sa pagdukal ng kultura at identidad ng isang lipunan at maipakilala ang natatanging kulturang ito sa iba.

Ang Festival Tourism ay isang mabilis na lumalagong bahagi ng industriya ng turismo, na nakatuon sa pagpapalitan ng kultura sa iba't ibang antas. Sa pamamagitan ng mga espesyal na kaganapan, ito ay nagbibigay-daan sa mga artista at bisita na makilahok at ipakita ang mga kultural na pananaw mula sa kasaysayan, tradisyon, pagkain, inumin, musika, at sayaw (Stankova at Vassenska, 2015). Walang duda na ang mga festival at lokal na kaganapan ay mahalagang bahagi ng mga patakaran para sa pambansang pag-unlad. Kinilala itong nagbibigay ng malaking ambag sa ekonomikong pag-unlad ng mga lokal na lugar, nag-aalok ng oportunidad para sa promosyon ng turismo, komersyal na resulta, at pagtaas ng pamumuhunan sa mga rehiyon (Getz, 2007). Ayon kay Choi et al. (2021), ang pagdalo sa mga ganitong gawain ay nagpapawi ng stress, nagbibigay ng espirituwal na kasiyahan, at nag-aalok ng positibong karanasan sa kaalaman, estetika, at kuryusidad.

Lalo pa maraming turista ang naghahanap ng bagong karanasan sa mga festival, na mahalaga para sa kanilang kaligayahan. May positibong kaugnayan ang pagbabago sa mga katangian ng festival at kasiyahan ng mga turista. Ang mga inobasyon, tulad ng disenyo ng kaganapan at pagpapahayag ng kultura, ay nakatutugon sa kanilang motibasyon at nagdudulot ng ligaya (Zhang at Deng, 2022).

Ayon sa Republic Act No. 10066, o "National Cultural Heritage Act of 2009," layunin nitong pangalagaan at itaguyod ang kayamang kultural at kasaysayan ng Pilipinas para sa kapakinabangan ng kasalukuyan at susunod na henerasyon. Binibigyang-diin nito ang pagpepreserba ng kultura, pagprotekta sa mga ari-arian at kasaysayan, pagpapalakas ng mga institusyong pangkultura, at pagtulong sa kagalingan ng mga manggagawa sa kultura. Ang Batas Republika Blg. 7356 ay nagtatag ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) bilang pangunahing ahensya para sa promosyon at pangangalaga ng kultura at sining sa Pilipinas. Itinatag din nito ang Pambansang Pondo para sa Kultura upang suportahan ang mga proyektong pangkultura at nagbibigay ng tulong para sa mga kaganapang pangkultura, tulad ng pista.

Ang mga festival sa Pilipinas ay mahalaga sa kultura at tradisyon ng bansa, ipinagdiriwang mula Enero hanggang Disyembre (Chan, 2020). Kabilang dito ang Aliwan Fiesta, na tinaguriang Ina ng Lahat ng Pista, kung saan nagtitipon ang mga pangunahing selebrasyon mula sa buong bansa sa Manila (Nuñez, 2019). Ayon kay Punongbayan (2019), may mga pista tulad ng Ati-Atihan, Sinulog, Panagbenga, Pahiyas, at Maskara na nag-aakit ng turista at nagsisilbing simbolo ng pagkakakilanlan ng bawat lugar. Dagdag pa ni Carada (2021), ang mga festival tulad ng Sinulog sa Cebu at Maskara sa Bacolod ay bahagi na ng kasaysayan at buhay ng mga Pilipino. Ang mga pista ay hindi lamang nagsisilbing libangan, kundi nagpapakilala din ng lokal na kultura at tradisyon sa buong mundo. Mahalaga ang mga ito bilang pagpaparangal sa mga patronong santo, mitolohiya, kalikasan, at kasaysayan. Karaniwang nagdaraos ang mga lalawigan, munisipalidad, at barangay ng mga festival, kung saan nagtitipon ang mga turista at lokal upang masaksihan ang makulay na prusisyon, sayaw, at iba pang kultural na palabas, kasama ang mga espesyal na pagkain. Ayon kay Nuñez (2019), ang mga festival ay ipinagdiriwang mula sa barangay hanggang pambansang antas.

Sa bawat festival, naipapakita ang natatanging identidad ng kultura o komunidad. Mahalaga ito sa pagpapahalaga sa kultura at tradisyon, at nagsisilbing mabisang paraan sa pagpapanatili ng kulturang kinagisnan (Bajaro, 2020). Ayon kina Pinca-Atutubo at Totanes (2023), ang fiesta ay mahalagang araw para sa mga Sorsoganon, kung saan ipinapakita at inaala ang kanilang kultural na pamana. Ang mga kwento tungkol dito ay bahagi ng kanilang mga festival. Ang pag-iisip ng mga Sorsoganon sa muling pagtuklas ay nag-uugnay sa kanilang kasaysayan, pagkakakilanlan, at pamana, na nagbubukas ng pagkakataon para sa pag-unlad ng kabuhatan. Ang mga aktibidad ng Kasanggayahan Festival ay may layuning itaguyod ang agrikultura, sining, kultura, kasaysayan, turismo, at kalakalan. Maraming kaganapan ang nagaganap sa buong buwan, kabilang ang mga kasiyahan, laro, palabas na pang-aliw, at ang tiangge, na isang bukas na pamilihan. Maliban pa rito ang pagkakaroon ng iba't iba pang mga pagdiriwang ng festival sa mga bayan ng Sorsogon.

Sa bayan ng Bulan ipinagdiriwang ang Padaraw Festival sa dalawang dahilan: bilang pasasalamat para sa sagana at masaganang ani (mula sa lupa at karagatan) at bilang pagpaparangal sa patron ng bayan, Birhen ng Inmaculada Concepcion. Ang Bayan ng Bulan, ay isang 1st class na munisipalidad sa Sorsogon na may populasyon na 105,190 (2020 census), ang pinakamatao sa lalawigan. Ito ay mabilis na umuunlad at pinaghahandaan ang cityhood na may iminungkahing batas sa 2024. May lawak itong 196 square kilometers, tinatayang populasyon na 120,000, at taunang kita na higit sa P200 milyon. Kabilang ito sa Top Five Municipalities with the Highest Operating Income sa Bicol at ISO Accredited na may Seal of Good Financial Housekeeping mula sa DILG (PhilAtlas, 2024).

Ayon sa Municipal Ordinance no. 002, s. 2015, o P.A.D.A.R.A.W Program, itinataguyod nito ang taunang pista na mula sa choreographed na kultural na pagtatanghal ay magiging isang makabuluhang katutubong gawain ng pagpapasalamat para sa mga biyaya ng nakaraang taon at paghingi ng pagpapala para sa darating na taon. Ito ay ipinagdiriwang tuwing ika-30 ng Mayo sa Bulan, Sorsogon, bilang pag-alala sa pagkakaisa ng mga

mamamayan. Ang mga nabanggit na siyang dahilan upang pag-aralan ang Padaraw: Kasaysayan at Impluwensya sa Kulturang Bulaneño. Upang masuri ang ambag at implikasyon ng nito sa iba pang aspekto nakapaloob rito. Ang mga nabanggit ay nagsisilbing batayan para sa pag-aaral ng "Padaraw: Kasaysayan at Impluwensya sa Kulturang Bulaneño." Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang mga ambag ng Padaraw sa kasaysayan at kultura ng mga Bulaneño, kabilang ang impluwensya nito sa turismo at ekonomiya. Mahalaga ring tuklasin kung paano nakakaapekto ang Padaraw sa pagkakakilanlan ng mga Bulaneño ngayon at ang pagpapahalaga nila sa mga kaugaliang ito. Sa pamamagitan ng pagsusuri inaasahang maipapakita ang kahalagahan ng Padaraw bilang isang tradisyon na patuloy na umaangkop sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Layunin - Ang layunin ng pag-aaral na ito ay alamin ang kasaysayan, kahulugan, at epekto ng Padaraw Festival sa kultura ng Bulan. Tinutukan nito ang kasaysayan ng festival, mga simbolo nito, at ang impluwensiya nito sa turismo at ekonomiya ng Bulan, pati na rin ang kasaysayan at pag-unlad ng bayan ng Bulan, Sorsogon.

3. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong sarbey-analisis upang masusing maipakita ang kultura ng Bulaneno sa pamamagitan ng Padaraw Festival. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 23 indibidwal mula sa lokal na pamahalaan, mga tagapagsanay ng musika at sayaw, at mga kinatawan ng turismo sa Bayan ng Bulan. Nagsagawa ng mga interbyu upang mangalap ng mahahalagang impormasyon, at ginamit ang tematik-analisis upang suriin ang mga nakalap na datos. Ang mga kalahok ay pinili batay sa kanilang aktibong papel at malalim na kontribusyon sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng Padaraw Festival. Ang mga katanungan sa interbyu ay nakatuon sa kasaysayan, simbolismo, at mga epekto ng festival sa turismo at ekonomiya ng Bulan. Ang mga tanong ay isinailalim sa maingat na rebisyon upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at kahusayan sa pagkuha ng datos.

Ang proseso ng paglikom ng impormasyon ay nagsimula sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham-pahintulot sa mga lokal na tanggapan at pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing tao na may kaalaman tungkol sa festival. Ang mga interbyu ay isinagawa mula Disyembre 2023 hanggang Enero 2024, at nagsama rin ng dokumentasyon ng mga larawan upang magamit sa pagsusuri ng resulta ng pag-aaral. Ginamit ang tematik-analisis at Teoryang Gipaw sa pagsusuri ng mga datos upang masusing matukoy ang kahalagahan ng Padaraw Festival sa pagpapalaganap ng lokal na kultura, pagpapalakas ng komunidad, at pagpapasigla ng turismo at ekonomiya.

4. Natuklasan

Inilahad rito ang interpretasyon sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Iiprenesinta nang sunod-sunod ang mga datos upang sagutin ang mga tanong sa pag-aaral na ito. Ang mga nakuhang sagot ay nagsilbing kasagutan sa mga sumusunod: 1. Kasaysayan ng Padaraw Festival. 2. Ang sinasalamain at sinisimbolo ng Padaraw Festival 3. Impluwensya ng Padaraw festival sa turismo at ekonomiya.

1.1 Kasaysayan ng Padaraw Festival

Ang datos na nakalap mula sa mga interbyu ay inanalisa. Apat na tema ang nabuo. Kabilang sa mga temang ano ang padaraw festival, kailan ito nagsimula, at sino sino ang bumuo ng padaraw, Bakit may padaraw at paano nabuo ang padaraw. Ipinapakita rin ng mga tema na ang Padaraw ay may mahalagang papel sa kultura ng mga tao sa bayan ng Bulan. Ito ay naging isang festival na kanilang ipinagdiriwang taon-taon hanggang sa kasalukuyan.

Ang padaraw festival. Ang Padaraw ay isang salitang Bicol na hango sa "daraw," na tumutukoy sa mga isdang nagsasama-sama sa isang direksyon. Ang ibig sabihin ng Padaraw ay pagkakaisa, at sa pagdiriwang na ito, nagkakaisa ang mga tao ng Bulan upang ipakita ang kanilang lakas at pagkakapit-bisig sa kabila ng mga hamon. Ipinagdiriwang ito bilang parangal sa patron ng bayan, ang Birheng Maria ng Immaculada Concepcion, bilang

pagpapahayag ng pasasalamat para sa mga biyaya mula sa Diyos, hindi lamang mula sa dagat kundi pati na rin mula sa mga kapatagan at kabundukan.

“Padaraw an may-on sin konsepto manungod
sa biyaya na hali sa kadagatan kay kuan
pan-o ngani komunidad kita na nasa gilid
san dagat, kaya doon nagbatog an pag
selebrar san padaraw.”

Salin: Padaraw ang may konsepto tungkol sa biyaya na galing sa karagatangkasi nga komunidad tayo na nasa gilid ng karagatan, kaya doon nagsimula ang pagdiriwang ng padaraw. - Kalahok 16

Hindi nagtagal Mayroong nabuong konsepto na nakatuon sa pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan ng bayan at ito ay tungkol sa pangingisda at pagsasaka tugon ng kalahok. Sapagkat ang bayan ng Bulan ay malapit sa malawak na karagatan at ang pamumuhay ng mga tao ay nakasentro sa isda at na isa sa pamumuhay at itinuturing nilang biyayang bigay ng lumikha.

“Bungto kita sin pangingisda nyan an mgagrupa
na nakatuon sa baybayon kaya nakatuon ini sa
industriya san paglawod.”

Salin: Bayan tayo ng pangingisda at ang mga grupong nakatuon sa baybayin kaya nakatuon ito sa industriya ng pangingisda. Kalahok 17

Sagana at ang bawat tao ay mayroong hanapbuhay sapagkat ang bayan Bulan ay nakasentro sa industriya ng pangingisda. Karamihan sa mga mamamayan pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ayon ito sa pahayag ng kalahok.

“an word na padaraw hali in isa
word na daraw na pirmi ingagamit
san mga paralawod kaya pagnasangga
an isda, an gahoy suon kuan daraw.
An pagluwas san bulan.”

Salin: Ang salitang padaraw ay mula sa salitang daraw na kadalasang ginagamit ng mga mangingisda kaya kapag sumasangga ang isda, ang tawag dun ay daraw. Ang paglabas ng buwan.) – Kalahok 18

Mayroong isang orihinal na terminong ginagamit ang mga mangingisda na palatandaan nila kung marami ang isda at ito ay ang daraw na may kaugnayan sa maliwanag na buwan. Ito ngayon ang pinagbatayan at pinagkunan ng salitang padaraw festival ng Bulan.

“An daraw na pag nagdadaraw an bulan,
siyempre nagtitiripon an mga isda,
nyan daghanon an dakop na isda.”

Salin: (Ang daraw na pagnagdadaraw ang buwan, siyempre nagtitipon ang mga isda, at maraming huli ng isda.) – Kalahok 20

Mayroong isang palatandaan ang mga mangingisda ng bayan ito ay ang paglabas ng bilog at maliwanag na buwan. Nagbabadya ito ng tiyak na daming huli at bilang ng isda.

“Padaraw kay mas kilala an bungto sa
pangingisda. Kaya nabuo an padaraw.”

Salin: (Padaraw dahil mas kilala ang bayan sa pangingisda. Kaya nabuoang padaraw.) – Kalahok 22

Dahil sa saganang pangingisda, naging tanyag ang bayan ng Bulan. Ang pangalan ng kanilang pagdiriwang, ang "Padaraw Festival," ay hango sa salitang "daraw," na tumutukoy sa pangkat ng mga isda. Ang festival na ito ay nagsimula bilang pagdiriwang ng kanilang yaman sa likas na yaman at malalim na ugnayan sa karagatan. Ayon kay Buted et al. (2014), ang mga fiesta ay may malaking papel sa kulturang Pilipino at patuloy na nagbabago ayon sa lokal na tradisyon. Ang pag-unlad ng mga festival ay konektado sa kasaysayan ng kulturang tao.

Ang pagsisimula ang Padaraw Festival. Ang mga festival at kaganapang nakabatay sa komunidad, na tinatawag ding lokal na kaganapan, ay nagmumula sa isang partikular na sektor ng komunidad na may pangangailangan o pagnanais na ipagdiwang ang isang bahagi ng kanilang buhay o kasaysayan (Dimmock & Tiye, 2000). Bukod dito, ayon kay Davies (2017) isa sa mga unang festival ay ang mga kaganapang kaugnay ng mga pana-panahong okasyon, tulad ng pagsasaka at pag-aani. Ang mga ganitong uri ng pagdiriwang ay itinuturing ding mga unang festival.

“Ang bungto san Bulan una na nakilala
sa pag selebrar san Bandalaan kay saro
sa pinaka- produkto san bungto an
bandala. An pagkakamay-on sin masagana
nyanmahiwas na tanuman san bandala
an nag-udyokpara ini iselebrar
san bungto.”

Salin: (Ang bayan ng Bulan ay unang nakilala sa pagdiriwang ng Bandalaan sapagkat isa sa mga pangunahing produkto ng bayang ito ay ang bandala. Ang pagkakaroon ng masagana at malawak na taniman ng bandala ang nag-udyok upang ito ay ipagdiriwang ng bayan.) – Kalahok 16

Ayon sa mga kalahok, ang festival ng Bulan ay nakabatay sa kanilang produktong abaca, isang pangunahing produkto ng bayan (Bulan Water District, 2014). Tulad ng ibang lugar sa Pilipinas, ipinapakita ng mga festival ang sosyo-historikal na pamana ng bawat bayan. Halimbawa, ang "Bandalaan sa Bulan," na ginaganap tuwing ika-31 ng Mayo, ay nagtatampok ng mga gamit mula sa abaca, isang pangunahing export noong panahon ng kolonyalismong Espanyol (*Discover Sorsogon - Philippines Travel - Boracay, Puerto Galera, Bohol, Cebu - 7000 Islands*, n.d.). Ang mga festival ay nagpapakita ng lokal na kultura at sumusuporta sa mga negosyo (Tanfrod & Jung, 2017). Sa patuloy na pag-unlad, nagkakaroon ng pagbabago sa mga pagdiriwang.

“dati an festival sa tinampo san una
kuan Bandalaan na inorganisa man san
dati na bise alcalde Alvino Goyala
kaya lang hinali.”

Salin: (Dati ang festival sa kalsada noong una ay ang Bandalaan na inorganisa din ng dating bise akalde Alvino Goyala kayalang inalis) Kalahok 16

Ang pagdiriwang ng bandalaan ay nagkaroon ng mahalagang papel sa bayan ng Bulan. Ayon sa tugon ng kalahok, ito ang naging inspirasyon upang magkaroon ng mas magandang pagdiriwang ang bayan.

“Sadto san 1996 nagbuo mun-a san bandalaan na yon
an mga sul-ot bandala. Paghuna namo sadto, bandala
an pinaka produkto nato didi.”

Salin: (Noong 1996 bumuo muna ng bandalaan na yon ang kasuotan ay bandala. Akala namin noon, bandala ang pinaka produkto natin dito.) - Kalahok 17

Kaya ng taong 1996 ay ginamit ang bandala bilang mga kasuotan ng mga kalahok sa pagdiriwang sa kalsada upang ipakita ito bilang produkto ng bayan sa mga panahong ito. Nga lamang hindi nagtagal ay napalitan sapagkat hindi ito ang pangunahing hanapbuhay at produkto ng Bulan.

“Dati san una may-on sira inhihirimo
didi na festival tapos mao na yadto
na bandalaan. Bandalaan hali yoon sa
parang proukto na hali sa bandala sa
Bulan.”

*Salin: (Dati noong una mayroon silang isinasagawa ditong festival at yon yon bandalaan.
Bandalaan galing yon sa parang produkto na galing sa bandala sa Bulan.)- Kalahok 19*

Mayroong pinagdiriwang ang bayan ng Bulan na festival ito ang bandalaan at ayon sa kalahok, magagandang dalagang kababaihan ang madalas na sumasali rito para itampok ang kasuotan na yari sa bandala. Ito ay itinatangahal rin sa kalsada may pagsasayaw na bitbit mga bandalang produkto mula sa bayan.

“Matagumpay man an ingigibo an bandala
festival pero daghanon an komento sini
na tukalan kay diyo lang an bandala sa
bungto.”

*Salin: (Matagumpay naman ang isinasagawa ang bandala festival ngunit marami ang komento
rito na palitan dahil kunti lamang ang bandala sa bayan.) – Kalahok 21*

Ang pagdiriwang ng bandalaan ay tinangkilik at matagumpay na ring naipagdiwang tugon ng kalahok. subalit dumating ang panahon na napalitan ito at hindi na ipinagpatuloy pa sapagkat hindi ito ang pinakahanapbuhay ng bayan.

Mula sa pagbabago ng ipinagdiriwang na festival sa bayan ng Bulan, nabuo ang mga konsepto kaugnay ng Padaraw. Ito ay naging batayan para sa mas malawak na pag-unawa sa pagpapakilala ng festival na ito.

“An bungto san Bulan kuan sagana o kilala na
mayaman sa lamang dagat pareho san mga isda na lawlaw.)

*Salin: (Ang bayan ng Bulan ay sagana o kilala na mayaman sa lamang dagat katulad ng mga
isdang lawlaw.) – Kalashok 1*

Mayroong ipinagmamalaking isda ang bayan at ito ay tinatawag na lawlaw. Isa ito sa mga tatak kung bakit mas lalong nakikilala ang bayan.

“Hali ini sa word na daraw na an
kahulugan mao an pagdagsa san
daghanon na isda.”

*Salin: (Ito ay mula sa salitang daraw na ang kahulugan ay ang pagdagsa ng napakaraming
isda.) – Kalahok 2*

Ayon sa tugon ng kalahok, ang bayan ay may tinatawag na salitang may kaugnayan sa isda at ito ay daraw. Iniuugnay sa dami ng isda sa huli ng mga mangingisda.

“Nauugnay in isa pangingisda na may-
on daghanon na dakop sin isda.”

Salin: (Ito ay na uugnay sa pangingisda na mayroong maraming huling isda.) – kalahok 4

Ang Bulan ay kilala sa kasaganaan ng lamang-dagat, tulad ng isdang lawlaw, na mahalaga sa kabuhayan ng mga tao. Ang kanilang pagdiriwang ay tampok ang panghuhuli ng isda at nagpapakita ng ugnayan ng mga mangingisda at pagkakaisa ng mamamayan, tulad ng galaw ng mga isda tuwing daraw. Ayon kay Tkaczynski (2013), ang mga festival ay nagdudulot ng benepisyo sa komunidad, tulad ng gastusin sa turismo at pagmamalaki. Ang festival ng Bulan ay patuloy na nagbabago dahil sa pakikiugnayan ng mga ahensya at komunidad, na nagpalaganap ng ideya ng “Padaraw” at naging simbolo ng masaganang ani ng pangingisda.

“Pwera san nagkakamay-on sin masagana
na ani hali sa kadagatan inupod naman
an masagana na ani hali sa mga tinanom
san kabululudan.”

Salin: (Maliban sa pagkakaroon ng masaganang ani mula sa karagatan ay sinama rin ang masaganang ani mula sa mga pananim sa kabundukan.) – Kalahok 6

Ayon sa tugon ng kalahok, hindi lang binuo ang pagdiriwang para ipakita ang pangingisda kundi maging pati ang pagsasaka. Ang mga ito ay patunay na talagang makikita kung gaano kasagana ang bayan.

“Gusto nira ipaimod an kabuhayan san
Bulan. Kaya diri lang pangingisda an
inpapaimod sini gusto din nira na ma
ipaimod an iba pa na kabuhayan pareho
san pagbanti, paglukad, nyan intero
na pangkabuhayan san bungto.”

Salin: (Gusto nila ipakita ang kabuhayan sa Bulan. Kaya hindi lamangpangingisda ang maipakita gusto rin nila na maipakita ng iba pang kabuhayan pareho ng pagsasaka, pagkokopra, at lahat ngpangkabuhayan sa bayan.) – Kalahok 15

Dahil sa isang layuning maipakita ang paraan ng pamumuhay ng bayan, padaraw festival ang kanilang naging tulay at pamamaraan. Lahat ng pandagat at panlupang gawain tulad ng pangingisda at pagsasaka at naipamalas sa pamamagitan ng pagdiriwang.

“Una nakatuon lang in isa industriya san
Pangiongisda nyan an mga grupo na nakatuon
sa baybayon habo nira na pangingisda lang sa
Bulan kaya pinaunlad na an biyaya hali sa
kabundukan kaupod na an paglukad,bandala
man gihapon kun baga diri lang nakatuon
sa saro na produkto.”

Salin:(Una nakatuon lang ito sa industriya ng pangingisda at ang mga grupong nakatuon sa baybayin ayaw nila ng pangingisda lang ng Bulan kaya pinaunlad biyayang galing sa kabundukan kasama na ang kopra, bandala parin kung baga hindi lang nakatuon sa isang produkto.) – Kalahok 17

Ang bayan ng Bulan ay patuloy na umuunlad dahil sa kasaganaan nito, mula sa karagatan hanggang sa mga kabundukan. Hinati ito sa dalawang bahagi: ang tabi ng karagatan para sa pangingisda at ang kabundukan o Patag para sa pagtatanim. Ipinapakita nito na hindi lamang pangingisda ang hanapbuhay ng mga tao sa Bulan, kundi pati na rin ang masaganang ani mula sa mga kabundukan. Kaya’t ang pangingisda at pag-aani ay pinagsama sa pagdiriwang ng Padaraw.

“An salitang -ugat sini daraw kaya pinalitan
ini tapos hinimuan acronym Peoples Action
and the Development Aquatic Resources
Agriculture and Watershedshali sa salitang
-ugat na daraw dahil grasya hali sa
kabundukan kaupod na an katubian, kaupod
an agrikultura, kaya yon batog sadto
hanggang niyan padaraw na pirmi an ingagamit.”

Salin: (Ang salitang ugat ay daraw kaya pinalitan yanat ginawan ng acronym Peoples Action and the Development Aquatic Resources Agriculture and Watersheds galing sa salitang ugat na daraw dahil biyaya galing sa kabundukan kasama na ang sa katubigan, kasama ang agrikultura, kaya yon mula noon hanggang ngayon padaraw palagi ang ginagamit.) -Kalahok 17

Ayon sa tugon ng kalahok dumating ang mga sandaling ang kailangan mas makapagbigay pansin ito lalo sa mga tao. Kung kaya't gumawa sila ng isang pangalang tatatak at magpapaliwanag na mismo ng kahulugan ng salitang padaraw.

“Hinimuan sin acronym an padaraw na iugnay
na an pagsasaka kaya an nangyari sadto an
padaraw duwa na siya maliban sa paglawod
nyan pagbanti. Kay inapakilala nato an
produkto nyan hanapbuhay sa bungto san Bulan”

*Salin: (Ginawan ng acronym ang padaraw na iugnay na ang pagsasaka kaya ang nangyari noon
ang padaraw dalawa na siya maliban sa pangangisda at pagsasaka. Dahil pinakilala natin ang
produkto at hanapbuhay sa bayan ng Bulan.) – Kalahok 19*

Nilapatan ng kahulugan ang acronym na PADARAW, na nangangahulugang "Peoples Action and the Development of Aquatic Resources, Agriculture, and Watersheds," upang palakasin ang pagkilala sa mga lokal na hanapbuhay at produkto ng Bulan. Ayon sa Municipal Ordinance No. 2, s. 2015, ito ay nagbigay-daan sa pagdiriwang ng Padaraw Festival. Ayon kay Lombardo (2013), mahalaga ang mga festival sa pag-unawa ng kasaysayan at epekto nito sa ekonomiya.

MGA BULANEÑONG NASA LIKOD NG PADARAW FESTIVAL

Malaki ang papel ng mga tao sa pagdiriwang ng Padaraw Festival. Mula sa konsepto hanggang sa huling bahagi ng kaganapan, ang kanilang partisipasyon ay mahalaga sa pagpapalano, organisasyon ng mga aktibidad, at pagtatanghal. Sa kanilang sama-samang pagsisikap, naipapakita ang lokal na kultura at tradisyon, kaya't mas naging makulay at masaya ang pagdiriwang. Ayon kay Allen (2011), ang mga festival ay tumutulong sa pag-unlad ng ekonomiya at marketing, habang nagpapalakas ng interes mula sa komunidad at negosyo.

“Sa pangunguna san dati na butihing mayora
san Bulan na si Ex Mayor Helen De Castro,
an padaraw festival nagkonsepto,
inpagplanuhan, pinagtrabahuan nyan hanggang
sa nabilog kaupod an mga kawani san LGU.”

*Salin: (Sa pangunguna ng dating butihing mayora ng Bulan na si Ex Mayor Helen De Castro,
ang padaraw festival ay nagkonsepto, napagplanuhan, pinagtrabahuan at tuluyang nabuo
kasama ang mga kawani ng LGU.) – kalahok 13*

Sa kahit gaano kaganda ng isang plano subalit hindi nilapatan ng isang galaw ay hindi rin naman nagtatagumpay. Isa ang dating mayora sa puspasang nagtrabaho at nagpursige upang mabuo at maisakatuparan ang ngayong padaraw festival sa Bulan.

“Kaupod an 63 na barangay nagdaranunan
para makabilog sin cluster na para
iuurupod o ipapangkat sa pagpapalabas.”

*Salin: (Kasama ang 63 barangay ay nagtulong-tulong upang makabuo ng cluster na siyang
magsama-sama o pangkat sa pagpapalabas.) – Kalahok 14*

Sa tulong at suporta ng mga ng bawat mamamayan at ng mga lider ng bawat barangay nagkaroon ng iisang layunin na buuin at tipunin ang mga lalahok at magsasagawa sa parada. Isa itong bagay na mahirap gawin subalit sa dulo ay nagtatagumpay parin ang pagdiriwang ng padaraw.

“Sira sir Nilo, maam Gemma nyan mayor de
Castro para sa konseptwalisasyon san
padaraw festival.”

Salin: (Sina sir Nilo, maam Gemma at sir Benig at mayor de Castro para sa konseptwalisasyon ng padaraw festival.) – Kalahok 16

Sa pagbuo ng ganitong malaking pagdiriwang ay hindi nawawala ang ilang taong mangunguna upang mabuo ang isang plano. Dahil sa mga taong ito, sila ang naging tulay upang maipagdiwang ang isang padaraw festival sa Bulan.

“Rey Echane, Diokno Gonzalgo, si sir Fiel
Gerero at kuya Nilo Raymundo. Sira an
Nagkonsepto sini na padaraw para ipaimod
an Bulan manungod sa kabuhayan nyan kasaysayan.”

Salin: (Rey Echane, Diokno Gonzalgo, si sir Fiel Gerero at kuya Nilo Raymundo. Sila ang nagkonsepto nitong padaraw upang ipakita ang Bulan mula sa kabuhayaan at kasaysayan.) -Kalahok 17

Sa isang malawak na kaisipan at ideya ay mabilis ngang napag-isipan na ang tema sa gawaing ito ay ang hanapbuhay ng mga mamayan sa Bulan. Sa mga galaw makikita ang pamamaraan ng pagtatrabaho sa larangan ng pangangisda at pagsasaka.

“Sir Tonyboy Gilana, Mark Glen Tejada, Body Tan
At Mr. Gigantone nagbuo san musika san padaraw.”

Salin: (Sir Tonyboy Gilana, Mark Glen Tejada, Body Tan at Mr. Gigantone ay bumuo at pinagmulan ng musika ng padaraw.) -Kalahok 18

Ang mga pagdiriwang tulad ng Padaraw Festival sa Bulan ay nangangailangan ng musika at tugtog upang maging masigla, at ito ay natamo sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga tao sa komunidad. Ayon sa kalahok, mahalaga na magkaroon ng sariling mga elemento ng kultura na hindi ginaya mula sa iba. Ang mga festival ay resulta ng pagtutulungan ng mga tao at grupo, kasama na ang lokal na gobyerno na may mahalagang papel sa pagbuo at pagsuporta ng mga aktibidad. Ayon kina Javier at Elazigue (2011), ang lokal na gobyerno ay may malaking papel sa tagumpay ng lokal na industriya ng turismo at sa pangangalaga ng mga yaman nito. Ang mga residente at komunidad ang pangunahing mga tao sa pagpapalano at pag-unlad ng turismo (Jamal & Getz, 1995).

ANG PAGKAROON NG PADARAW FESTIVAL.

Ang pag-organisa ng cultural festival tulad ng Padaraw ay may dalawang pangunahing hakbang: pagpapalano at pagsasagawa. Ayon kina Popescu at Corbos (2012), mahalaga na sundin ang orihinal na plano upang magtagumpay ang kaganapan. Ang lokal na pamahalaan ng Bulan ay nagsagawa ng iba't ibang aktibidad tuwing Mayo upang ipakita ang kultura, tradisyon, at mga lokal na produkto ng bayan, pati na rin ang pagpapahalaga sa mga lokal na talento.

“An Hinimo ni mayora Helen inlibot intero
na kasangkot sa pagbuo san padarw festival
sa intero na mga Festivals sa Pilipinas.
Nagbiyahe kami pakadto sa Cebu, Ati atihan
Festival, tapos nagkadto pa kami sa Dinagyang
Festival. Para pag-adalan yon kun pan-o
talaga. An pinaka puntopa sa paglilibot na
makaistorya an mga tourism council para
makakuwa sin ideya sa pagbilog sin
konseho sa pagselebrar san festival.”

Salin: (Ginawa ni mayor Helen inikot lahat ng kasangkot sa pagbuo ng padaraw festival sa lahat ng Festivals sa Pilipinas. Nagbeyahe kami papuntang Cebu, Ati Atihan Festival, at pumunta rin kami sa Dinagyang Festival. Upang pag-aaralan yon kung paano talaga. Ang pinaka punto pa sa paglilibot ay ang makausap ang tourism council upang makakuha ng ideya sa pagbuo ng

konseho sa pagdiriwang ng festival.) – Kalahok 18

Ayon sa naging tugon ng kalahok kailangang makita at mapuntahan ang mga bayan na nagsasagawa ng mga pagdiriwang. Ito ang magsisilbing batayan upang magkaroon ng malawak na ideya sa mga pagpaplanong gagawin sa pagsasagawa ng pagdiriwang sa bayan ng Bulan.

“Naglibot kami sa iba iba na may-on si festival nyan sayaw sa tinampo. Nagkadto kami sa Tacloban, sa lungsod san Cebu nyan sa mga may kilala na sayaw sa tinampo para maimod namo kun nano an dapat himuon kaya yon na ngani nabuo na namo an padaraw na yon na tungkol in isa “School of Fish.”

Salin: (Naglibot kami sa iba’t ibang na mayroong festival at sayaw sa kalsada. Pumunta kami sa Tacloban, sa lunsod Cebu at sa mga may kilalang mga sayaw sa kalsada para makita namin kung ano ang dapat gawin kaya yon nanga nabuo na namin ang padaraw na yon na tungkol ito sa “School of Fish”).-Kalahok 21

Ang mga pagdiriwang sa iba’t ibang lugar sa Pilipinas ay nagbigay ng maraming ideya, hindi upang gayahin, kundi upang malaman ang mga tema at layunin ng mga ito. Ang pagpaplanong festival ay hindi lamang upang magkaroon ng maganda at maayos na kaganapan kundi pati na rin upang makamit ang produktibong resulta, lalo na sa turismo. Ayon kay Quinn (2010), ang mga festival ay umaakit ng mga turista at nagiging lugar para sa festival tourism. Ang mga turista ay interesado sa mga kakaibang kultura na ipinapakita. Sa paghahanap ng impormasyon para sa Padaraw Festival, nakatulong ito sa pagpaplanong musika at sayaw, na sumailalim sa mga pagsubok bago mabuo ang pinal na presentasyon.

“An tutog is parang kinuwa lamang sa youtube tapos in mix mix lang nira”

Salin: (Ang tugtog ay parang kinuha lamang sa youtube tapos pinaghalo halo lang nila.) – Kalahok 15

Dahil sa nagsisimula palang ang pagdiriwang ng padaraw festival noon sa bayan ng bulan ay kinakailangan buluo ng isang tugtog na gagamitin. Ang nabuong tugtog ay ibinagay na rin sa indak at sayaw at sa Gawain bagamat ito ay pinaghalo halo lamang na mga tugtog.

“An musika ay adapted lamang”

Salin: (Ang musika ay adopted lamang.) – kalahok 18

Ang Padaraw Festival ay nagsimula gamit ang mabilis na tugtog, ngunit kalaunan ay nakabuo ng sariling musika mula sa pananaliksik ni Mark Glen Tejada at mga awit nina Sir Body Tan. Ang sayaw ay hango sa galaw ng isda at pag-aani, na nagpapakita ng kasaysayan at kulturang Bulaneno.

“An pagdakop san isda gamit an iba iba na paagi san mga taga Bulan.”

Salin: (Ang paghuhuli ng isda gamit ang iba’t ibang pamamaraan ng mga taga Bulan.) - Kalahok 5

Sa panghuhuli ng mga lamang dagat ay nanatili parin ang tradisyunal na pamamaraan ng panghuhuli ng isda. Iba’t ibang mga kagamitan na makikita sa mga pangangisda sa bayan ng Bulan.

“Pag-aani nyan kultura san bulaneño masasalam in isa mga hiwag nyan kilos san sayaw sa padaraw diri pareho sadto na bagan kinuwa lamang sa

iba na festival.

Salin: (Pag-aani at kulturang bulaneno ay maisasalamain sa mga galaw at kilos ng sayaw sa padaraw hindi katulad noon na mukhang kinuha lamang sa ibang festival.) – Kalahok 17

Sa nabuong sayaw mula sa ideya at galaw ng mga mangingisda at magsasaka ay naiakma batay at sunod sa gawaing pandagat at pagsasaka. Sa pagkakaroon ng padaraw festival sa Bulan ay nakalikha din ng isang matatawag na orihinalidad sapagkat ito’y galing mismo sa bayan.

“May sadiri na galaw nyan hiwag
An pagsayaw san padaraw dahil
sa nabilog na kaisipan hali sa
padaraw.”

Salin: (May sariling galaw at kilos ang pagsayaw ng padaraw dahil sa nabuong kaisipan mula sa padaraw.) – Kalahok 22

Dahil sa kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling indak, pinag-isipan nang mabuti ang pagbuo ng natatanging galaw na makikita sa pagdiriwang. Ang sayaw ay hango sa galaw ng isda at pag-aani, na sumasalamain sa kasaysayan at kulturang Bulaneno. Ayon kay Reeves (2014), ang aktibong pagnanais ay nangangailangan ng oras, enerhiya, at disiplina. Ayon kina Atsuko at Telfer (2008), kapag konektado ang festival sa komunidad, mas malaki ang interes ng mga turista na gumastos upang maranasan ito, kaya't mahalaga ang tamang pagpapalano at marketing (Kitterlin & Yoo, 2014).

KUNG PAANO NAGKAROON NG PADARAW FESTIVAL.

Sa paglipas ng panahon, patuloy na pinauunlad ng lokal na pamahalaan ng Bulan ang Padaraw Festival tuwing Mayo. Layunin ng mga aktibidad na ipakita ang kultura, tradisyon, at pagpapahalaga sa mga lokal na talento at produkto. Ayon kina Mair at Whitford (2013), ang mga festival ay nakakaakit ng bisita at nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya at lipunan ng rehiyon. Mahalaga ang mga festival sa mga patakaran at estratehiya sa turismo, at ang kanilang kontribusyon ay isang malakas na dahilan para sa pampublikong pondo (Felsenstein & Fleisher, 2003; O'Hagan, 1992).

“itong bagay na ito ay isang planong nais
maisakatuparan kung kaya’t naisipan
nilang maglakbay sa pangunguna ni mayor
Helen de Castro”

Salin: (An bagay na ini saro na plano na gusto maisakatuparan kun kaya naisipan nira na magbiyahe sa pangunbuna ni mayor Helen de Castro)

Ang iba’t ibang mga pangangalap at pag-aaral ang isinagawa ng pamahalaang lokal ng Bulan. kailangang makita at mapuntahan ang mga bayan na nagsasagawa ng mga pagdiriwang. Ito ang magsisilbing batayan upang magkaroon ng malawak na ideya sa mga pagpaplanong gagawin sa pagsasagawa ng pagdiriwang sa bayan ng Bulan.

“ang plano nilang mapuntahan ang mga lugarna
nagdiriwang ng iba’t ibang festival ay kanila
ngang napuntahan at nakakuha silang ideya.”

Salin: (an plano nira na makadto na mga lugar na nagdadaos san iba iba na festival talagang nakadto nira nyan nakakuwa sira sin ideya.)

Dahil sa mga pagdiriwang sa iba’t ibang lugar sa Pilipinas, nakakuha si Gng. Helen de Castro at ang kaniyang mga kasamahan ng mga ideya, hindi upang gayahin, kundi upang maunawaan ang tema at layunin ng mga ito sa kanilang sariling pagdiriwang.

“wara iba na obheto sa kanira pagbyahe kundi
an makaambag an bagay na hihimuon nira diri
lang sa kultura kundi sa pangkabuhayan nyan
pang ekonomiya”

*Salin: (Walang ibang hangarin sa paglalakbay kundi ang makaambag ang bagay na gagawin
nila hindi lang sa kultura kundi sa pangkabuhayan at ekonomiya.) – Kalahok 3*

Ang pagpapalano ng festival ay hindi lamang upang magkaroon ng maganda, kundi upang makamit ang maayos at produktibong resulta, lalo na sa aspeto ng turismo. Ang mga festival ay nagiging paraan upang itampok ang mataas na kultura at pag-unlad ng kultural na kapital. Sa pamamagitan ng paglilibot at paghahanap ng impormasyon, nakatulong ito sa pagbuo ng musika at sayaw para sa Padaraw Festival. Dumaan ito sa mga pagsubok bago mabuo ang pinal na presentasyon.

“masigasig na intuunan nyan hinatagan san
suporta an pagbuo san padaraw kay naninila
sir ana ini an mahatag san kulay sa bungto”

*Salin: (masigasig na pinagtuonan at binigyan ng kaukulang suporta ang pagbuo ng padaraw
sapagkat naniniwala sila na ito ang magbibigay kulay sa bayan.)-Kalahok 6*

Nagsimula ang Padaraw Festival sa Bulan gamit ang mga mabilis na tugtog na pinagsama, ngunit kalaunan ay nakabuo ng sariling musika mula sa pananaliksik ni Mark Glen Tejada at mga awit ni Ginoong Salvador Tan. Ang sayaw ay hango sa galaw ng isda at pag-aani, sumasalamin sa kasaysayan at kulturang Bulaneño. Ang festival ay naging orihinal, na nagpakita ng lokal na identidad at kultura ng Bulan.

3.2 Sinasalamin at sinisimbolo ng Padaraw Festival

Ang mga pagdiriwang ay nagsisilbing makulay na salamin ng kultura, paniniwala, at kasaysayan ng isang komunidad. Sinasalamin nila ang mga halaga, tradisyon, at hangarin ng mga tao, ipinapakita ang kanilang natatanging pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng iba’t ibang aktibidad tulad ng sayaw, parada, at ritwal, ang mga pagdiriwang ay sumisimbolo ng pagsasalamat, pagkakaisa, pagiging masipag, pananampalatay, at biyaya, na nagbibigay-daan sa mga kalahok na muling kumonekta sa kanilang pamana.

Pagpapasalamat. Isa sa mga pangunahing simbolo ng Padaraw Festival ay ang pasasalamat ng mga mamamayan ng Bulan sa mga biyayang mula sa karagatan at kabundukan. Ang mga yaman ng kalikasan na ito ay pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao. Sa pagdiriwang, naipapahayag nila ang kanilang pasasalamat at pagpapahalaga sa mga biyayang dulot ng kalikasan at sa kanilang masaganang komunidad.

“an kun pan-o an pagsayaw saro
ini na paagi san pagpapaimod san
pasasalamat sa intero na masagana
na grasya na hali sa naglalang.”

*Salin: (Ang pagsasagawa ng pagsasayaw ay isang paraan ng pagpapakita ng pagpapasalamat
sa lahat ng masaganang biyaya galing sa lumikha.)-Kalahok 1*

Ayon sa tugon ng kalahok, naniniwala siya na ang sayaw ay isang sining na nagpapahayag ng damdamin ng pasasalamat. Sa pamamagitan ng sayaw, makikita ang pagtaas ng kamay na sumasalamin sa galak, saya, at pagpapasalamat sa Diyos. Ang pagtingala nila sa langit ay nagpapahayag ng taos-pusong papuri para sa mga biyayang natamo mula sa karagatan at kabundukan.

“An pagpapasalamat sa kun papan-o inbibiyayaan
san Diyos an mga tawo sin sagana nyan wara
katapusan na kayamanan na intatamasa san
mga tawo na diri maski san-o man magugutom
sa uru-adlaw nira na paghampang sa hamon

san buhay”

Salin: (Ang pagpapasalamat sa kung gaano binibiyayaan ng maykapal ang mga tao ng sagana at walang katapusang kayamanang tinatamasa ng mga tao na hindi kailan man nagugutom sa pang-araw-araw nilang pagharap sa hamon ng buhay.) -Kalahok 5

Naniniwala ang kalahok na sa bawat pagkakataon, laging nariyan ang awa at habag ng lumikha, na makikita sa mga biyayang natatamo araw-araw. Sa sayaw ng mga kalahok sa Padaraw, makikita ang hawak nilang bilao, na sumasalamain sa patuloy na pagtamasa ng masaganang biyaya. Ito ay isang simbolo ng pagpapakita at pagbabalik ng pasasalamat para sa mga biyayang natamo.

“Ini inhihirimo na pagpapasalamat
sa mga grasya na narerecebi”

Salin: (Ang gawaing pagpapasalamat sa mga biyayang natatanggap.) -Kalahok 13

Ayon pa sa tugon ng kalahok, malaki man o maliit na biyaya mula sa Diyos, mahalaga ang pagpapasalamat. Ipinapakita nito na kahit sa kabila ng mga pagsusumikap sa trabaho, hindi nakakalimot ang mga tao na maglaan ng pasasalamat. Ang pagpapasalamat ay naipapakita sa pamamagitan ng sayaw na sumisimbolo ng pagiging maka-Diyos, na isinasagawa at makikita sa pagdiriwang ng Padaraw Festival sa Bulan.

“Pagpapasalamat sa mga nakukuwa
na mga biyaya na hali sa Diyos
sa paagi san isda.”

*Salin: (Pagpapasalamat sa mga nakukuha na mga biyaya na galing sa Diyos sa paraan ng isda.)
-Kalahok 19*

Ayon sa kalahok, ang isda ay isang biyaya mula sa Diyos na kailangan ipagpasalamat. Ang hawak na sagwan at lambat ay simbolo ng matatag na hanapbuhay ng mga Bulaneño, isang dahilan ng patuloy na kasaganaan ng bayan ng Bulan.

Sa Padaraw Festival, makikita ang pasasalamat sa bawat sayaw at aktibidad. Ang mga galaw ay nagpapahayag ng pasasalamat sa mga biyayang natamo at ng pagkakaisa ng komunidad. Ang sayaw ay isang makapangyarihang simbolo ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyon ng Bulan. Ang pasasalamat ay bahagi ng sinaunang ritwal at patuloy na isinasagawa sa mga modernong pagdiriwang, na sumasalamain sa pananampalatayang Kristiyano at sa kasaysayan ng mga Pilipino (Santie, Mamonto, Lasut, & Mesra, 2023).

Pagiging Masipag. Mula sa masaganang ani na nakukuha ng mga mamamayan, hindi maikakaila ang kanilang pagiging masipag. Isang katangiang makikita at pinapahalagahan sa Padaraw Festival ang masikap na pagsisikap ng mga tao sa kanilang mga kabuhayan.

“An mga padaraw festival simbolo ini
san pagiging mahigos san mga tawo.”

Salin: (Ang mga padaraw festival ay simbolo ng pagiging masipag ng mga tao. – Kalahok 3

Ipinapakita ng Padaraw Festival ang determinasyon at kasipagan ng mga mamamayan ng Bulan, na sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, ay patuloy na nagtatrabaho nang may galak. Ayon sa kalahok, ang tagumpay ng bayan ay nakabatay sa sipag at dedikasyon ng bawat isa.

“Pagiging mahigos san mga taga-Bulan”

Salin: (Pagiging masipag ng mga taga-Bulan.) – Kalahok 17

Ang mga tao sa Bulan ay hindi gaanong dumaranas ng kahirapan dahil sa kanilang sipag at dedikasyon sa trabaho, mapa-karagatan man o pagsasaka. Ang sabayang paggawa nila ay sumasalamain sa kanilang pagnanais

na magtagumpay sa buhay. Ang mga basket sa likod nila ay simbolo ng pag-asa para sa masaganang ani na kanilang maipapamana sa kanilang pamilya.

“Inpopromote niya an Bulan sa paagi
sa kun pan-o an pagtrabaho.”

Salin: (Pinpromote niya ang Bulan sa pamamaraan kung paano nagtatrabaho. Nasiyang makikitaan ng pagiging masipag ng mga ito.) – Kalahok 19

Ang kasipagan ng mga taga-Bulan ay isang magandang halimbawa ng ugali na nagdadala ng tagumpay, hindi lamang sa kanila kundi pati na rin sa kanilang bayan. Ang kanilang pagtutulungan at masayang paggawa, kahit anuman ang hamon sa buhay, ay nagpapakita ng dedikasyon at determinasyon upang magpatuloy. Ang Padaraw Festival ay isang simbolo ng kanilang sipag at pagkakaisa, na nagbibigay-pugay sa kanilang masigasig na pagsusumikap. Sa pamamagitan ng kanilang kasipagan, natamo nila ang mga biyaya mula sa kalikasan, at nagsisilbing inspirasyon ito sa iba na magpatuloy sa pagtatrabaho at magtagumpay.

Ang mga taga-Bulan ay kilala sa kanilang masipag na kalikasan, na nagbibigay daan sa masaganang ani. Ang kanilang kasipagan ay nasusuklian sa pamamagitan ng yaman mula sa kalikasan, na nagpapatibay sa kanilang tagumpay at kasaganaan. Ang kasipagan ay hindi lamang nangangailangan ng lakas kundi pati na rin ng pasensya, na siyang susi sa tagumpay at kaunlaran ng komunidad (Siddiqui, 2014; Chambers at Conway, 1991).

Pananampalataya. Ang mga festival ay bahagi ng kultura at pananampalataya ito ay mga pagkakataon kung saan nagtitipon ang mga tao upang ipagdiwang ang mga relihiyosong okasyon at magpasalamat sa mga biyayang kanilang na tamo. Ang padaraw festival ay mula sa masaganang ani na biyaya mula sa kalikasan.

“Indak nyan sayaw an pagpupuri nyan galak
sa maalwa na pagbuhay san mga tawo nyan
pagkatapos san saro kataon na naging
matuninong nyan Sagana sa pagkaon nyan
grasya.”

Salin: (Indak at sayaw ang pagpupuri at galak sa masaganang pamumuhay ng mga tao at paglipas ng isang taon na naging payapa at sagana sa pagkain at biayaya.) – Kalahok 8

Ayon sa kalahok, ang Padaraw Festival ay isang kaganapan na puno ng kagalakan at pagpapasalamat. Ito ay isang sandali na hinihintay ng lahat, kung saan nararamdaman nila ang pagmamahal at pagkalinga ng Diyos sa buong taon. Ang galak na hatid ng pagdiriwang ay sumasalamin sa patuloy na pag-iingat ng Diyos sa sangkatauhan at sa buong bayan ng Bulan. Ang kasuotan at ang maamong mukha ng mga kalahok habang nagsasayaw ay simbolo ng pag-ibig at taos-pusong pasasalamat sa Panginoon, na nagbibigay-pugay sa Kanyang awa at habag na nagdala sa kanila sa tagumpay at kaligtasan.

“An pagsasampalataya sa Diyos sa paghatag
sin mayad nyan masaganana buhay sa bungto
san Bulan.”

Salin: (Ang pananampalataya sa Maykapal sa pagbibigay ng maayos at masaganang buhay sa bayan ng Bulan.) – Kalahok 13

Ang bayan ng Bulan ay may matibay na pananampalataya sa Diyos, kaya't napakabagsik ng kanilang katatagan sa kabila ng mga pagsubok at hamon. Ang kanilang sayaw ay sumasalamin sa kanilang di-pagpapatalo at patuloy na pagsusumikap upang mapabuti ang kanilang buhay. Sa bawat galaw at indak, ipinapakita nila ang pagpaparangal at pag-asa, na may malalim na pasasalamat sa Diyos bilang kanilang gabay at tulong sa pag-abot ng masagana at payapang pamumuhay.

“An paniniwala nyan pagsarig sa Diyos
san mga tawo sa Bulan sa masagana na

pagbuhay.”

Salin: (Ang paniniwala at pagnanalig sa Diyos ng mga tao sa Bulan sa masaganang pamumuhay.) – Kalahok 21

Naniniwala ang mga mamamayan ng Bulan na ang kanilang lakas at kasaganaan ay mula sa matibay na pananampalataya sa Diyos. Ayon sa mga kalahok, ang lahat ng biyayang natatanggap nila ay mga regalong handog mula sa Diyos araw-araw. Ipinapakita ng sayaw, kung saan nakataas ang mga kamay, ang kanilang pagpapahayag ng pasasalamat at pananampalataya, na nagpapakita ng tatag ng kanilang paniniwala at ang dahilan ng kanilang kasaganaan.

Sa mga festival at ritwal tulad ng sayawan, ipinagdiriwang nila ang mga biyayang natamo sa buong taon. Ipinapakita ng mga kalahok ang kanilang malalim na relasyon sa Diyos at ang pagpapahalaga sa bawat biyayang dumarating sa kanilang buhay. Ayon kina Coldovero at Aguila (2020), ang mga festival sa Pilipinas ay isang pagdiriwang ng kultura at relihiyon, na nagsisilbing pagpapahayag ng pasasalamat at pagkakaisa. Ang mga simbolo at ritwal ay nagbibigay ng kahulugan at halaga sa komunidad, pati na rin sa kanilang pananampalataya, at nagsisilbing paalala ng mga tradisyon at pagpapahalaga na ipinasa mula sa nakaraan.

Pagkakaisa. Ang padaraw festival ay simbolo ng pagkakaisa, kung saan nagtitipon ang mga tao upang magdiwang at magsalu-salo. Sa pamamagitan ng mga sayaw, ritwal, at iba pang gawain, pinapakita nila ang pagtutulungan at pagmamahalan, na nagpapalakas ng samahan at ugnayan sa komunidad.

“An padaraw festival ini an unity o
pagkasararo san mga tawo na pareho
man san mga isda sa dagat na kun
sira nadaraw o ururupod, malaksi
para sa paralawod an tagumpay sa
lawod.”

Salin: (Ang padaraw fesitival ay unity o pagkakaisa ng mga tao na katulad din ng mga isda sa dagat kapag sila ay daraw o sama-sama, mabilis para sa mangingisda ang tagumapay sa laot.) – Kalahok 2

Malaki ang papel ng pagkakaisa at pagtutulungan sa tagumpay ng Padaraw Festival sa Bulan. Ayon sa kalahok, nagiging posible ang lahat ng bagay kapag sama-sama at nagtutulungan, kaya’t mabilis ang pag-unlad. Sinasalamín nito na kahit mahirap at minsan imposibleng mangyari ang isang bagay, kapag nagtutulungan at may malasakit, naaabot at natatapos ito ng may galak.

Makikita sa kanilang sayaw ang simbolo ng karagatan at kabundukan, na nagbibigay ng masaganang biyaya sa tao. Ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng pagkakaisa upang ang mga biyayang ito ay magtulungan sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga Bulaneño.

“Maiimod sa mga sayaw nyan hiwag an
simbolo san pagkasararo pareho san
mga isda nyan mga tawo na naghahatag
sin kasaganaan sa bungto san Bulan.”

Salin: (Makikita sa mga sayaw at galaw ang simbolo ng pagkakaisa tulad ng mga isda at mga taong nagbibigay ng kasaganaan sa bayan ng bulan.) – Kalahok 4

Ayon pa sa kalahok, ang mga galaw at indayog ng mga mananayaw sa Padaraw Festival ay sumasalamín sa mga ginagawa ng mga taga-Bulan. Ipinapakita nito kung bakit napakasagana ng bayan sa isda at likas na yaman. Ang bawat kilos ng mananayaw ay nagsasaad ng pagkakaisa at pagpapahalaga sa pagtutulungan, isang ugali ng mga Bulaneño. Sinasalamín nito na ang anumang hangarin ay nangangailangan ng matibay na pagkakaisa upang makamit. Makikita sa sayaw ang pagkakaunawaan ng bawat isa, na nagpapakita ng patuloy na pagtutulungan

mula simula hanggang matapos ang gawain.

“Pagkasararo pareho san paglawod maski
na may banta hali sa kalikasan.”

Salin: (Pagkakaisa tulad ng pangingisda kahit na may hamon mula sa kalikasan.) – kalahok 15

Sa kabila ng mga kalamidad na dumaan sa mga mamamayan ng Bulan, lalo na sa laot, nananatili ang kanilang matibay na pananalig na malalampasan ang lahat ng pagsubok. Sa mga oras ng matinding kagipitan, nagkakaisa ang mga Bulaneño upang magtulungan at magmalasakit nang walang hinihinging kapalit. Sinasalamin nito ang ugali ng mga tao sa Bulan, na sa kabila ng mga hamon at kalamidad, ay nananatili ang kanilang pagtutulungan at pagkakaisa. Ang isdang huling isda sa larawan ay isang simbolo ng positibong pag-asa na ipinakikita sa sayaw ng mga Bulaneño.

Ayon sa kalahok, ang galaw at indayog sa sayaw ay nagpapakita ng kaugalian at hanapbuhay ng mga tao sa Bulan, pati na rin ang kasaganaan mula sa pangingisda. Ang "daraw" ay simbolo ng pagkakaisa, tulad ng mga isda na sabay-sabay dumadapo sa dagat, na nagpapakita ng pagtutulungan ng komunidad. Ang Padaraw Festival ay isang simbolo ng pagkakaisa ng mga tao sa Bulan, na nagpapakita ng sama-samang pagsisikap, pagkakaisa, at pagmamahalan, kahit na sa harap ng mga hamon mula sa kalikasan.

Ang festival ay nagsimula mula sa kooperasyon ng pamahalaang bayan at mga barangay, na naglunsad ng isang pagdiriwang upang itanghal ang kultura at kasaysayan ng bayan. Ipinapakita ng festival na ang pagkakaisa ay hindi lamang nagdudulot ng kasiyahan kundi nagpapalakas din sa komunidad upang harapin ang mga hamon at makamit ang tagumpay. Sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga tradisyon at hanapbuhay, ang komunidad ay patuloy na nagiging matibay at nagiging inspirasyon para sa mga susunod na henerasyon.

Ang mga ganitong uri ng pagdiriwang ay hindi lamang nagsisilbing simbolo ng kasaganaan kundi ng pag-unlad at pagtutulungan sa komunidad. Nagbibigay ang mga festival ng pagkakataon para sa ritwal na pagdiriwang ng pagkakaisa at ng pamana na ibinabahagi ng lahat ng miyembro ng komunidad. Ang Padaraw Festival ay isang simbolo ng pagkakaisa, na nagbubuklod sa mga tao upang ipagdiwang ang kanilang mga tradisyon at kasaysayan (Esman, 1982).

Hanapbuhay. Ang festival ay isang simbolo ng hanapbuhay dahil ito ay nagdiriwang ng mga lokal na industriya at tradisyon na sumasalamin sa kabuhayan ng komunidad. Ito ay isang pagkakataon upang itampok ang mga produkto at likha ng mga mamamayan sa bayan ng Bulan. Sa pamamagitan ng mga ganitong pagdiriwang, nabibigyan ng halaga ang mga hanapbuhay at ang kanilang kontribusyon sa kultura at ekonomiya ng lugar. Ang mga festival din ay nagiging tulay para sa mga bagong oportunidad at pagpapalago ng Negosyo.

“Sa pagselebrar san padaraw festival, an
mga kagamitan na ingagaramit didi pareho
san bangka, pangke, bugsay, banwit, bubu,
pana, sirip, nyan mga sul-ot nagsisimbolo
sin saro na paralawod nyan nigo, lusong, bayo,
sundang, o pagtatanom o pagbanti nagsisimbolo
man sa mga paratanom. Didi maiimudan an mga
hanapbuhay sa bungto san Bulan.”

*Salin: (Sa pagdiriwang ng padaraw festival, bawat mgakagamitan na ginagamit dito katulad ng
bangka, lambat, sagwan, bingwit, bubu, pana, sirip, at mga kasuotan ay sumisimbolo ng isang
mangingisda at bilao, lusong, bayo, itak, o pagtatanim o sakahan ay sumisimbolo din sa mga
magsasaka. Ito ay makikitaan ng mga hanapbuhay sa bayan ng Bulan.) – Kalahok 2*

Ayon sa kalahok, ang mga kagamitan sa Padaraw ay may partikular na layunin at kahulugan. Ang mga mangingisda at magsasaka ay may mga espesyal na gamit na alam nilang gamitin, at isinasagawa nila ang kanilang gawain sa pamamagitan ng galaw ng katawan na tumutugma sa ritmo ng musika. Ang *bubu*, halimbawa,

ay isang kagamitan sa pangingisda at sumisimbolo ng kagalakan sa matagumpay na paghuli ng isda. Ipinapakita ng sayaw ang kahalagahan ng mga kagamitan sa buhay ng mga Bulaneño, pati na rin ang kasiyahan at tagumpay sa kanilang mga gawain.

“Ini an mga bagay na may kinalaman sa
kultura nyan pagbuhay san mga tawo sa
Bulan.”

*Salin: (Ito ang mga bagay na may kinalaman sa kultura at hanapbuhay ng mga tao sa Bulan.) –
Kalahok 9*

Ayon sa kalahok, ang Padaraw Festival ay nagpapakita ng kultura at hanapbuhay ng mga taga-Bulan, partikular ang mga mangingisda at magsasaka. Ang kalahok na may hawak na sagwan ay ipinagamalaki ang kaniyang hanapbuhay, na sumisimbolo ng kasipagan at dedikasyon sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay.

“Kun naabot an padaraw festival maiimod
didi an mga bangka nyan pangdakop san
isda nyan mga ingagaramit sa pagtanom.”

*Salin: (Tuwing padaraw festival makikita ang mga bangka at panghuli ng isda at mga
kagamitang pangsaka.) – Kalahok 11*

Ayon sa kalahok, ang Padaraw Festival ay isang malaking pagdiriwang na lubos na pinaghahandaang mabuti, kung saan makikita ang iba’t ibang kagamitan panghuli ng isda at pangsakahan. Ang mga kagamitang ito ay hindi lamang praktikal, kundi pinalamutian upang maging kapansin-pansin sa mga manonood. Sinasalamain ng mga kagamitan ang pagkakakilanlan ng mga mangingisda at magsasaka, na ipinapakita sa sayaw ang tamang paggamit ng mga ito sa panghuhuli at pag-aani.

“Maiimod didi an pinakahanapbuhay
San mga taga-Bulan”.

Salin: (Makikita rito ang pinakahanapbuhay ng mga taga Bulan.) – kalahok 14

Ayon sa kalahok, ang Padaraw Festival ay layuning itampok ang hanapbuhay sa Bulan. Masigla at seryosong pinaghahandaan ito upang magbigay kasiyahan sa mga manonood. Sinasalamain nito ang makukulay na presentasyon mula sa kasuotan, galaw, ekspresyon ng mukha, at indak, na nagpapakita ng masaya at payapang pagtatrabaho. Ang sayaw ay simbolo ng marangal at masayang pamumuhay, na nagdadala ng kasiyahan at pag-asa sa bawat isa.

“Simbolo talaga san padaraw an paray
nyan isda na an pinaka pokus na
madebelop sa mga Kabataan.”

*Salin: (Simbolo talaga ng padaraw ang palay at isda na pinaka pokus na madebelop sa mga
Kabataan.) – Kalahok 18*

Ayon sa kalahok, ang Padaraw Festival ay isang pagdiriwang na naglalayong magbigay inspirasyon sa mga kabataan at ipasa sa kanila ang pagpapahalaga sa mga tradisyong at hanapbuhay ng mga Bulaneño, upang magtagumpay sa buhay. Ang dagat at kabundukan ay parehong nagbibigay ng biyaya na kailangang ingatan para sa mga susunod na henerasyon. Sinasalamain ito ng mga mananayaw na may bitbit na isda, na sumisimbolo sa kasaganaan na hindi dapat sayangin, kundi dapat ipagpatuloy at pakinabangan pa ng mga susunod na panahon.

Ang festival ay hindi lamang isang selebrasyon ng kultura, kundi isang paraan upang itaguyod ang mga hanapbuhay tulad ng pangingisda at pagsasaka. Ayon sa Municipal Ordinance No. 2, s. 2015, layunin ng Padaraw Festival na palakasin ang mga industriya ng aquatic resources at agriculture. Mahalaga ito upang turuan ang mga kabataan at pasiglahin ang lokal na ekonomiya, habang ipinapakita ang kahalagahan ng mga industriya

sa bayan. Ayon kay Lombardo (2013), ang mga ganitong festival ay nagpapalaganap ng kultura at nagtataguyod ng ekonomiya at mga lokal na hanapbuhay.

3.3 Impluwensiya ng Padaraw Festival sa Turismo at Ekonomiya

Ang mga pagdiriwang na ito ay nagpapakita ng natatanging katangian ng bawat rehiyon. Bukod dito, nagdudulot ang mga ito ng makabuluhang benepisyo sa lokal na ekonomiya. Nagkakaroon ng positibong epekto ang mga festival sa mga lokal na produkto, serbisyo, at tirahan, na nakakatulong sa paglago ng mga negosyo at nagbubukas ng mga pagkakataon para sa mga mamamayan.

A. Turismo

Sa pamamagitan ng interbyu ay nakakuha ng mga mahahalagang datos at ang mga sumusunod ay siyang naging resulta. Ito ay ang mga sumusunod pagdagsa ng Turista at nakilala ang kultura ng Bulan.

Ipinapakita rin ng mga tema na kung paano nakakaimpluwensiya ang mga turista sa larangan ng hanapbuhay at sa kulturang mayroon ang bayan. Ito ay naging susi upang upang mas lalo pang maging tanyag at makilala ang kulturang mayroon ang Bulan sa pamamagitan ng padaraw festival.

Pagdagsa ng turista. Ang pagdagsa ng mga turista sa bayan ay nagdudulot ng maraming benepisyo. Kabilang sa mga benepisyong ito ang pag-unlad ng lokal na ekonomiya, paglikha ng mga trabaho, at pagpapalawak ng kultura at tradisyon.

“Impluwensiya o ambag san padaraw festival
sa turismo kuan nagdagsa an mga turista
na gusto matunghayan nyan maimod an
padaraw festival na inpapagmalaki san mga
taga-Bulan.”

*Salin: (Impluwensiya o ambag ng padaraw festival sa turismo ay dumagsa ang mga turistang
nais matunghayan at masaksihan ang padaraw festival na ipinagmamalaki ng mga taga-Bulan.)
Kalahok 1*

Ayon sa kalahok, hindi maikakaila na ang Padaraw Festival ay nakatulong sa pagpapataas ng bilang ng mga turistang bumibisita sa bayan ng Bulan. Ang mga kaganapan sa festival ay nagiging isang malaking atraksyon, kaya't dumarami ang mga bisita tuwing buwan ng Mayo, kung kailan isinasagawa ang pagdiriwang. Napatunayan ito ng mga datos mula sa mga hotel at bahay-panuluyan sa bayan, na nagpapakita ng pagdagsa ng mga bisita sa tuwing ang festival ay ipinagdiriwang. “Ini an rason kaya daghanon an turista an

nagdadarayo nyan nagbabalik balik na
dahilan man san malaksi na pag asenso san
ekonomiya sa bungto san Bulan.”

*Salin: (Ito ang dahilan kaya napakaraming turista ang dumarayo at bumabalik balik na dahilan
din sa mabilis na pag-angat ng ekonomiya sa bayan ng Bulan)Kalahok 2*

Dati, hindi masyadong kilala ang bayan ng Bulan, ngunit dahil sa Padaraw Festival, unti-unti itong nakilala at naging isang tanyag na destinasyon. Malaki ang naitulong nito sa larangan ng ekonomiya dahil nagdudulot ng kita at nag-eengganyo sa mga turistang bumalik. Ang mga paliguan at mga pasyalan sa bayan ay nakikilala rin, at ito ang madalas hanapin ng mga bisita, lalo na tuwing buwan ng Mayo, kung kailan ipinagdiriwang ang Padaraw Festival.

Noong 2023, naitala ang bilang ng mga turistang dumayo sa bayan, umabot ito sa 536, kasama na ang mga bisitang mula sa Canada at United Kingdom. Marami sa kanila ang bumisita sa mga sikat na resort tulad ng Barrio Paraiso Beach Resort, Baybay Beach Resort, at Otavi Beach Resort.

“Naging paagi tabi an padaraw festival para mas lalo na makilala an hanapbuhay san mga taga-Bulan. Nagdagsa man an mga dayo nyan turista sa bungto dahil sa gusto man nira na makiselebrar nyan maimod an pagparada san makukulor na costume san mga nagsa-sarayaw sa tinampo.”

Salin: (Naging tulay po ang padaraw festival upang lubos na makilala ang hanapbuhay ng mga taga-Bulan. Dumagsa rin ang mga dayo at turista sa bayan dahil gusto rin nilang makipagdiwang at masilayan o makita ang pagpaparada ng makukulay na kasuotan ng mga sumasayaw sa kalsada.) Kalahok 3

Ang dahilan ng patuloy na interes ng mga turista na bumalik-balik sa Bulan ay dahil sa pagiging "unique" ng Padaraw Festival na tanging sa Bulan lamang matutunghayan. Marami sa mga bisita ang nais maranasan ang kasiyahan at galak na dulot ng festival.

Sa pamamagitan ng Padaraw Festival, hindi lamang ang kultura ng bayan ang naipapakilala, kundi pati na rin ang mga hanapbuhay ng mga Bulaneño. Isa na rito ang mga ipinagmamalaking produkto na galing at gawa mismo sa bayan ng Bulan, na siyang patuloy na nagiging atraksyon para sa mga turista.

“Nagdaghanon an turismo”

Salin: (Dumami ang turismo.) Kalahok 5

Walang duda na malaking bahagi ng turismo ng Bulan ang Padaraw Festival, na umaakit ng mga turista na may kanya-kayang layunin, isa na rito ang nais nilang makilala ang makulay na pagdiriwang ng bayan. Ang Padaraw Festival ay may malalim na impluwensya sa pagdagsa ng mga turista, na hindi lamang nagpapakita ng kasikatan ng festival kundi pati na rin ng pagmamalaki ng mga taga-Bulan. Ang event na ito ay nag-aambag sa pag-angat ng ekonomiya ng bayan, nagiging pagkakataon upang ipakita ang mga lokal na produkto at hanapbuhay, at nagiging dahilan para bumalik ang mga bisita.

Ang Padaraw Festival ay may malaki ring epekto sa pagtaas ng kita para sa mga lokal na negosyo at nagbubukas ng mga trabaho. Isang plataporma ito na nagpapakita ng kultura ng Bulan, nagpapalakas ng pagkakaisa sa komunidad, at nag-uudyok sa pagpapabuti ng imprastruktura. Sa kabuuan, ang festival ay nagpapalakas ng turismo at nagpapayaman sa kultura at tradisyon ng Bulan.

Ayon kay Akhundova (2024), ang mga festival ay naging pangunahing bahagi ng event tourism, umaakit ng maraming turista at nakakaapekto sa mga lokal na ekonomiya. Sa pagtaas ng globalisasyon at pagiging mas accessible ng paglalakbay, ang mga festival ay nagiging atraksyon para sa mga taong naghahanap ng bagong karanasan sa kultura at libangan.

Nakilala ang kultura ng Bulan. Ang mga bumibisitang turista ay nagkakaroon ng pagkakataon na makilala at pahalagahan ang lokal na kultura, lalo na sa Bulan. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal at paglahok sa mga pagdiriwang, mas lumalawak ang kanilang pag-unawa sa mga tradisyon at kaugalian ng lugar. Ang mga interaksyong ito ay nagiging daan para sa makabuluhang koneksyon, na nagpapasa ng mga kwento at halaga ng komunidad. Sa ganitong paraan, naranasan ng mga turista ang tunay na buhay at tradisyon ng mga taga-Bulan, na nag-iiwan ng mga hindi malilimutang alaala.

“Saro na dako na orgolyo sa amo bilang mga residente san Bulan an makilala an amo ipinagmamalaki na padaraw san Bulan. Nyan saro sa pambihira na pagkakataon na kasabay san pagselebrar nyan pagpapakilala sini san daghanon na na tawo nap ag-angat man san turismo.

Salin: (Isang malaking karangalan sa amin bilang mga mamamayan ng Bulan ang makilala ang aming ipinagmamalaking padaraw ng Bulan. At isang pambihirang pagkakataon na kasabay ng pagdiriwang at pagkakakilala nito ng napakarami nang tao ay ang pag angat din ng turismo.) – Kalahok 4

Ayon sa naging tugon ng kalahok ay hindi maikakaila ang kasiyahang hatid nga makita mismo ang pagtangkilik ng ganitong okasyong padaraw festival sapagkat nakakataba ito ng puso. Nakapagbibigay ito ng ibayong tuwa na mayroon isang bagay na maipagmamalaki sa iba tulad ng mga kakanin gawang Bulaneño lalo na sa mga turistang bumibisita. Pambihirang karanasan na maaaring maiparanas sa mga dayuhan ang mga pagkaing mayroon ang bayan ng Bulan.

“An naging dako dako na ambag san padaraw
festival na makilala an bungto san mga
turista bilang sentro sa larangan san
pangingisda nyan diri lang pangingisda,
kundi kaupod na man an pagsasaka.”

Salin: (Ang naging malaking ambag ng padaraw festival ay ang makilala ang bayan ng mga turista bilang sentro sa larangan ng pangingisda at hindi lang sa pangingisda, kundi kasama na rin ang pagsasaka.) – Kalahok 10

Maraming benipisyong hatid ang pandarayuhan ng mga turista sa bayan ng Bulan sapagkat ayon sa kalahok hindi lang basta pamamasyal ang ginagawa nila rito kundi ang matikman ang mga produktong galing sa karagatan at mga pagkaing galing sa pagsasaka. Hindi kumpleto ang kanilang pamamalagi dito sa bayan kung hindi rin nila mararanasan ang mga bagay na bago sa kanila.

“Bulan pinaghalian san padaraw kaya saro yon sa
maipagmamalaki nyan dahil sini, naipaimod an
kultura diri lang nag-iikot didi sa munisipalidad
kundi an kultura na may-on an Bulan na wara an iba
dahil did isa padaraw festival.”

Salin: (Bulan ay tahanan ng padaraw kaya isa yon sa maipagmamalaki ano at dahil dito, naipapakita yong kultura hindi lamang umiikot dito sa munisipalidad kundi Ang kulturang mayroon ang Bulan na wala ang iba dahil dito sa padaraw festival.)- Kalahok 12

Ang padaraw festival ng Bulan ay hindi lang naghahatid ng makukulay na palabas sa parada bagkos ipinakikilala rin nito ang mga Gawain at tradisyon lalong lalo na sa larangan ng pangingisda at pagsasaka. Patuloy nitong inihahatid sa mga bisita ang isang espesyal na pagkakataon na matunghayan at makilala ang isang kulturang tanging dito lang nila makikita at mararanasan.

Sa pamilihan ng bayan ng Bulan particular sa palengke ay maari at pweding bumili ng mga nakatumpok lang na isda at iba pang produkto na galing sa karagatan at hindi na ikinikilo isa ito sa kulturang taglay parin ng mga Bulaneño mula noon magpahanggang sa ngayon.

“Nakilala an Bulan sa paagi san padaraw
festival. Nakilala an Bulan.”

Salin: (Nakilala an Bulan sa pamamagitan ng padaraw Festival. Nakilala ang Bulan).– Kalahok 19

Ang Padaraw Festival ay nakatulong sa pagpapakilala at pagpapasikat ng bayan ng Bulan, na nagdulot ng pag-unlad at pagmamahal mula sa mga dayuhan. Ang festival ay isang plataporma upang ipakita ang natatanging kultura ng Bulan, partikular ang pangingisda at pagsasaka, na nagdaragdag sa reputasyon ng bayan. Hindi lamang ito isang selebrasyon ng kasiyahan, kundi pati na rin ng kasaysayan at kultura ng Bulan. Ang festival ay nagbibigay sa lokal na komunidad ng pagkakataon na magbahagi ng kanilang kultura at tradisyon, pati na rin sa

mga turista na makita ang kanilang natatanging paraan ng pagdiriwang (Magpantay et al., 2014; Buted et al., 2014).

B. Ekonomiya

Ang pagdagsa ng mga turista ay may malaking epekto sa ekonomiya ng Bulan, lalo na sa paglikha ng mga bagong trabaho at oportunidad para sa mga lokal na negosyo. Dahil dito, dumarami ang mga negosyo at nagtitinda, nakikilala ang mga produkto ng bayan, at napapangalagaan ang karagatan at agrikultura. Ang mga ito ay malinaw na patunay ng patuloy na pag-unlad at pag-angat ng bayan ng Bulan.

Dumami ang negosyo at nagtitinda. Ang pagdagsa ng mga turista ay nagbigay ng oportunidad para sa mga negosyo. Dumami ang mga lokal na kainan, tindahan ng souvenir, at negosyo na nag-aalok ng guided tours. Dumarami rin ang mga hotel at guesthouses para sa mga bisita, pati na ang mga food stalls na nag-aalok ng street food at lokal na delicacies.

“Nagkamay-on man sin daghan nabenta an
mga saragday nyan daragkona tindahan
dahil sa daghan na tawo na nagbibiri
sita sa inhihirimo na pagselebrar.
Naging mabenta man an mga nagtitinda
sin pagkaon nyan mga restawrat.”

Salin: (Nagkaroon din ng maraming benta ang mga maliliit at malalaking tindahan sanhi ng maraming tao ang bumibisita sa isinasagawang pagdiriwang. naging mabenta rin ang mga nagtitinda ng pagkain at mga restawrant.) – Kalahok 1

Ang pagtaas ng kita sa Bulan ay nagdudulot ng masaganang pamumuhay at ginhawa para sa mga maliliit at malalaking tindera, lalo na sa panahon ng Padaraw Festival. Ayon sa mga kalahok, maraming pamilihan at lokal na pagkain ang iniaalok, kaya't mabilis pumasok ang pera sa bayan. Dito matatagpuan ang mga sikat na restawran na nag-aalok ng masasarap at murang pagkaing mula sa lokal na produkto ng Bulan, tulad ng mga isda at iba pa.

“Daghanon an mga tiyangge nyan bakalan an
mabenta sa kanira Negosyo kay siyempre
daghan an tawo. Nyan an bagay na ini dako
na danon sa ekonomiya san Bulan kun naabot
an adlaw san padaraw festival kun naabot
an mayo.”

Salin: (Marami ring mga tiyangge at pamilihan ang mabenta sa kanilang Negosyo dahil siyempre maraming tao. At ang bagay na ito ay malaking tulong sa ekonomiya ng bulan kapag sumasapit ang araw ng padaraw festival tuwing mayo. Kalahok 3

Ang mga produkto ay iniaalok rin sa mga mamimili lalong lalo na sa mga turista na isang dako ang ginagawang mga tindahan ng bawat nagtitinda upang duon ang pinakamabilis na direksiyon na puntahan at bisitahin ng mga bibili. Ang mga paninda ay inuuri-uri at sapagkat sagan ang Bulan sa mga produkto ito ay mabibili lamang sa abot kayang presyo.

“Sa paagi sini, naaakit man an daghanon na
tawo lalo na an mga negosyante na mamuhunan
nyan magtindog san mga daragko na tindahan
nyan hotel didi kay para diri sira mapagal
lalo na intatangkilik san tawo an kanira
serbisyo na mao an nakaambag sa ekonomiya
san Bulan.”

Salin: (Sa pamamagitan nito, nahikayat din ang maraming tao lalong lalo na ang mga

negosyante na mamuhunan at magtatag ng mga malalaking tindahan at hotel dito dahil sa di sila mahihirapang lalong lalo na tinatangkilik ng tao ang kanilang serbisyo na siyang nakakaambag sa ekonomiya ng Bulan.) Kalahok 8

Kapag ang isang lugar ay kilala at dinarayo, hindi natatakot ang mga negosyante na mamuhunan at magtayo ng kanilang negosyo, tulad ng sa bayan ng Bulan. Marami nang matagumpay na negosyante ang umuunlad dahil maraming tao ang tumatangkilik at nagtiwala sa kanilang mga produkto at serbisyo. Ang mga malalaking bahay panuluyan ay nagbibigay ng magagandang serbisyo sa mga lokal at dayuhang bisita, na patunay ng pag-unlad ng bayan. Ang dumaraming hotel at bahay panuluyan ay indikasyon na maraming bisita ang dumadayo at tumutuloy sa mga ito, kung saan mas marami ang galing sa ibang lugar. Ang mga sikat na gusali na ito ay kabilang sa mga nangungunang bahay panuluyan sa Bulan.

“Saro pa pag-abot sa ekonomiya pareho san sinabe ko sa kanira, daghanonan turista, daghanon an investors, nyan daghanon an mabibintahan na mga tindahan dahil sa turista, aram mo an kita is madadagdagan nyan malay nato kun daghan an investors na naakit sa Bulan dahil sa padaraw, kuan makakahimo sira sin daghanon na trabaho para sa oportunidad na maiimod an paglago san ekonomiya. Pero maunlad naman talaga an ekonomiya nato pag-abot sa turismo. Madadagdagan lang talaga.”

Salin: (Isa pa pagdating sa ekonomiya tulad ng sinabi ko kanina, maraming turista, maraming investors, at maraming mabebentahan na mga tindahan dahil sa turista, alam mo ang kita ay madadagdagan at malay mo kung maraming investors na naakit sa Bulan dahil sa padaraw, ay makakagawa sila ng maraming trabahong bilang oportunidad na masasalamain ang paglago ng ekonomiya. Pero maunlad naman talaga ang ekonomiya natin pagdating sa turismo. Madadagdagan lang talaga.) Kalahok 23

Ayon sa tugon ng kalahok, ang Padaraw Festival ay may malaking kontribusyon sa patuloy na pag-unlad ng ekonomiya ng Bulan. Pinapalakas nito ang lokal na negosyo at ang mga maliliit at malalaking tindahan ay nakikinabang mula sa pagdagsa ng mga turista tuwing festival. Sa bawat taon, mas maraming negosyo ang tumutugon sa pangangailangan ng mga mamimili, kaya’t hindi na kailangang pumunta sa ibang lugar ang mga tao upang makahanap ng mga produkto at serbisyo.

Ang Padaraw Festival ay nagbibigay ng malaking epekto sa ekonomiya ng Bulan, lalo na tuwing buwan ng Mayo. Ang pagdagsa ng mga turista ay nagdudulot ng pagtaas ng benta sa mga tindahan, restawran, at tiyangge, na nagpapa-boost sa lokal na ekonomiya. Kasama rin sa benepisyo nito ang pag-akit ng mga mamumuhunan na magtayo ng mas malalaking negosyo, nagiging sanhi ng pagbubukas ng mga bagong oportunidad sa trabaho para sa mga lokal.

Sa kabuuan, ang festival ay isang mahalagang bahagi ng pag-unlad ng ekonomiya at pagpapalakas ng komunidad. Kinakailangan ang patuloy na suporta upang mapanatili ang positibong epekto nito. Ayon kay Nyandoro (2024), tulad ng mga festival sa Zimbabwe, ang mga kaganapang ito ay nagpapasigla sa lokal na ekonomiya, lumilikha ng mga oportunidad sa trabaho, at nagtataguyod ng lokal na pamana at atraksiyon para sa mga mamumuhunan.

Nakilala ang iba’t ibang produkto. Ang pagpapakilala at pagpapahalaga sa mga lokal na produkto ay may malaking epekto hindi lamang sa mga negosyante kundi pati na rin sa kultura at ekonomiya ng Bulan. Ang pagproseso ng sardinas, halimbawa, ay nagbubukas ng maraming oportunidad sa trabaho at tumutulong sa pag-suporta sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga pamilya. Ang mga maliliit at malalaking tindahan ay

nakikinabang sa lokal na merkado, na nagbibigay daan sa pagpapalago ng negosyo at ekonomiya.

Sa patuloy na pagtangkilik sa sariling produkto, naipapakita ng mga taga-Bulan ang kanilang pagmamahal at suporta sa isa't isa. Dahil dito, mas nakikilala ang bayan sa larangan ng ekonomiya, lalo na sa industriya ng pangangisda at iba pang lokal na negosyo. Ang mga produkto mula sa dagat, mga tradisyunal na handicraft, specialty na pagkain at inumin, pati na rin ang mga gawaing sining, musika, at mga libro na may kultural na halaga, ay nagpapataas ng demand at interes mula sa mga turista. Ang mga ito ay nagiging dahilan ng pag-usbong ng mga lokal na negosyo at ng pagpapalawak ng kanilang mga oportunidad sa merkado.

“Mas dumaghan an mga produktong
naihahatod nyan naipapabakal
tapos nadadanunan man pati mga
saragday na mga residentesan
Bulan.”

Salin: (Mas dumarami ang mga produktong naihahatid at naibebenta at natutulungan rin pati mga maliliit na mga mamamayan ng Bulan.) Kalahok 4

Kung mayroon mang mas higit na natutulungan ng Malaki yon ay ang mga maliliit na mamamayang may kakayanang magtinda at may sariling produkto galing sa sarili nilang tanim o gawa ayon ito sa kalahok. Kapag sumasapit lalong lalo na ang pagdiriwang ng padraw festival ay isang dobleng selebrasyon ito para sa kanila sapagkat kumite na sila, natunghayan din nila ang saying hatid nito.

“Mao ini an rason kun nakay dako an
danon sin isa pagbuhay san kada saro
nyan sa ekonomiya nsan bungto. An
nano man an mga produkto namay-on an
mga nag-iiristar didi, nakaarambag
ini para sa pag-asenso san bungto.”

Salin: (Ito ang rason kung bakit may malaking tulong ito sa pamumuhay ng bawat isa at sa ekonomiya ng bayan. Ano man ang produktong mayroon ang mga naninirahan dito, nakakaambag ito para sa pag-unlad ng bayan.) Kalahok 10

Ang iba't ibang lokal na produkto ng Bulan, mula sa pagkain hanggang handicrafts, ay nagbibigay ng malaking kontribusyon sa pag-unlad ng bayan. Sa pagtangkilik sa mga produktong ito, natutugunan ang mga pangangailangan ng bawat pamilya at nakakatulong sa mabilis na bentahan sa merkado. Ayon sa kalahok, ang paglago ng bayan ay makikita sa pagpapaganda ng pisikal na kapaligiran nito.

Ang mga lokal na produkto ay hindi lamang tumutulong sa ekonomiya kundi nagpapalakas din ng pagkakakilanlan ng Bulan. Ang patuloy na pagdami ng mga produktong ito ay isang indikasyon ng lumalaking negosyo, na nagdudulot ng mas mataas na kita at mas maraming oportunidad sa trabaho. Ang pagtaas ng demand ay hindi lamang nakikinabang ang mga negosyante kundi nagpapalakas din sa lokal na kultura at komunidad, kaya't nagiging mas masigla at matatag ang bayan.

Naiingatan ang karagatan at agrikulturang kabuhayan. Ang turismo ay nagiging kasangkapan hindi lamang para sa pag-unlad ng ekonomiya kundi pati na rin sa pangangalaga ng mga yaman na mayroon ang isang lugar. Nariyan ang maraming programa at paraan upang ang mga ito ay matugunan katulad ng programa sa eco-tourism na nagtataguyod ng responsible at sustainable na pagbisita sa mga natural na yaman, na nag-uudyok sa mga lokal na komunidad na protektahan ang mga karagatan at lupain. Kadalasan rin ang mga turista ay nagdadala ng atensyon sa mga isyu tulad ng polusyon at overfishing, na nag-uudyok sa mga lokal na komunidad na magsagawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kanilang mga yaman. napapalakas din ang paggamit ng mga lokal na produkto sa pagsuporta sa organic farming, na nagpapalakas sa agrikultura. Hihit sa lahat, ang pakikilahok ng mga lokal na komunidad particular na ang bayan ng Bulan sa mga aktibidad ng turismo ay nag-uudyok sa kanila na ipagpatuloy ang mga tradisyunal na pagsasaka, pangangisda at pangangalaga ng

kalikasan.

“Inpatupad na talaga. Siyempre sa agrikultura mayparte man sira na pagdakop nyan pagbantaysan mga nagdidinamita. Maiimodniyo sa niyan na diyo diyo ay nalang an mga nagdi dinamita, nyan sa niyan diyo diyo nalang an mga nangyayari na may nagdi dinamita tapos dahil sa daghanon na kita sin mga sin mga bantay dagat sa kostal san mga barangay saros a mga impluwensiya san padaraw. Kun baga sadtona nagbabatog palang mapagalon ipaintindi pero talagang kun titiyagaan mo an mga tawo kay iniintra nato an barangay. Dati in kaklaster namo ini kaya halabaon nyan para in isa pagmuklat.”

Salin: (Ipinatutupad na ngayon ang pagtutok sa agrikultura at panghuhuli, pati na rin ang pagbabantay sa mga nagdidinamita. Dahil sa mga bantay-dagat sa mga barangay, kakaunti na lang ang mga nagdidinamita. Noong nagsimula, mahirap ipaintindi, ngunit sa pagtutok at pag-aalaga ng barangay, nagbunga ito ng magandang resulta.) Kalahok 17

Ayon sa kalahok, ang pangunahing layunin ng Padaraw Festival ay itaas ang kamalayan ng mga tao ukol sa pangangalaga ng kalikasan, lalo na ng mga yamang dagat. Tinututulan ang paggamit ng mga destructive na pamamaraan tulad ng dynamite fishing at hinihikayat ang natural na paraan ng pangangisda. Mahalaga ang pagpapalaganap ng tamang pangangalaga sa mga yaman ng dagat at kabundukan. Sa bayan ng Bulan, may mga nakatalagang bantay dagat upang masiguro na nasusunod ang mga patakaran at maiwasan ang pagsira sa kalikasan, partikular na ang mga gawain na nakakasama sa kalikasan at yamang dagat.

“An obheto suon na ibalik kuntaan orihinal san padaraw nyan iadapyon, eement an ordinansa san padaraw kay mao yon an makadagdag sa ekonomiya, sa pag ataman san ekonomiya nyan kapalibutan, nyan pag asenso san ekonomiya.”

Salin: (Ang layunin nyan na ibalik sana ang orihinal ng padaraw at iadap yon, eement an ordinansa ng padaraw dahil yon ang makadagdag sa ekonomiya, sa pag-alaga sa ekolohiya ng kapaligiran, at paglago ng ekonomiya.) Kalahok 22

Ang Padaraw Festival ng Bulan ay patuloy na umuunlad sa pagpapaganda ng mga sayaw, kasuotan, at kagamitan, ngunit nananatili ang orihinalidad nito bilang bahagi ng tatak ng Bulan. Ang bayan ay naging sentro ng industriya ng isda, na may "Regional Fishport." Ang mga hakbang ng komunidad ay nagpapakita ng pagtutulungan upang mapanatili ang likas na yaman at itaguyod ang kultura. Ang festival ay nagsusulong ng responsableng pangangalaga sa kalikasan at pagpapalakas ng komunidad. Ayon sa Municipal Ordinance No. 2, s. 2015, layunin ng festival na palakasin ang mga industriya ng aquatic resources at agrikultura, at isulong ang sustainable development at proteksyon ng kapaligiran.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang Padaraw Festival ay may malaking papel sa kultura ng Bulan, na nagpapakita ng makulay na kasaysayan at tradisyon ng komunidad. Nakita rin ang positibong epekto nito sa turismo at ekonomiya ng bayan, tulad ng pagdagsa ng turista at paglago ng mga negosyo. Ang festival ay hindi lamang isang selebrasyon, kundi isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng Bulaneno. Batay sa mga konklusyon, narito ang mga

rekomendasyon: Pagpapahalaga sa kasaysayan ng Padaraw Festival, pagpapalawak ng pagpapakilala nito sa iba't ibang aktibidad, pagsuporta sa lokal na negosyo at turismo, at patuloy na pagsusuri ng mga epekto nito. Dapat din itong ipalaganap sa mga pampublikong ahensya at magsagawa ng iba pang pag-aaral upang lalong mapalalim ang pag-unawa sa festival.

4 Talasanggunian

- Akhundova, A. (2024). Role of Festivals in Stimulating the Development of Event Tourism. *Theoretical And Practical Research In Economic Fields*, 15(2), 277-287. doi:10.14505/tpref.v15.2(30).11
- Atsuko, H., & Telfer, D. J. (2008). From sake to sea urchin: Food and drink festivals and regional identity in Japan. In *Food and wine festivals and events around the world* (pp. 249-278). Routledge.
- Business Mirror. (2021, June 16). Sustained efforts needed to manage sardine stocks in Bicol waters—group. Retrieved from Business Mirror: <https://businessmirror.com.ph/2021/06/16/sustained-efforts-needed-to-manage-sardine-stocks-in-bicol-waters-group/>
- Buted, D. R., Felicen, S. S., Bancoro, A. I. M. B., Maligaya, M. E. C., Rose, J., Panaligan, M. A. L. R., & Sandoval, R. J. R. (2014). Promotion of Cultural Heritage in Batangas and Cavite. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* | Vol, 2(3)
- Buted, D. R., Felicen, S. S., Bancoro, A. I. M. B., Maligaya, M. E. C., Rose, J., Panaligan, M. A. L. R., & Sandoval, R. J. R. (2014). Promotion of Cultural Heritage in Batangas and Cavite. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* | Vol, 2(3)
- Carada, G. (2021). Pagdiriwang ng Coco Festival sa Lungsod ng San Pablo: Pagpapakahulugan at Pagpapanatili sa Wika at Kultura. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(1). Retrieved from <https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-006a.pdf>
- Chambers, R. &. (1991). Sustainable Rural Livelihoods: Practical Concepts for the 21st Century. . Retrieved February 3, 2019, from <http://www.smallstock.info/reference/IDS/dp296.pdf>.
- Chan, R. R. T. (2020) The Festival Extravaganza of Vigan City, Philippines, *UNP Research Journal*, Vol. XXIX January – December 2020 ISSN 0119-3058. <https://vector.unp.edu.ph/index.php/1/article/view/57>
- Choi, K., Kang, H. J., and Kim, C. (2021). Evaluating the efficiency of Korean festival tourism and its determinants on efficiency change: Parametric and non-parametric approaches. *Tour. Manag.* 86:104348. doi: 10.1016/j.tourman.2021.104348
- Coldovero, N., & Aguila, A. A. (2020). Signs and Symbols in the Ati-Atihan Festival of Kalibo, Aklan, Philippines. *JPAIR Multidisciplinary Research*, 41(1), 116-141.
- Corboş, R. A., & Popescu, R. I. (2012). Study on Spectators' Perception on Theatre Consumption as Competitive Advantage at Urban Level. *Administration & Public Management Review*, 18.
- Dimmock, K. & Tiyce, M. (2000). Nimbin Mardi grass festival: The impacts. *Events Beyond 2000: Setting the Agenda*, 222.
- Esman, M. R. (1982). Festivals, Change, and Unity: The Celebration of Ethnic Identity among Louisiana Cajuns. *Anthropological Quarterly*, 55(4), 199–210. <https://doi.org/10.2307/3317149>
- Felsenstein, D., & Fleischer, A. (2003). Local festivals and tourism promotion: The role of public assistance and visitor expenditure. *Journal of Travel research*, 41(4), 385-392.
- Ferdinand, N., & Williams, N. L. (2013). International festivals as experience production systems. *Tourism management*, 34, 202-210.
- Getz, D. (2007). Event studies: theory, research and policy for planned events. Oxford UK: Elsevier
- Jamal, T. B., & Getz, D. (1995). Collaboration theory and community tourism planning. *Annals of tourism research*, 22(1), 186-204.
- Javier, A. B., & Elazigue, D. B. (2011, March). Opportunities and challenges in tourism development roles of local government units in the Philippines. In *3rd annual conference of the academic network of development studies in Asia*, Nagoya University, Japan.

- Kitterlin, M., & Yoo, M. (2014). Festival motivation and loyalty factors. *Tourism & Management Studies*, 10(1), 119-126.
- Levickaitė, R. (2011). City festival-a traditional cultural expression of the creative industries (the case of International Contemporary Dance Festival “New Baltic Dance”). *Limes: Borderland Studies*, 4(1), 36-53.
- Levickaitė, R. (2011). City festival-a traditional cultural expression of the creative industries (the case of International Contemporary Dance Festival “New Baltic Dance”). *Limes: Borderland Studies*, 4(1), 36-53.
- Magpantay, J. H., Decena, K. J. C., de Torres, D. M. M., Garcia, M. J. K. R., Villalobos, A. J. S., Felicen, S. S., & Dinglasan, K. (2014). Socio-Cultural Effects of Festivals in Batangas Province, Philippines. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(4), 1-7. [7]
- Mair, J. and Weber, K. (2019), "Event and festival research: a review and research directions", International Journal of Event and Festival Management, Vol. 10 No. 3, pp. 209-216. <https://doi.org/10.1108/IJEFM-10-2019-080>
- Mesra, R., Hidayat, M. F., Korlefura, C., & Tanaya, A. M. (2022). Persepsi Masyarakat Minahasa Tentang Pasar “Extreme” Tomohon. *JISIP (Jurnal Ilmu Sosial dan Pendidikan)*, 6(4).
- Nuñez, J. (2019). The benefits of Fiestas in the Philippines. uploaded by Jayrome Nuñez on 24. https://www.academia.edu/86036162/THE_BENEFITS_OF_FIESTA_IN_THE_PHILIPPINES
- Nyandoro, M (2024). Influence of Cultural Festivals on Local Economic Development in Zimbabwe. *International Journal of Sociology*. 8. 48-59. 10.47604/ijs.2833.
- Pinca-Atutubo, V., & Totanes, S. H. (2023). Rediscovering History, Heritage and Identity in Sorsogon: Sorsoganons’ Testimonies and Stories. *Sorsogon Multidisciplinary Research Journal*, 2(1), 21-29.
- Ritlocus. (2024, September 19). *Festivals Boosting Tourism: Measuring and Maximizing Economic Impact - TF Learn*. <https://www.ticketfairy.com/blog/2024/09/01/what-is-the-economic-impact-of-festivals-on-tourism/#:~:text=Festivals%20significantly%20boost%20local%20economies,%2C%20duration%2C%20and%20cultural%20uniqueness>
- Siddiqui, F. (2014). Diligence – Importance of Diligence in your personal and professional life. retrieved from <https://www.linkedin.com/pulse/20140720222213-59817714-diligence-importance-of-diligence-in-your-personaland-professional-life>.
- Stankova, M., & Vassenska, I. (2015). Raising cultural awareness of local traditions through festival tourism. *Tourism & Management Studies*, 11(1), 120-127.
- Villones, R. V. (2020). Negros Panaad festival dances: A reflection of Negrenses’ cultural identity. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 8(3), 13-24.
- Zhang, S. N., & Deng, F. (2022). Innovation and authenticity: Constructing tourists’ subjective well-being in festival tourism. *Frontiers in Psychology*, 13, 950024.

Fake and facts on Madrasah education

Doloso, Ernesto, Jr. ✉

Central Bicol State University of Agriculture – Calabanga Campus, Philippines (jeremy.doloso@cbsua.edu.ph)

Received: 3 March 2025

Available Online: 1 April 2025

Revised: 18 March 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25031

Accepted: 25 March 2025



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

There are negative perceptions and all sorts of ills on Madrasah education as a breeding ground for terrorism especially during and after the 9/11 bombing in the United States that led to the drastic spread of news all over the world regarding the connections of Madrasah education to terrorism, thus, this paper is conceptualized to debunk the fake information and to provide factual evidences using different literature reviews from online journals and other secondary sources supporting the claim that Madrasah education's curriculum and pedagogies from past to present, including the roles of teachers and students in the educative process, and the values that Muslim beliefs have, do not support terrorism activities or terrorism ideologies. Selected Muslim countries' educational curricula that were revisited for the sole purpose of removing the stigma on Madrasah revealed that despite the world's perspectives of Muslim's association with the organized terrorist groups and the association of Madrasah education to the emergence of terrorist groups, as dens of terror and hatcheries for suicide bombers, are fake and unacceptable based on the information retrieved from secondary sources relative to Islamic or Madrasah education and based on the literature support from other sources.

Keywords: Madrasah education, Islamic education, Islamic curriculum and pedagogy, Islam, terrorism, Madrasi

Fake and facts on Madrasah education

1. Introduction

Among the Muslims in the world, in terms of educational achievement, Kuwait ranks first with a 28% population who have reached and graduated in the university level followed by Lebanon and Saudi Arabia, each with 18%. While other countries like Pakistan, ranks first as a Muslim country that does not have education at all especially the adults, followed by Morocco with 26% illiteracy rate, then Iran (16%) and Turkey (8%) (Moore, 2002). Even though some Muslims are educated and can be employed, Muslims face lower employment especially in Western countries (Shaker et al, 2019) due to political and media debates that include inherent violence, barbaric picture of women, extremism and terrorism (Kolb & Yildiz, 2019). Muslims and their Islamic beliefs have been exclusively associated with terrorism and other violent radicalism that currently, the acts of violence as perpetrated in the name of Islam becomes a major international concern (Llorent-Bedmar et al, 2020).

Terrorist groups such as Daesh in Spain seeks political change by violent means (Prinsloo, 2018), Boko Haram and ISIS that rejected the Western imperialism in the Muslim world during the colonial period (Sabic-El-Rayess, 2019) and the Taliban in Pakistan who supported Osama bin Laden. According to Smith in 2013, the favorability of the Americans against racial profiling was at peak of 80% before the 9/11 terrorist attack but after the incident, 60% of Americans favored in racial profiling especially if the targets are the Muslims and the Arabs. In 2016, out of 34, 676 terrorism deaths, 68 were killed in the US while the vast majority dies in predominantly Muslim countries: 21, 061 were killed in Iraq, Afghanistan and Syria (Roser et al., 2018). In the same year, 24.5% of the 1,584 religiously based hate crimes in US were directed at Muslims (Sabic-El-Rayess, 2019).

These statistics have created a global picture and discourse that Muslims are violent, monolithic and hold a dual and diverged roles in a larger political and social narrative on extremism (Sabic-El-Rayess, 2019) that Muslim children in the United States face a challenging environment as their peers in the Western contexts often describe them as “stupid”, “poor” and very strict (Revell, 2010) that also brought socio-psychological disorders such as stress, illness, loneliness, depression, suicidal feelings, higher rates of racism, limited mobility opportunity, frustrations on the closed and blocked mosque, uneven treatment both in school development and housings (Shaker et al., 2019).

These perceptions and all sorts of ills on Muslims have been rooted from Madrasah that based on critics according to Moulton, 2008 and as s, served as training grounds for terrorists and dens of terror, hatcheries for suicide bombers and repositories of medievalism. Thus, this study, through the use of online resources, journals and other related studies, will reveal the relevance of Madrasah to terrorism. This study will also revisit the curriculum of Madrasah education of selected Muslim countries including the Philippines and how Islam beliefs affect the curriculum, the Madrasah’s pedagogy of teaching, including the roles of Mullah (teachers) and students in the Islamic educative system, the values and teachings that Madrasah education proposed will also be highlighted that will pave way to the connection of Madrash education to terrorism.

2. Overview of Madrasah education

The term “madrasah” as discussed by Sabic-El-Rayess in 2019 and as also emphasized by Moulton in 2008, is an Arabic term for school and referred to specific types of school in an Islamic education. Madrasah, which is in its singular form and Madaris in the plural form, is at least a thousand years old and originated in Baghdad, Fez and Morocco and other rich cultural hubs in the Middle East. As also added by Moulton, there are millions of Muslims who receive some or all of their formal education in madrasah or madaris that provide young

Muslim children with a religious foundation in Qur'anic recitation and Islamic values, prophets' sayings and hadiths. These religious schools for Muslim become source of formal education and for others become a supplementary to secular basic education provided in primary and secondary schools (Moulton, 2008).

On September 9, 2001, the United States experienced a terrorist attack behind the persona of Osama bin Laden who received support from the Taliban and was also believed to be one of the recruits from madrasah along Afghanistan-Pakistan tribal border area and this incident led to the promulgation in the popular presses all over the world of the alarming yet oversimplified and prejudicial perceptions of the Islamic schools that are dangerous breeding grounds for terrorism funded by wealthy Muslim conspiracies to oppose scientific and modern education, resist participation in the modern world and condemn Western beliefs and culture (Creative Associates International, 2008). The 2005 London bombings also affected Madrasah's image on promulgation of religious extremist ideology that increasingly brought madrasah into spotlight (Rehman et al., 2021). The picture of madrasah became more difficult to perceive than that of monolithic medieval and threatening institutions. Granted that these Islamic schools are dedicated to preserve the Islamic beliefs and culture, madaris come in all sizes and shapes including differences in leadership and teaching styles and resources (Moulton, 2008).

In some Muslim countries like India, Nigeria, Uganda, Indonesia, Malaysia and the Philippines in Mindanao, many Madaris are in poor communities and provide essential services to Muslim communities such as education and lodging for young Muslims who otherwise could well find themselves as victims of different forms of abuse including exploitation and forced labor (Anzar et al., 2006). These Islamic schools serve as communities to Muslims not only in the rural areas that other government-funded schools do not reach particularly but also to those in the far-flung areas (Creative Associates International, 2008). Most of the Madaris schools have very limited resources that some young Muslims are asked by their imam teachers to beg to provide the teacher with income for the lacking books and other teaching supplies (Moulton, 2008).

As reiterated in the study conducted by Coulson in 2004, religious extremists funded some Madaris, but some are not. In India, a portion of its funds comes from outside the school community and extremists' control only a small portion of madaris in other Muslim countries across South Asia. In the Philippines, under the Presidential Decree (PD) 1083, or the Code of Muslim Personal Laws, the government shall grant financial support to Muslim private schools or "Madaris" in the provinces where Madaris are present to improve their operational capabilities in the planning, implementing and evaluating the mandated Department of Education curriculum of the kinder to grade 12 (K-12) program (Pantorilla, 2019).

3. Curriculum of Islamic education from past to present

As discussed by Sabic-El-Rayess, 2019, education in Islam is loosely defined to incorporate all formal and informal ways of acquiring and learning knowledge. Knowledge is broadly understood as all human produced and revealed religious knowledge. The interpretation and practice of Islamic beliefs with utmost rigidity and a related tolerance towards alternatives, was coined radicalization. It renounces modernity among Muslims and non-Muslims. As added, the primary purpose of early education in Islam was to encourage and promote conversion and cultivate a sense of common Muslim identity among learners. Most of the teachings were taken from Prophet Muhammad's message as God's word was revealed to him. These are all written in Quran and each verse can be interpreted in ways that allow diversity of meaning and application (Abbas, 2011). Islam's beginning was rooted in diversity of cultural, linguistics and religious traditions of emerging communities scattered over a huge and poorly integrated dominion. During a time of great inequality in the past, the Islamic beliefs and education served as an ideological platform that brought social justice to a socially discord community (Bulliet, 1994).

During the 10th century, the term madrasah, which is an Arabic term for 'school' was founded. During the Islam's expansion, Quran and the Prophet's sayings/stories, hadiths, served as the ideological catalyst behind the newly converting Muslim communities' search for knowledge. The pedagogical tool of that time was the oral

transfer of knowledge that helped Islam's growth beneficial in providing narrative informality of early education that promoted flexibility and inclusion (Sabic-El-Rayess, 2019). Enlightened and educated young Muslims would return to their communities to share knowledge on Islam and the Prophet's sayings in an informal setting or in mosques (Buliet, 1994).

The mosque that was previously allotted for worshipping became a venue for formal learning in which questions of the curious were accommodated and answered. Hadiths, Prophet Muhammad's statements for Muslims with instructional value to mirror Prophet's behavior were widely discussed (Sabic-El-Rayess, 2019). As also added by Buliet, 1994, the 7,000 hadiths were pragmatic knowledge from the Prophet in converting the Muslim's perceptions on topics related to their daily lives such as food, clothing, fasting, health, agriculture and business. Social issues like criminal behavior or governance were not dealt with broader perspectives or discussions.

Sabic-El-Rayess, 2019 also reiterated that the Muslim's learning did not only focus on Islam since those Muslims who are in search for Islamic knowledge would eventually shift to business and family matters, and highly intellectual Muslims opted to continue to religious knowledge expansion or broaden their knowledge for astronomy, medicine and other sciences. In this stage, Islam, scientific and religious forms of knowledge were not mutually exclusive. Islam's territorial expansion was paralleled with the support to scientific progress. Knowledge is one of the most frequently occurring terms in Quran and Prophet Muhammad was unequivocal in his teachings and instructions to Muslims to search for knowledge.

By the 13th century, the learning of Islam became more formalized and learning venues shifted from mosques to madrasah. These madaris were typically attached and funded by mosques (Sabic-El-Rayess, 2019). Chaney, 2016, added that the social prestige steadily detached from sciences and instead affixed to the production of religious knowledge that triggered the Muslim elites to redirect their support and funding to madrasah rather than to institutions that pursue scientific researchers. The second phase of Islamic education was harmonized and reframed including the relationships between students and their teachers (Buliet, 1994).

The purification of this phase consists in freeing oneself from disordered attachments. This is a very delicate topic, because these disordered attachments are often not recognized by those directly involved. We have seen this in the case of the rich young man: his disordered attachment appeared not only on the level of his attachment to worldly possessions; this was only the external aspect of the problem. Through Jesus' interventions, he discovered that he had a very subtle attachment: attachment to his own process and his own vision of perfection. He showed sadness because he had discovered his own self-centeredness—he only wanted to be the author of his own perfection ("What must I do...?" cf. Mt 19:26). Therefore, he could not follow Christ. This is the temptation for all of us and it is also the dangerous enemy of perfection. All disordered attachments share this characteristic: we want to be masters of our own lives, and when we discover the radical demand to follow Christ, we feel shocked and saddened. These disordered attachments, which psychologists call fundamental unconscious inconsistencies, are forms of self-deception for those who follow Christ. They are people who consciously proclaim the values of Jesus, but unconsciously they seek and satisfy needs for power, prestige, and possession. This formalism is often not sinful, because it belongs to the unconscious, but it constantly influences the meaning of our service to the Kingdom. Moreover, it creates a zone that formation often neglects, where classical formation methods do not produce results for the person in this area. It is the "devil" hiding under holy forms and motivations. Therefore, it is necessary to shed light on this and be transformed on the journey of following Christ.

Mysticism in Action/Mystical Action - Who can claim to be free from such disordered attachments in order to be free to discover and carry out God's will? We can speak of the mysticism of the will, that is, wanting what God wants. This is the meaning of the concept mysticism in action. This "mysticism of the will" is not about achieving ecstatic visions or extraordinary spiritual experiences, but rather about a radical alignment of our desires with God's. It's a practical, everyday mysticism, played out in the choices we make, the priorities we set, and the way we interact with the world. It requires a constant process of discernment, a willingness to surrender our own agendas, and a deep trust that God's will is ultimately for our good. This active mysticism is a journey of ongoing conversion, where we continually seek to purify our intentions and conform our hearts to the heart of God.

"If we are truly united with God by our will alone. Will, ultimately, is freedom, and freedom is the foundation of existence. This does not mean that we think about God occasionally, when we are preparing a meal. But every action of ours is God's will. And then everything is God's will, God is in it, we do what God wants." (E. Varillon, *Traversate di un credente*, Milan 2008).

Who is free with themselves to be able to be completely attached to Jesus: their actions will be true love;

they will forget themselves; they will not be envious of others; their self-giving will not be for praise; they no longer require recognition and priority, or encouragement from others. Their heart—as the Ratio says—will be transformed according to the image of the heart of Christ (Ratio, no. 89).

Being transformed by the Father in the Holy Spirit according to the image of Christ (the path of illumination and union) means following Him in His hidden and public life (the Second Week of the Spiritual Exercises), His passion and death (the Third Week), and finally, His resurrection (the Fourth Week). There is no other way than the path described by the Gospel: “Unless a grain of wheat falls into the earth and dies, it remains just a single grain; but if it dies, it bears much fruit” (John 12:24). Transformation, or transfiguration (the Ratio prefers the term: conformation), means dying and rising, for death is one form and resurrection is another. This journey is our Passover.

This process of conformation is not merely a passive acceptance of suffering, but an active engagement with the very life of Christ. It involves a stripping away of our self-centered desires and illusions, allowing the divine life to permeate our being. This “death” is not annihilation, but a purging, a refining fire that burns away the dross, revealing the gold of our true selves, hidden in Christ. The ‘resurrection’ is then the blossoming of this purified self, a life lived in the fullness of God’s grace, marked by love, service, and a profound communion with the Trinity. It is a continual movement, a rhythm of dying and rising, mirroring the Paschal Mystery, that leads us toward the ultimate goal: complete union with God.

3. Implications for Seminarians (Seminarians/Students of Priestly Formation)

For seminarians in priestly formation, this study reveals crucial implications that necessitate a proactive approach to both personal and communal development. Specifically, their active participation in cultivating a conducive “formation atmosphere” will significantly enhance their vocational journey. Firstly, seminarians must cultivate a robust sense of personal responsibility for their ongoing formation, embracing the concept of *docibilitas* as a lifelong commitment to learning and transformation under the guidance of the Holy Spirit. This necessitates a willingness to transcend the comfort zone and engage with the complexities of self-discovery.

Secondly, the creation of a conducive “formation atmosphere” is a collective endeavor, requiring each seminarian to actively contribute to a culture of mutual respect, empathy, and transparent communication. Recognizing the seminary as a microcosm of the Church, learners must foster authentic communion through their daily interactions. Thirdly, discernment, as a prayerful and reflective process, demands engagement with both personal strengths and limitations, facilitated by open dialogue with formators and spiritual directors. The value of accompaniment, as a personalized journey of guidance and support, should be recognized and embraced, fostering a relationship of trust and mutual understanding.

Fourthly, given the relational nature of priestly ministry, the development of robust interpersonal skills, including active listening and empathetic understanding, is paramount. Furthermore, the cultivation of a profound personal relationship with Jesus Christ, through prayer, sacramental participation, and spiritual reading, serves as the cornerstone of priestly formation. Finally, an acknowledgment of the “veil of unknowing” necessitates an attitude of humility, recognizing the divine mystery inherent in each individual’s vocational journey. In addition, seminarians must be aware of the current cultural crisis the church is facing, and be prepared to minister within that context. By internalizing these implications, seminarians can effectively navigate their formation, preparing to serve the Church with unwavering fidelity and pastoral efficacy.

4. Conclusion

We stand before a mission of profound significance and considerable challenge. Much like the disciples of Jesus, as depicted in Matthew 13:52, we are called to attentively listen to the voice of the Holy Spirit. This divine communication manifests through the evolving signs of the times, as well as through the enduring pillars of Scripture, Tradition, and the Magisterium. The contemporary formator, therefore, must embody a spirit of

constant vigilance and renewal, ensuring that their own life experience remains a dynamic and evolving source of wisdom and guidance. This experience, encompassing an intimate encounter with God, a deep understanding of humanity, and a discerning awareness of the world, fuels a renewed understanding and an intensified love for the ministry of service.

The Ratio Fundamental Institutionis Sacerdotalis extends a compelling invitation: to fully immerse ourselves in the formation experience and to allow ourselves to be transformed by it. This call to transformation necessitates a willingness to relinquish outdated paradigms and embrace new methodologies. The time has come to discard the “old wineskins,” the antiquated approaches to formation that no longer adequately serve the needs of the Church. In their place, we must adopt “new wineskins,” innovative formation methods that equip us to become skilled instruments, or adept potters, in the formation ministry.

This metaphor of the potter underscores the delicate and transformative nature of the formator’s role. We are called to shape and mold individuals, guiding them towards a deeper relationship with God. However, we must always remain mindful of our own limitations, recognizing that we are merely “unworthy servants” in this sacred endeavor. Our ultimate goal is to facilitate the work of the Holy Spirit, enabling others to discover and embrace their God-given vocations.

The challenge before us demands a profound humility and a steadfast commitment to ongoing formation. We must be willing to learn, to adapt, and to grow, ensuring that our methods remain relevant and effective in a rapidly changing world. When we have exerted our utmost effort, striving to serve with fidelity and dedication, we can, with a sense of peace and humility, echo the words of Luke 17:10: “We have done what we were obliged to do.” This recognition of our duty, coupled with a reliance on God’s grace, forms the foundation of effective and transformative formation ministry.

5. References

- Cencini, A. (1998). *I sentimenti del Figlio. Il cammino formativo della vita consacrata*. Bologna.
- Cencini, A. (2015). *Se il Padre è il formatore, tutta la vita è formazione per la potenza dello Spirito Santo. Sequela Christi*, 2(66-67).
- Congregation for the Clergy. (2017). *The gift of the priestly vocation*. Religious Publishing House. (RFIS)
- Francis. (2013, June 7). *Address to the students of Jesuit schools in Italy and Albania*.
- Ignatius Loyola. (1996). *Spiritual exercises*.
- Imoda, F. (2005). *Sviluppo Umano. Psicologia e Mistero*. Bologna.
- John Paul II. (1979). *Redemptor hominis*.
- John Paul II. (2001). *Novo Millennio Ineunte* (Apostolic Letter, January 6, 2001), 43. AAS 93(2001), 297.
- Lonergan, B. (2001). *Method in theology*. Città Nuova.
- Manenti, A. (2016). *Comprendere e accompagnare la persona umana*. EDB.
- Pastores Dabo Vobis. (1972). 43.
- Second Vatican Council. (1965). *Pastoral Constitution Gaudium et Spes*, 10.
- Stella, B. (2016, December 7). *Interview with the Prefect of the Congregation for the Clergy*. Retrieved from <https://www.clerus.va/content/clerus/en/notizie/new3.html>
- Varillon, E. (2008). *Traversate di un credente*. Milan.

Luha ng bayan: Paghahaplos ng pighati at pakikiisa sa tula ni Amado V. Hernandez

Indita, Ruben A. ✉

Leyte Normal University, Philippines (rubenindita1@gmail.com)

Received: 6 March 2025

Available Online: 1 April 2025

Revised: 19 March 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25035

Accepted: 25 March 2025

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Despite the numerous issues our country faces, one undeniable truth remains: politics has a profound impact on all aspects of our lives. From small decisions affecting our daily routines to major issues shaping our nation's future, politics is not merely a series of policies and decisions—it is a response to our needs and aspirations as a society. This qualitative study examines the literary work "Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan" through content analysis to understand and assess the true essence and state of politics in the Philippines. The study employs theories such as Realism and Marxism to uncover the deeper meaning of the text. The study reveals various political images of the Philippines reflected in the literary work, including corruption, oppression, revolutionary spirit, and violence. The text also exposes political issues concerning leadership, particularly greed and brutality. Furthermore, it highlights the struggles of the Filipino people, such as the lack of freedom, justice, and the prevalence of poverty. The findings suggest that having a corrupt and oppressive leader in society can bring suffering to the nation, leading to tears, corruption, oppression, violence, revolutionary sentiments, loss of freedom, injustice, and widespread poverty. Ultimately, this study focuses on an in-depth analysis of "Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan," revealing that the text expresses the nation's fears and sorrows due to these pressing political issues.

Keywords: corruption, Filipino people, lack of freedom, leader, political imagery

Luha ng bayan: Paghahaplos ng pighati at pakikiisa sa tula ni Amado V. Hernandez

1. Introduksyon

Sa politika, ang pagkakaroon ng labis na kapangyarihan ay maaaring humatak ng luha mula sa bayan. Ito ay maaaring magbunga ng korupsiyon, pag-abuso sa kapangyarihan, at paglapastangan sa mga karapatan ng mga mamamayan. Ito ay nagdudulot ng pagkabigo at pagkawala ng pag-asa sa bansa, kung saan ang mga luha ay parang natuyo ng dahil sa patuloy na pang-aapi at kawalan ng hustisya. Ngunit sa likod ng mga luha at sakit ng bayan na ito, tiyak na mayroong indibidwal na dadampot at magpapabuhay muli ng pag-asa. Ito ay ang taong magtataguyod ng pagbabago at tunay na reporma, na maglalagay ng higit na halaga sa kapakanan ng mga mamamayan at magbubuo ng isang lipunang may katarungan at pantay-pantay na oportunidad. Ang pagkakaroon ng labis na kapangyarihan ay hindi dapat maging simbolo ng kamatayan ng pag-asa. Sa halip, ito ay dapat maglingkod bilang pagsikat ng liwanag at bayanihan upang buhayin muli ang bayan at makamit ang tunay na kalayaan at ginhawa.

Ang akda na "*Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan*" ay isang tula na sumasalamin sa kalagayan ng bayan at pagkakaroon ng labis na kapangyarihan sa pamahalaan. Ang tula ay isa ring paalala na ang luha ng mga mamamayan ay hindi lamang simbolo ng kahirapan, kundi patunay ng kanilang kahandaan na ipaglaban ang kaginhawaan at katarungan. Ang may-akda ng tula na ito ay si Amado V. Hernandez, isang kilalang Filipino na makata at aktibista. Batay sa *Office of the High Commissioner for Human Rights* (1), sa *World Report 2021*, inilabas ng OHCHR noong Hunyo 4 ang ulat na nagpapakita ng "napakaraming sistematikong paglabag sa karapatang pantao" sa Pilipinas, kabilang ang pamamaslang ng 208 na tagapagtanggol ng karapatang pantao at aktibista simula 2015. Pinuntirya ang mga makakaliwang aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao ng pisikal at *online* na atake ng administrasyon.

Ayon sa ulat ng pahayagang Inquirer (1), nitong nakaraang Setyembre 2015, may 79,730 katao ang humarap at nagpakilala sa *Human Rights Victims Claims Board* bilang mga biktima mismo o hindi kaya ay mga kamag-anakan ng mga napahirapan, namatay, o nangawala noong panahon ng *Martial Law*. Sinusuportahan naman ang nabanggit na mga literatura ng isa pang literatura na batay sa ulat ng *Office of the High Commissioner for Human Rights* (1), sa *World Report 2023*, bagamat natapos na ang administrasyong Duterte noong Hunyo 30. Mula sa inagurasyon ni Ferdinand Marcos Jr. bilang presidente, halos walang nagbago sa sitwasyon sa karapatang pantao. Dagdag pa sa nabanggit, Inilatag ng *United Nations Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR)* ang mga pangunahing problema sa karapatang pantao na kinakaharap ng bansa, sa isang ulat noong Setyembre na nagtaya ng progreso ng *Philippines-UN Joint Program on Human Rights* na nagsimula noong Hunyo 2021. Kabilang dito ang patuloy na *harassment*, banta, pag-aresto, pag-atake, at *red-tagging* sa mga tagapagtataguyod para sa lipunang sibil, pati ang patuloy na pamamaslang ng pulisya na konektado sa droga. Binigyang-diin sa ulat na "napakalimitado ng akses sa hustisya ng mga biktima ng paglabag sa karapatan at pang-aabuso."

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral lalo na sa mga kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, kaguruan sa panitikan, nagpapakadalubhasa sa Filipino, at maging sa lahat ng mamayang Pilipino. Magsisilbing gabay ang resulta ng pag-aaral na ito tungo sa pagbuo ng kamalayan sa mga karaniwang suliranin sa isyung politikal sa bansa batay sa tulang sinusuri. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kaalaman sa panitikang Filipino. Kaya naman, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa sa pagsusuri sa akdang *Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan* ni Amado V. Hernandez na sumasalamin sa iba't ibang suliraning politikal ng lipunan. Magsisilbing tiyak na layunin nito ang pagsipat sa (1) imaheng politikal ng Pilipinas, (2) suliraning politikal ng bansa, (2.1) lider, (2.2) sambayanang Pilipino.

Layunin - Ang tulang *Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan* ay sumasalamin sa iba't ibang suliraning

politikal ng lipunan. Magsisilbing tiyak na layunin ang sumusunod: a) Imaheng Politikal ng Pilipinas, b) Suliraning Politikal ng Bansa, c) Lider, at d) Sambayanang Pilipino.

Kaligirang Teoritikal - Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teoryang Realismo at Marxismo. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, masisipat ng manunuri ang mga elementong saklaw sa pag-aaral at tutugon sa inilatag na mga layunin. Ayon kina Korab-Karpowicz, at Julian (1), ang teoryang realismo ay kilala ring politikal na realismo, isang pananaw sa pag-aaral ng relasyon ng mga estado sa internasyonal na sistema. Layunin nito ang pagbibigay ng pansin sa mga aktwal na kaganapan at pangyayari sa realidad ng politika at mga ugnayan ng mga bansa. Ipinapakita ng teoryang ito kung paano ang mga estado ay nagdedesisyon sa mga isyung pampolitika base sa kanilang pambansang interes at kapangyarihan. Dagdag pa, ang teoryang ito ay karaniwang nakapokus sa paksang sosyo-politikal na kalayaan at katarungan sa mga naapi.

Gamit ang teoryang realismo, susuriin ng tagasuri ang imaheng politikal ng Pilipinas na mahihinuha sa tula, at masipat ang kalagayan ng mamayang Pilipino sa nasabing imaheng nahinuha. Nakasalig din ang pagsusuring ito sa teoryang Marxismo. Ang teoryang Marxismo ay may malaking kaugnayan sa suliraning politikal ng bansa na pinananahanan ng unang elemento saklaw—lider at pangalawang elementong saklaw ang mamamayan o ang sambayanang Pilipino. Ayon sa sinabi nina Marx at Engels (1), mga taong nagtaguyod ng teoryang ito, ang politika ay isang repleksyon ng mga pang-ekonomiyang kalagayan at interes ng mga pangunahing uri sa lipunan, partikular na ang mga pangunahing manggagawa at mga kapitalista. Sa pangkalahatan, ang Marxismo ay nagmumungkahi ng isang rebolusyonaryong pagbabago sa sistema ng pamamahala at lipunan upang maisakatuparan ang sosyalismo at komunismo. Ipinapakita ng teorya na ang pamamahala ng isang bansa ay kontrolado ng mga pangunahing uri sa lipunan, partikular na ang mga kapitalista, at naglilingkod lamang sa kanilang mga interes. Ang kapitalistang lipunan ay nakabatay sa pagpapalitan ng mga produkto at sa paghahangad ng tubo. Ang mga kapitalista ay may malaking impluwensya sa pamahalaan at nakapaglalagay ng mga polisiya at batas upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan at mabawasan ang mga benepisyo at kapangyarihan ng mga manggagawa.

Batay sa pananaw ng teoryang Marxismo, gagamitin ito ng manunuri upang pagnilayan ang mga namumukod na katangian ng lider na nagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Gayundin din ang katangian ng mga mamayang Pilipino na magpatuloy sa kabila ng paghihirap na nararanasan sa buhay sa kabila ng pagyurak sa karapatang pantao ng mga nakakataas na masasalamain sa akda. Samakatuwid, ang mga teoryang ito ang magsisilbing gabay sa pagsusuri sa akda ni Amado V. Hernandez na pinamagatang “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan”. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay maipakikita ng manunuri kung ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng manunulat sa mga mambabasa partikular na sa mga suliraning politikal na nakapaloob sa tula.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil, ito ay nakatuon sa isang isyung politikal na nararanasan ng karamihan. Dagdag pa, ito ay isang mahalagang usapin kung saan karamihan sa mga Pilipino ay nakakaranas ng pang-aabuso sa karapatang pantao na nagreresulta sa paglabag at pagyurak sa mga batas at proteksyon na dapat sana'y inaasahan ng bawat indibidwal.

Saklaw at Limitasyon - Saklaw ng pagsusuring ito ang iba't ibang suliraning politikal ng lipunan na masasalamain sa tulang Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan. Nililimitahan ang pagsusuring ito sa imaheng politikal ng Pilipinas at suliraning politikal ng bansa sa mga aspekto ng lider, at sambayanang Pilipino.

Pamamaraan ng pagsusuri

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gagamit ng content analysis upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, susuriin ang mga elemento ng maikling kuwento. Magsisilbing tiyak na hakbang ang mga sumusunod:

Unang Hakbang. Imaheng Politikal ng Pilipinas. Sa bahaging ito, bibigyang-tuon ng manunuri ang imaheng politikal ng Pilipinas na mahihinuha sa tula, Mula rito, mababatid kung paano binigyang diin ng

may-akda ang kahirapan na kanilang naranasan at ang pang-aabuso sa karapatang pantao.

Ikalawang Hakbang. Suliraning Politikal ng Bansa. Bibigyang pansin sa bahaging ito ang malawakang ideya tungkol sa suliraning politikal ng bansa. Sa bahaging ito ay mas malalaman pa kung ano ang namumukod na katangian ng lider ang nagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Gayundin din ang katangian ng mga mamamayang Pilipino na magpatuloy sa kabila ng paghihirap na nararanasan sa buhay na masasalamain sa akdang tula.

2. Metodolohiya

Sa bahaging ito ay makikita ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa akdang "Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan" ni Amado V. Hernandez.

2.1 Imaheng Politikal ng Pilipinas

Sa madilim at tambak-tambak na sulok ng kampanya, may isang kasaysayan ng kababalaghan ang umiiral sa imaheng politikal ng Pilipinas. Bawat pangako ng pagbabago ay tila isang mahiwagang baraha na sinusugal ng mga mamamayan. Ngunit, sa bawat halakhak ng mga mapagsamantalang politiko, nagbabadya ang pagkabulag ng sambayanang umaasa sa tunay na pagbabago. Ang imaheng ito ay isang katanungan sa isip ng mga mamamayan: kailan nga ba magkakaroon ng tunay na pagbabago sa politika ng bansang ito?

Makikita sa sumusunod na talahanayan ang umiiral na imaheng politikal ng Pilipinas na nakapaloob sa akda.

Talahanayan 1

Imaheng Politikal ng Pilipinas

Imaheng Politikal ng Pilipinas	Pagpapakahulugan
Korupsiyon	Isang malawakang suliranin na nagdudulot ng kawalan ng katarungan, kahirapan, at pagkabigo ng isang bansa na umunlad at maglingkod sa mga mamamayan.
Pang-aapi	Aktong pagsasamantala, pag-abuso, o pagpapahirap sa ibang tao o grupo ng mga tao.
Rebolusyonaryong diwa	Pagkilos na may layuning baguhin ang kasalukuyang sistemang pampolitika, panlipunan, o pang-ekonomiya.
Karahasan	Ang karahasan ay ang pisikal na pananakit, mapinsala, o pagdulot ng pinsala sa ibang tao.

Korupsiyon. Ang korupsiyon ay isang malawakang suliranin na humahantong sa kawalan ng katarungan, kahirapan, at pagsasamantala ng mga taong may kapangyarihan. Ito ay isang sakit sa lipunan na nagiging sagabal sa tunay na pag-unlad at pagbabago.

Ipinapakita sa akda ang sistematikong pagnanakaw at pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga namamahala sa pamahalaan. Nailalahad ng tula ang pagiging mapaniil ng mga korap na lider, kung saan ginagamit nila ang kanilang posisyon upang palakihin ang kanilang yaman at kapangyarihan. Ang korupsiyon ay naglalagay ng hadlang sa pag-unlad ng bansa at nagdudulot ng kahirapan at kawalan ng katarungan para sa mga mamamayan. Makikita ito sa pamamagitan ng pahayag na:

Na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog:

Ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos"

Ayon sa ulat ng Inquirer (1), isa sa pinakakurap na mga bansa sa mundo ang Pilipinas. Sa isandaa't walumpung (180) mga bansa, ang Pilipinas ay nasa ika-116 na pwesto pagdating sa pinakakaunti na kurap. Ibig sabihin, halos nasa ika *top one-third* ng mga pinakakurap na bansa ang Pilipinas, batay sa *Corruption Perceptions Index (CPI)* na inilathala ng *Transparency International*. Dagdag pa, nakakuha ng kabuuang tatlumpu't tatlo (33) punto ang Pilipinas mula sa isang daan (100). Kahit noong 2012 pa, nagbabago-bago ang CPI ng bansa at palaging nasa parehong puntos, kung saan ang pinakamataas na puntos ay tatlumpu't walo (38) noong 2014 at ang pinakamababa naman ay tatlumpu't tatlo (33) noong 2021 at 2022. Upang bigyan ng

konteksto ang kahalagahan ng mababang puntos na ito, ang rehiyonal na average na CPI score para sa rehiyon ng Asia-Pacific ay apatnapu't lima (45), na may zero bilang lubos na kurap. At sa tatlong-pito (31) mga bansa at teritoryo sa rehiyon, nasa ika-22 na pwesto ang Pilipinas (*tied with Mongolia*).

Sa kabuuan, ang akda ay nagpapakita ng malalim na suliranin ng korupsiyon sa lipunan. Ito ay isang sakit na humahantong sa kawalan ng katarungan, kahirapan, at pagsasamantala ng mga taong may kapangyarihan. Nailalarawan ang sistematikong pagnanakaw at pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga korap na lider sa pamahalaan. Ang kanilang pagiging mapaniil at pagsasamantala sa yaman at kapangyarihan ay nagiging balakid sa tunay na pag-unlad at pagbabago ng bansa. Sa pamamagitan ng tula, nahaharap natin ang katotohanan na ang korupsiyon ay nagdudulot ng kahirapan at kawalan ng katarungan para sa mga mamamayan. Ito ay isang hamon sa ating lipunan na labanan ang korupsiyon at ipaglaban ang tunay na pag-unlad at katarungan para sa lahat.

Pang-aapi. Ang pang-aapi ay isang malalim at kahindik-hindik na suliranin na kinakaharap ng ating lipunan. Ito ay isang anyo ng karahasan at pagsasamantala na nagdudulot ng hira, lungkot, at kawalan ng katarungan sa mga taong nabibiktima nito. Sa pamamagitan ng pang-aapi, nagiging hadlang ang pagkakapantay-pantay at respeto sa bawat indibidwal.

Sa akdang sinuri, tinutukoy ang mga paglabag sa karapatang pantao at pang-aapi sa mga mahihirap na sektor ng lipunan. Ipinapakita ng tula ang kawalan ng paggalang at pagtingin sa mga karapatan at dignidad ng mga tao. Ang mga namamahala ay ginagamit ang kanilang kapangyarihan upang tipunin ang yaman sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga nasa kahinaan at pagpapahirap sa kanila. Ang pang-aabuso na ito ay nagdudulot ng diskriminasyon at pagkasira ng mga pangunahing halaga ng tao. Makikita ito sa pamamagitan ng pahayag na:

“Walang lakas na magtanggol, walang tapang na lumaban,

Tumatagho, kung paslangin; tumatangis, kung nakawan!”

Ayon sa ulat ng *World Report 2021* (1), lumala ang sitwasyon ng karapatang pantao sa Pilipinas noong 2020. Tuloy-tuloy ang pagpuntirya sa maralitang tagalungsod ng mapamaslang na “giyera kontra droga” ni Pangulong Duterte na sinimulan sa pag-upo niya noong Hunyo 2016. Ang pulisya at mga di-kilalang lalaking may-baril na konektado sa pulisya ay nagsagawa ng libo-libong *extrajudicial killings*. Biglang dumami ang bilang ng kaso ng pamamaslang sa panahon ng *Covid-19 lockdown*, umakyat nang higit sa 50 porsiyento mula Abril hanggang Hulyo 2020 kumpara sa nakaraang apat na buwan. Halos walang nanagot sa mga pagpatay na ito. Patunay na nayuyurakan ang karapang pantao at laganap ang pang-aapi sa mga karapatang pantao na hindi natatamasa ng maayos ng bawat mamamayan.

Sa pangkalahatan, ang pang-aapi ay isang nakakabahalang isyu na hindi dapat natin ipagwalang-bahala. Ito ay nagdudulot ng malaking pinsala sa mga biktima nito, lalo na sa mga mahihirap na sektor ng lipunan. Ito ay nagpapakita ng hindi paggalang sa karapatan at dignidad ng bawat tao. Ang mga namumuno at may kapangyarihan ay dapat gamitin ang kanilang kapangyarihan upang magsilbi at pangalagaan ang kapakanan ng lahat, hindi upang pagsamantalahan at apihin ang mga nasa kahinaan.

Rebolusyonaryong diwa. Ang rebolusyonaryong diwa ay isang pangunahing saligan at pagpupunyagi sa pagbabago at pagsulong ng isang lipunang makatarungan at malaya. Ito ay ang kaisipan at paninindigan na naglalayong labanan ang katiwalian, pang-aapi, at kawalang-katarungan sa lipunan. Ito ay nagmumula sa pagnanais na magkaroon ng pagbabago at pag-unlad, at hindi lamang ang pagtanggap sa nakasanayan at kasalukuyang sistema.

Sa tula, hinihikayat ng akda ang mga mamamayan na lumaban at baguhin ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Ipapahayag ng mga salita ng tula ang kawalan ng pag-asa at kawalan ng pagbabago. Ang rebolusyonaryong diwa ay nagpapahiwatig ng kagustuhan ng mga mamamayan na magkaroon ng tunay na katarungan, kalayaan, at oportunidad para sa lahat. Ito ay isang hamon sa mga tao upang magsama-sama, magbago, at ipagtanggol ang

mga karapatan nila. Makikita ito sa pahayag na:

“Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo

At ang lumang tanikala’y lalagutin mo ng punglo!”

Ayon sa pahayag ni Santos (1), isang eksperto sa mga rebolusyong kultural sa Asya, binalikan niya ang mga implikasyon ng Rebolusyong Diwa sa mga susunod na henerasyon. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang rebolusyong ito ay nagdulot ng malaking pagbabago sa mga kamalayan at perspektibo ng mga kabataan. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa kasaysayan ng rebolusyong diwa sa mga programa ng edukasyon upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga susunod na henerasyon.

Sa kabuuan, ang rebolusyonaryong diwa ay isang hamon sa mga mamamayan na lumaban at baguhin ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Ito ay nagpapahiwatig ng kagustuhan ng mga mamamayan na magkaroon ng tunay na katarungan, kalayaan, at oportunidad para sa lahat. Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong diwa, ang mga mamamayan ay tinutulak na magkaisa, mga malayang mag-isip at kumilos, at ipagtanggol ang mga karapatan nila. Sa isang tula, ang mga salita ay nagpapahayag ng kawalan ng pag-asa at pagbabago. Ipinakikita ng pahayag na *“Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo, at ang lumang tanikala’y lalagutin mo ng punglo!”* ang pagnanais na makamit ang tunay na kalayaan at katarungan sa lipunan. Ito ay isang paanyaya sa mga mamamayan na magkaroon ng determinasyon at tapang na maglaban at magtalikod sa mga nakasanayang sistema.

Karahasan. Ang karahasan ay isang malawak na isyu na patuloy na nagbabanta sa kapayapaan, seguridad, at kabutihan ng isang lipunan. Ito ay isang aktong paggamit ng pisikal, emosyonal, o verbal na puwersa upang saktan, magdulot ng trauma, o piliting kontrolin ang ibang tao. Ang karahasan ay nagdulot ng labis na pagkabalisa at pinsalang pisikal at emosyonal sa mga biktima nito.

Ipinapakita sa tula ang epekto ng karahasan sa lipunan. Ito ay nagpapahiwatig ng pang-aapi, at kawalan ng seguridad para sa mga mamamayan. Ang karahasan ay nagsisilbing patunay sa paglabag sa karapatan ng tao, at nagdulot ito ng takot at kawalan ng tiwala sa pamahalaan. Ipinapakita rin sa tula ang pangangailangan na matigil ang karahasan at mapanagot ang mga salarin. Makikita ito sa ibabang pahayag:

“Katulad mo ay si Huli, naaliping bayad-utang,

Katulad mo ay si Sisa, binaliw ng kahirapan”

Ayon sa inilabas na ulat ng Philstar.com (1), Oktubre 27, 2023, umabot na sa dalawampu’t dalawa (22) ang mga naitatalang insidente ng karahasan na may kinalaman sa naganap na Barangay at Sangguniang Kabataan (BSK) Elections. Ayon kay PNP-Public Information Office Chief, Police Col. Jean Fajardo, labintatlo (13) sa mga ito ay pawang mga kaso ng pamamaril, dalawa (2) ang pagdukot, isang *grave threat*, dalawa (2) *light threat*, isa *robbery with intimidation at violation of domicile*, isang *discriminate firing*, isang *armed encounter*, at isang *harassment*.

Sa kabuuan, ang karahasan ay isang malalim at malawak na isyu na nagdulot ng pinsala at pagkabalisa sa ating lipunan. Ito ay isang paglabag sa karapatan ng tao at nagpapakita ng kawalan ng seguridad at takot sa mga mamamayan. Sa isang tula, ipinapahayag ang napapanahong pangangailangan na mawakasan ang karahasan at panagutin ang mga salarin. Ang tula ay nagbibigay ng halimbawa ng mga tao na tulad ni Huli at Sisa na nagiging biktima ng pang-aapi at kawalang-katarungan. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagkilos upang mapangalagaan ang kapayapaan, seguridad, at kabutihan ng ating lipunan.

2.2 Suliraning Politikal ng Bansa

Sa isang bayan na puno ng kaguluhan at suliranin sa larangan ng politika, ang pagdaloy ng luha ay tila hindi mauubos. Ito ang hamon na patuloy na hinaharap ng isang bansa, ang patuloy na pagdanas ng hirap at

kalungkutan ng mga mamamayan. Subalit sa kabila ng lahat ng ito, hindi dapat magpagapi at mawalan kaagad ng pag-asa.

Magsisilbing gabay sa pagsusuri ang sumusunod na talahanayan:

Lider - Ang isang lider ay nagtataglay ng mga katangian na nagpapatingkad sa kapabilidad na humubog at magdala ng tagumpay. May mga lider na mabuti, na nagbibigay ng inspirasyon at paggabay sa kanilang mga kasamahan, habang mayroon din namang mga lider na masama, na nagdudulot ng kaguluhan at pagsasamantala sa kapangyarihan.

Makikita sa talahanayan ang suliraning politikal ng lider na nakapaloob sa akda.

Talahanayan 2.1

Lider

Suliraning Politikal ng Lider	Pagpapakahulugan
Sakim	Isang tao na labis na nagpapakamuhangin sa yaman, kapangyarihan, o mga materyal na bagay. Ito ay isang katangian ng pagiging makasarili at pagbubulag-bulagan sa mga pangangailangan at interes ng iba.
Marahas	Isang gawi o kilos na puno ng pagkadahas, karahasan, o kawalang konsiderasyon sa ibang tao o kapaligiran. Ito ay tumutukoy sa mga aktong nagdudulot ng pinsala, sakuna, o kapahamakan sa iba.

Sakim. Sa mundo ng liderato, ang isa sa mga pinakamalakas at mapanuri na mga saloobin na maaaring makasira sa isang pinuno ay ang pagiging sakim. Ang isang lider na sakim ay hindi lamang naghahangad ng kapangyarihan at pag-unlad para sa kanyang sarili, kundi nagpapabaya rin sa kapakanan at pangangailangan ng kanyang mga nasasakupan. Ito ay isang malubhang isyu na may malalim na epekto sa pagsulong at pagkakaisa ng isang organisasyon o komunidad.

Binigyang diin sa akdang tula ang sakit at hirap na dinaranas ng bayan na labis na pinagsasamantalahan ng sakim na lider. Ang sakim na lider na masasalamang sa tula ay nagpapakita ng mga katangiang tulad ng kasakiman, korupsiyon, at pag-abuso sa kapangyarihan. Ang tulang ito ay nagpapahiwatig ng pagsalungat ng mga mamamayan sa pamamahala ng sakim na lider. Nagbibigay ito ng tindig at panawagan para sa pagbabago at pagkakaisa upang labanan ang pang-aabuso at pangungurakot ng namumuno. Ipinapahayag din ng tulang ito ang pag-asa at determinasyon ng mga mamamayan na mayroong pag-asa para sa isang mas magandang kinabukasan kahit sa gitna ng hirap at pagkabigo. Makikita ito sa ibabang pahayag:

“Na sa iyo’y pampahirap, sa banyaga’y pampalusog:

Ang lahat mong kayamana’y kamal-kamal na naubos”

Batay sa binigyang diin nina Carnevale et. al (1), ang kasakiman ng lider ay malamang na magpapalabas ng negatibong emosyonal na reaksiyon at kaugnay na pagtugon ng mga tagasunod na magpapahina sa epektibong pag-andar ng isang yunit ng trabaho. Gayunpaman, ang pag-aakala na ang kasakiman ng lider ay laging magdudulot ng negatibong emosyonal na karanasan at pag-uugali sa trabaho ng mga tagasunod ay maaaring medyo limitado at hindi ganap.

Sa pangkalahatan, Ang pagiging sakim ng isang lider ay isang malaking hamon sa pagpapakabo ng isang organisasyon o komunidad. Ito ay nagreresulta sa hindi patas na pamamahala, korupsiyon, at paglabag sa mga pangangailangan ng mga nasasakupan. Sa pamamagitan ng tula, naipapahayag ang kalungkutan at hirap na dinaranas ng mga mamamayan na labis na pinagsasamantalahan ng sakim na lider.

Marahas. Ang isang lider na marahas ay nagmamay-ari ng mapang-aping pamamaraan ng pamumuno, kung saan ang kapangyarihan at kontrol ay ginagamit upang maghatid ng takot at pagkatakot sa kanyang mga nasasakupan. Ito ay isang malaking panganib sa kaligtasan, kalayaan, at kagalingan ng mga tao sa ilalim ng kanyang liderato.

Ipinapakita sa tula ang ugnayan ng marahas na lider sa pamamagitan ng mga pagsasalarawan ng situwasyon at mga emosyon na nararanasan ng mga mamamayan. Isinasalaysay ng tulang ito ang pamumuno na puno ng pang-aabuso, at kawalan ng paggalang sa karapatang pantao. Ang marahas na liderato na nakikita sa tula ay nagdudulot ng matinding hirap at paghihirap sa mga mamamayan. Makikita ito sa pahayag na:

“Tumatagho, kung paslangin; tumatangis, kung nakawan!”

Sa binigyang pansin nina Mumford et. al (1), natuklasan na ang mga katangian ng ideolohikal na liderato ay nagpapalawak sa dami ng karahasan, at ang paglitaw ng institusyonal at pang-kulturang karahasan — na nagbibigay-katwiran sa pagkakaiba-iba ng institusyonal at pang-kulturang karahasan higit sa mga katangiang pang-pangkalahatan ng mga lider na natuklasang nag-aambag sa karahasan.

Sa kabuuan, ang tula ay nagpapakita ng kamalian at panganib ng isang marahas na liderato. Sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan at kontrol, ang lider na ito ay nagdudulot ng takot at pagkatakot sa mga mamamayan. Ang kanilang mga pagsasalarawan at emosyon ay nagpapahayag ng pagkabahala at paghihirap ng mga nasasakupan.

2.3 Sambayanang Pilipino

Ang sambayanang Pilipino ay isang aktibong partido sa usaping politikal, na nagpapahayag ng kanilang mga paniniwala at naglalayong magkaroon ng pagbabago at kaunlaran sa bansa. Ipinapakita ng sambayanang Pilipino ang kanilang malasakit sa bansa sa pamamagitan ng paglahok sa mga eleksyon, pakikibahagi sa mga kilos-protesta, at pagsasalita tungkol sa mga isyu at mga polisiya ng pamahalaan.

Makikita sa talahanayan ang suliraning politikal ng sambayanang na nakapaloob sa akda.

Talahanayan 2.2

Sambayanang Pilipino

Suliraning Politikal ng Sambayanang Pilipino	Pagpapakahulugan
Kawalan ng Kalayaan	Ito ay maaaring resulta ng iba't ibang mga salik tulad ng pagkakasakop ng isang dayuhan na puwersa, mga batas at regulasyon na nagbabawal sa malayang pagpapahayag ng saloobin at karapatan, o patuloy na pang-aapi at pagsupil ng mga lider
Kawalan ng Katarungan	Ito tumutukoy sa situwasyon kung saan ang mga tao ay hindi natatanggap ang tamang pagbibigay-katarungan o hindi nabibigyan ng nararapat na proteksyon at pagkakataon na magkaroon ng pantay na pag-trato.
Kahirapan	Ang kahirapan ay isang kalagayan kung saan may kakulangan o kulang sa mga batayang pangangailangan ng isang tao o pamilya.

Kawalan ng Kalayaan. Sa pagsikat ng araw sa malayong silangan, nagpupuyos ang puso ng bawat Pilipino sa pag-asam ng tunay na kalayaan. Subalit, sa kabila ng mga matamis na pangarap, naglalayag ang sambayanang Pilipino sa isang karimlan na puno ng panggigipit at kawalan ng kalayaan. Isang salamin ng katotohanan na hinaharap nila, kung saan ang bawat paghakbang ay parang napipigilan ng malalim na paniniil at pagsasamantala.

Ang tulang sinusuri ay nagpapahayag ng mga suliraning politikal na kinahaharap ng Sambayanang Pilipino na kabiguan at kalungkutan ng bansa dahil sa kawawang kapalaran at pagkawala ng kalayaan nito. Ipinapakita rin ng tula ang bunga ng kawalan ng kalayaan, ang pang-aapi at kahirapan na pinagdadaanan ng mga taong tulad ni Huli at Sisa. Sa tula, binigyan din ang pagsasapalaran ng lupain at kasawiang dulot ng dayuhang impluwensiya. Ang bandila at wika ng bansa ay nasa ilalim ng impluwensiya ng dayuhan. Makikita ito sa pahayag na:

“Ang lahat mong kalayaa’y sabay-sabay na natapos”

Isa sa mga akda na nagpapakita ng kawalan ng kalayaan at ang mandato ng kalayaan ay ang nobelang "Ang Kasalanan ng mga Sukat" ni Lualhati Bautista (Bautista, 1). Ang nobelang ito ay humahabi sa kuwento ng isang babae na pinanghahawakan ang kanyang mga pangarap at kaligayahan sa kabila ng mga paghihirap at kawalan ng kalayaan sa kanyang kapaligiran. Ngunit sa kabila ng mga pagsubok na ito, ang pangunahing tauhan ay hindi sumusuko sa pangarap na makamit ang tunay na kalayaan.

Sa paglalarang, ang akda ay naglalarawan ng mga suliranin sa larangan ng politika na kinahaharap ng sambayanang Pilipino, kabilang ang mga kabiguan at kalungkutan ng bansa dulot ng kapalaran at kawalan ng kalayaan. Ipinapakita rin ng tula ang mga resulta ng kawalan ng kalayaan, tulad ng pang-aapi at kahirapan na dinaranas ng mga taong katulad ni Huli at Sisa. Binibigyang diin din ng tula ang pagsasapalaran ng lupain at ang kasawian na dulot ng dayuhang impluwensya, kung saan ang bandila at wika ng bansa ay nasa ilalim ng impluwensya ng dayuhan.

Kawalan ng Katarungan. Sa bawat sulok ng lansangan, ang mga karumal-dumal na krimen ay lumalaganap na parang isang salot na hindi matapos-tapos. Sa gitna ng hirap at pagdurusa ng mga taong nagmamakaawa ng hustisya, may mga iilang handang hamunin ang sistema at ibalik ang tunay na kahulugan ng katarungan sa sambayanang Pilipino.

Ipinapakita sa akda ang pang-aabuso ng mga nasa kapangyarihan at ang pagkawala ng katarungan sa sistemang politikal. Isinasalamin sa akda ang mga indibiduwal na umaabuso sa kanilang kapangyarihan, nagpapahirap sa mga mahihirap, at pinagtatakpan ang kanilang mga katiwalian. Ipinapakita rin ng akda ang pagwawalang-bahala ng ilang mga kasapi ng lipunan sa mga problemang panlipunan. Sa pamamagitan ng mga eksena at tula sa akda, ipinapakita ang kawalan ng pakikiisa at pakikisama ng ilang tao sa mga naghihikahos. Wala silang interes o pagmamalasakit sa kalagayan ng bayan at sa mga nasa laylayan ng lipunan. Makikita ito sa ibabang pahayag:

“Lumuha ka, habang sila ay palalong nagdiriwang,

Sa libingan ng maliit, ang malaki’y may libingan”

Ayon sa inilabas na impormasyon ng *Human Rights Watch* (1), ginagamit ng mga awtoridad sa Pilipinas ang "red-tagging" at iba pang mga uri ng banta at karahasan upang mangamba ang mga lider ng katutubo at aktibista na tumututol sa mga proyektong sinusupportahan ng pamahalaan sa Pilipinas. Ang pang-aabuso at mga pag-atake laban sa mga katutubo ay nagpapabunga ng pagkakaroon ng Pilipinas bilang isa sa mga pinakapeligrosong bansa sa Asya para sa mga aktibista sa kalikasan at mga tagapagtanggol ng lupa.

Sa paglalarang, ipinapakita ng akda ang mga indibiduwal na nagmamalabis sa kanilang kapangyarihan, na nagdudulot ng pagdurusa sa mga mahihirap at nagtatakpan ng kanilang mga katiwalian. Sa pamamagitan ng tula, ipinapakita rin ang kawalan ng pakikipagkaisa ng ilang tao sa mga nasa laylayan ng lipunan. Taliwas sa pagsisikap ng ilang mga indibiduwal na labanan ang sistema at ibalik ang kahulugan ng katarungan.

Kahirapan. Sa malalim na dilim ng kahirapan, nagliliyab ang apoy ng pangangailangan sa mga puso ng sambayanang Pilipino. Nananatiling nakaakbay sa bawat hakbang ng buhay ang naratibo ng naiipit na kamay, hindi lamang ng isa kundi ng marami. Matinding hamon at hinagpis ang hatid ng kawalan ng disentang trabaho, kakulangan sa edukasyon, at kakapusan ng batayang pangangailangan. Subalit sa kabila ng matinding kalbaryo, umaapaw ang tibay at pag-asa sa puso ng bawat Pilipinong nakikipaglaban sa patuloy na hamon ng buhay.

Sa tulang sinuri, ang salitang kahirapan ay y tumutukoy sa dalawang uri ng kahirapan: ang kahirapan ng katawan at ang kahirapan ng pagkabayan. ang kahirapan ng katawan ay nakapaloob sa akda sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga tauhan na naghihirap sa pisikal na kalagayan. Ipinakikita ang mga situwasyon kung saan ang mga mahihirap na mamamayan ay walang sapat na pagkain, tirahan, at pangkalusugan. Ipinapakita rin ng

akda ang patuloy na paghihirap ng mga manggagawa sa mga mapang-abusong kundisyon ng trabaho. Sa kabilang banda, ang kahirapan ng pagkabayan ay nakapaloob sa mga suliraning panlipunan at politikal na ipinapakita sa akda. Ipinapakita ang kawalan ng pantay na pagkakataon at oportunidad sa lipunan, kung saan ang mga mahihirap at api ay nahihirapang umahon mula sa kahirapan. Nagpapakita rin ito ng malawakang katiwalian sa pamahalaan at pag-aabuso ng mga nasa kapangyarihan, na nagdudulot ng pagsasamantala at pagpapahirap sa mga mahihirap. Makikita ito sa pamamagitan ng pahayag na:

“Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha

Ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa”

Ayon sa *World Bank* (1), mula 1985 hanggang 2018, nabawasan ng dalawang-tatlong bahagi ang porsyento ng kahirapan sa Pilipinas, salamat sa mga inisyatibong pang-ekonomiya at pag-iinvest sa imprastraktura, kasama na ang edukasyon. Gayunpaman, ang mga pagpapabuti ay pangunahin na nakatuon sa mga pinakamataong lugar kung saan mayroon nang pinakamaraming oportunidad. Ayon sa *Asian Development Bank* (1), ang pinakamataas na isang porsyento ng mga kumikita ay pinakikinabangan ng pinakamalaki, na nagkakamit ng 17 porsyento ng pambansang kita, samantalang ang tanging 14 porsyento ng pambansang kita ay natatanggap ng pinakamababang 50 porsyento ng populasyon.

Sa pangkalahatan, sa tulang sinuri, ang kahirapan ay ipinakita bilang isang nagliliyab na apoy ng pangangailangan na sumisiklab sa puso ng mga Pilipino. Nakapaloob rin sa tula ang paglalarawan ng kahirapan sa pamamagitan ng mga nasasangkot na naghihirap sa pisikal na kalagayan. Ipinapakita ang mga sitwasyon kung saan ang mga mahihirap na mamamayan ay walang sapat na pagkain, tirahan, at pangkalusugan. Sa ganitong paraan, ipinapakita rin ang mga mapang-abusong kundisyon ng trabaho na patuloy na naghihirap ang mga manggagawa.

3. Lagom ng mga Natuklasan

Ang pagkakaroon ng labis na kapangyarihan ay maaaring humatak ng luha mula sa bayan. Ang pagkakaroon ng labis na kapangyarihan ay maaaring magbunga ng korupsiyon, pag-abuso sa kapangyarihan, at paglapastangan sa mga karapatan ng mga mamamayan. Ang pagsusuring ito ay naglalaman ng masusing pag-aaral sa imaheng politikal ng Pilipinas, suliraning politikal ng bansa partikular na sa lider, at sambayanang Pilipino. Ang pagsusuring ito ay kwalitatibong uri ng pag-aaral na ginamitan ng *content analysis* upang maunawaan at masuri ang akdang “Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan” na layuning mabatid ang tunay na nilalaman at kalagayan ng politikal ng Pilipinas. Ang pagsusuring ito ay ginamitan ng mga teoryang tulad ng teoryang realismo, at marxismo. Ang mga teoryang nabanggit ay makatutulong upang masipat ang tunay na nilalalman ng akda.

Natuklasan ng manunuri ang iba’t ibang imaheng politikal ng Pilipinas na masasalamain sa akdang sinuri ganoon din ang mga suliraning politikal ng bansa partikular na sa lider, at sambayanang Pilipino. Sa imaheng politikal ng Pilipinas, masasalamain sa akda ang korupsiyon, pang-aapi, rebolusyonaryong diwa, at karahasan. Lumitaw din ang mga suliraning politikal ng bansa partikular sa lider tulad ng, sakim, at marahas. Masasalamain din sa akdang sinusuri ang suliraning politikal ng bansa partikular sa sambayanang Pilipino ang walang kalayaan, walang katarungan, at kahirapan. Lumalabas sa pagsusuri na ang pagkakaroon ng sakim at marahas na lider sa isang lipunan ay maaaring humatak ng luha mula sa bayan; korupsiyon, pang-aapi, karahasan, rebolusyonaryong diwa, kawalan ng kalayaan, kawalan ng katarungan, at kahirapan ng sambayanang Pilipino. Ngunit, sa kabila ng lahat ng ito, mayroong mga tao na hindi sumusuko sa pangarap na makamit ang tunay na kalayaan.

Sa pangkalahatan, ang pagsusuring ito ay nakatuon sa masusing pag-aaral sa akdang “Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan” na kung saan natuklasan ang malinaw na nagpapahayag ang akda ng pangamba at luha mula sa bayan dahil sa mga suliranin na nabanggit. Nakikita ang epekto ng korupsiyon, pang-aapi, karahasan, rebolusyonaryong diwa, at kawalan ng kalayaan, kawalan ng katarungan, at kahirapan sa lipunan. Subalit sa

kabila ng lahat ng ito, hindi sumusuko ang ilang indibidwal sa kanilang pangarap na makamit ang tunay na kalayaan. Ipinapakita rin sa akda na mayroong mga taong patuloy na lumalaban at nagtitiwala sa kanilang mga paniniwala. Kahit na may mga lider na sakim at marahas, ang pag-asa para sa tunay na kalayaan ay nanatiling buhay sa mga taong ito.

4. Konklusyon

- Ang akdang "Kung Tuyo na Ang Luha Mo, Aking Bayan" ay kakikitaan ng mga imaheng politikal ng Pilipinas, masasalamain sa akda ang korupsiyon, pang-aapi, rebolusyonaryong diwa, at karahasan na nagpapahirap sa sambayanang Pilipino
- Sa tulang "Kung Tuyo na Ang Luha Mo, Aking Bayan" ay pinalitaw din ang mga katanginaan ng isang lider na nagiging suliraning politikal ng bansa, ang pagiging sakim, at marahas sa mga mamamayang nasasakupan.
Sa prostitusyon, ang babae ay waring isang produkto na siyang kinukunsumo ng kliyente. Ang gawaing ito ay hindi maisasakatuparan kung walang tagatangkilik. Minsan, ang paniniwala na nasa kliyente ang kapahamakan sa kanyang pakikipagtalik sa "Maria Magdalena" ay walang katuturan. Sa kaso ng prostitusyon, ang *prostitute* o patutot ang higit na nasa kapahamakan kaysa sa taong tumatangkilik ng ganitong uri ng serbisyo (Farley, 2018). Ayon naman sa pag-aaral ni Lebni et al. (2020), ang mga babaeng nagbebenta ng laman ay pinipilit na makipagtalik sa paraang hindi ligtas at nagiging dahilan ito upang mahawa ng *sexual diseases*, gaya ng *AIDS* at iba pang *sexually transmitted diseases*. Sa kaso ni Amy, siya ay nagkaroon ng *syphilis* na isang *sexually transmitted infection (STI)* na wala namang lunas. Batay sa kilos o gawi ni Amy na nagpapakita ng pagmamahal sa kanyang mga anak, tahasang masasabi na inilalagay niya ang kanyang sarili sa kapahamakan bilang paraan ng pagganap sa tungkulin ng isang magulang. Inilalantad ng sitwasyong ito ang pagiging makapangyarihan ng pag-ibig.

Mga "Maria Magdalena" (Hilda, Amy, Carol, at Linda) - Carol

Kilos o Gawi ng Tauhan na Nagpapakita ng Pag-aalay ng Pag-ibig	Pagpapakahulugan
Nagtataguyod sa pamilya (<i>breadwinner</i>)	Pasan niya ang responsibilidad na maibigay ang pangangailangan ng pamilya dahil kumikita siya ng pera.

Nagtataguyod sa pamilya (*breadwinner*). Kadalasan, kapag may trabaho na ang isang anak at siya lang ang tanging kumikita ng pera sa pamilya, tila binibihisan siya ng kanyang sahod upang maging isang *breadwinner* na tataguyod sa mga magulang at mga kapatid. Sa maikling kuwento na ito ni Fanny A. Garcia, ganito ang naging tungkulin ni Carol, isang "Maria Magdalena" mula Samar. May bigat ang ganitong responsibilidad para sa isang anak dahil hindi lang nagtatrabaho upang buhayin ang sarili, bagkus ang buong pamilya. Bukod sa nabanggit, nakadaragdag din ito sa sakit ng ulo lalo na kung ang perang kinikita ay hindi sapat para sa pang-araw-araw na gastusin. Ito ang tumutulak sa iba na kumapit sa patalim. Hindi na gumugulog ng oras upang suriin ang desisyon kung ito ay makabubuti o makasasama. Ang tanging nakikita lamang ay ang paraan kung paano kikita ng pera at hindi na ang kahihinatnan ng sariling pagpapasya. Mapalad naman ang ibang *breadwinner* na naiaahon ang pamilya sa pagiging maralita gamit ang tamang pamamaraan ng pagbuo ng desisyon at wastong pagsasakatuparan nito. Patunay ito na may dalawang mukha ang pagiging *breadwinner*: mabuti at masama. Ang gawaing ito ni Carol ay mapapatunayan sa linyang:

"Si Carol ang talagang bumubuhay sa kanyang mga magulang at mga kapatid."

Lumabas sa resulta ng pag-aaral ni Karandikar et al. (2022) na itinuturing ng mga “Maria Magdalena” ang kanilang mga sarili bilang *breadwinner* dahil nakapagbibigay ng pera sa mga kamag-anak sa tuwing dumadalaw sa kanilang bahay, gayundin sa mga anak at mga magulang sa tulong ng kanilang trabaho. Ganitong-ganito rin ang ginagawa ni Carol sa kanyang pamilya. Sa hindi maligoy na pagpapaliwanag, ang paraan ng pag-aalay ni Carol ng pag-ibig sa kanyang mga mahal sa buhay ay sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan.

Mga “Maria Magdalena” (Hilda, Amy, Carol, at Linda) - Linda

Kilos o Gawing ng Tauhan na	Pagpapakahulugan
Nagpapakita ng Pag-aalay ng Pag-ibig	
Pagiging <i>sugar mommy</i>	Tinutupad ang hiling ng karelasyon, materyal man o pinansyal, bilang nakatatanda sa kanilang pagmamahalan.

Pagiging *sugar mommy*. Kapag ang isang nakatatandang babae ay may karelasyong nakababata sa kanya at nagbibigay ng pera o anumang materyal na bagay kapalit ng pag-ibig o pakikipagtalik, siya ay binabansagan bilang *sugar mommy*. Ganito inilarawan si Linda sa akda na bagama’t dalawampu’t tatlong gulang pa lamang ay mukhang lampas na ng trenta. Ang mga nasa ganitong uri ng relasyon ay may posibilidad na pinagsasamantalahan lamang sa kadahilang sila ay napakikinabangan. Minamahal dahil may kailangan, hindi dahil totoong pagmamahal ang nararamdaman. Hindi karaniwang inilalantad sa publiko ang relasyong ito dahil may mga pagkakataon na ang nakababata ay may tinatanging iba o kabaliktaran. Ang pagkakaroon ng *sugar mommy* ay maituturing isang paraan ng pagloloko sa kasintahan, kung mayroon man. Ang dalawang kasangkot ay gumagawa ng sarili nilang mundo na kung saan hindi sila mababanaagan ng karamihan. Para sa mga *prostitute* na *sugar mommy*, hindi imposibleng ang mundong kanilang ginagalawan ay matatagpuan sa isang kwarto at ang perang dumadapo sa mga palad ng nakababatang karelasyon ay produkto ng bawat haplos at halik nito. Mababatid kung sino-sino ang mga taong ginawang *sugar mommy* si Linda sa pahayag na ito:

“Nakailang boyfriend na si Linda—pulis, “bugaw,” estudyante, istambay.”

“Lahat ginawang *sugar mommy* si Linda, pero wala pa ring kadala-dala.”

Binigyang-diin ni Kristiansen (2019) na ang konsepto ng *sugar mommy* ay nilikha upang tukuyin ang babaeng ginagawa ang lahat upang maibigay sa sarili ang kaluguran dahil nakakaangat na siya pagdating sa estado ng pamumuhay. Sa sitwasyon ni Linda, ang kanyang pagiging *sugar mommy* ay dulot ng pagnanais niyang magkaroon ng dakilang lalaki sa buhay na waring hindi pa naipapanganak sapagkat hindi niya pa nakikilala kaya mapapansin sa kanyang mga naging karelasyon na kahit sino ay kanyang pinatulan. Iba ang paraan ng pagpapakita ni Linda ng pag-ibig sa ibang mga “Maria Magdalena” dahil iniaalay niya ito sa mga lalakeng inaasahan niyang magiging kabiya sa hinaharap, sa halip na sa kanyang pamilya. Sa pangkalahatan, walang iisang paraan ng pag-aalay ng pag-ibig sa mga mahal sa buhay. Ito ay naiiba batay sa pagtugon sa sariling kagustuhan at sa kahingian ng sitwasyon.

Mga “Maria Magdalena” (Hilda, Amy, Carol, at Linda) - Nanay

Kilos o Gawing ng Tauhan na	Pagpapakahulugan
Nagpapakita ng Pag-aalay ng Pag-ibig	
Pagsisilbi sa anak	Tinatangi ang anak kung kaya’t bukal sa puso ang pagsisilbi upang maiparamdam ang pagmamahal ng isang magulang.
Pagdidisiplina sa anak	Kaakibat nito ang kagustuhan ng magulang na maging isang mabuting tao ang anak sa paglaki nito.
Pagmamalasakit sa anak	Walang ibang hinahangad ang magulang kung hindi kapakanan ng kanyang anak.
Pagtanggap sa anak sa kabila ng kamalian nito sa buhay	Hindi ipinagdadamo ang pagmamahal ng isang magulang na hihilom sa sugat ng anak na dulot ng mga maling desisyon sa buhay.

Pagsisilbi sa anak. Para sa isang magulang na mahal ang kanyang anak, lahat ay gagawin para lamang

maiparamdam ito sa kanya. Kahit gaano man kahirap ang sitwasyon, gagawa at gagawa ng paraan upang hindi maipasa sa anak ang bigat ng responsibilidad bilang magulang. Hindi kabilang dito ang mga sitwasyon na kinakailangan na ng isang anak na tumayo sa sarili niyang mga paa sapagkat taglay na niya ang kakayahan upang kumita ng pera sa sarili niyang gawa. Lubos na nagiging mahirap ang papel ng isang magulang kung mag-isa niyang itinataguyod ang pamilyang bunga ng pagmamahal. Sa akda, ang ina ni Hilda ay kanya ring ama sa kadahilanang sumakabilang-buhay na ito kung kaya't dagdag ito sa tungkulin ng kanyang natitirang magulang. Sa ganitong guhit ng kapalaran, hindi dapat hinahayaan na mag-isang binubuhay ng magulang ang isang pamilya. Hindi dapat ito maging ugat upang hindi na iparamdam sa anak ang pagmamahal na pupuno sa kanyang pagkatao.

Ang ina ni Hilda ay kakikitaan ng pagiging mapagmahal sa tulong ng sumusunod na pahayag:

"...binibili niya ang anumang magustuhan ko."

"Wala akong alam sa bahay, siya kasi ang trabaho nang trabaho."

"Siya ang naglalalatag at nagliligpit ng aking hinigaan."

"Mamasaherin ni Nanay ang mga balikat, braso't kamay kong nangalay sa mabibigat na tray, ang mga paa't binti kong parang naging semento sa kapaparoo't parito."

Ang pagmamahal at pakikiramay ng isang ina ang siyang mahalagang sangkap para sa pag-unlad ng isang anak. Naipamamalas ito ng walang inaasahang anumang kapalit sa pamamagitan ng sumusunod: paghalik, pagyakap, pag-aalaga, paghahain ng masarap na pagkain, paghahatid ng kaginhawaan, at pagdarasal sa ikatatagumpay ng anak. Bunga nito, nagkakaroon ng tiwala sa sarili at motibasyon ang isang bata at nakakamit din niya ang tagumpay sa kanyang buhay (Manap, 2015). Sa maikling kuwento, mababakas sa mga kilos ng ina ni Hilda ang konsepto ng pag-ibig na repleksyon ng isang pagiging mabuting magulang para sa nag-iisang anak na binansagan naman bilang pinakamaganda sa Looban kung saan ito isinilang at lumaki. Pinapakita ng ina ni Hilda ang *act of service* bilang kanyang *love language* sa anak. Ibig sabihin, naiparamdam niya ang pagmamahal sa pamamagitan ng pagsisilbi tulad ng nabanggit sa mga pahayag na kaakibat ng kanyang pagganap sa tungkulin ng isang magulang.

Pagdidisiplina at pagmamalasakit sa anak. Likas na para sa isang magulang na turuan ang kanyang anak ng mabuting asal habang ito ay lumalaki. Sa pagdidisiplina, lumilitaw ang konsepto ng *parenting style*. Ang nakikinabang sa ganitong gawain ay hindi lamang ang parehong magulang at anak, maging ang mga taong makakasalamuha sa araw-araw na pamumuhay. Ang pagpapakita ng malasakit ay nangangahulugang paghahangad ng kaligtasan para sa mga anak. Patunay rito ang sitwasyon ni Hilda nang matuklasan ng kanyang ina ang pagbebenta niya ng katawan na inilihim niya para kumita ng pera kung kaya't nagkaroon ng bahagyang pagbabago sa kanilang relasyon. Isa sa mga dahilan sa likod ng pagdidisiplina at pagmamalasakit ay ang katotohanan na ang pag-uugali ng anak ay nagiging repleksyon kung paano ito pinalaki ng magulang. Kapag lumalaking mabait ang isang bata, may mga pagkakataong mapagsasabihan ito ng "nagmana ka talaga sa magulang mo," ngunit kung lumaki naman itong tulad ni Hilda na naging *prostitute*, hindi imposibleng marinig ang mga katagang "hindi siguro napalaki nang maayos ng magulang kaya naging ganyan."

Ang pagdidisiplina at pagmamalasakit ng ina ni Hilda sa kanya ay masasalamain sa mga pahayag na:

"Ayaw niyang magsuot ako ng pantalon. Ayaw niya ng bestidang maigsi at hapit, malalim ang ukad sa dibdib o balikat. Ayaw niya ng meyk-ap at kiyuteka. Ayaw ng babaeng nagsisigarilyo at umiinom."

"Hindi baleng mahirap tayo, kahit pa magutom, basta marangal lang."

Ayon kay Del Rosario (2016), ang *parenting style* ay nakatutulong sa paghubog ng pagkatao ng mga anak at nagbibigay-daan upang higit na maging malapit ang relasyon ng mga ito sa kanilang mga magulang. Ilan sa mga

pagdidisiplinang ginagawa ay ang paghawak ng pera, pamamaraan ng pananamit, pagpili ng kurso, pananampalataya at iba pa. Buhat nito, naipipinta ng isang anak sa kanyang isipan kung ano ang mga tutularin at hindi tutularin na mga paraan ng pagdidisiplina kung sakaling maging ganap na magulang sa hinaharap batay sa sariling karanasan. Sa maikling kuwento, ang pagdidisiplina ng magulang ay hindi naging hadlang kay Hilda upang mabawasaan ang pagmamahal sa ina, ngunit ang pagiging *prostitute* naman ni Hilda ang naging dahilan upang magkaroon ng bubog ang pagmamahal ng kanyang ina para sa kanya.

Hindi mag-aaksaya ang magulang ng oras sa pagdidisiplina sa anak at hindi ito magpapakita ng pagmamalasakit kung walang pagmamahal na pinaghuhugutan nito. Maaari niya lamang itong pabayaan sa mga pagpapasyang gagawin sa buhay kung ang pagmamahal ay hindi siyang dahilan sa pagtuturo ng mabuting asal. Kaya masasabing ang pagdidisiplina at pagmamalasakit ay mga paraan ng pag-aalay ng pag-ibig ng ina ni Hilda sa kanya. Ang pagdidisiplina ay hindi kasingkahulugan ng pagpaparusa, bagkus pagpapakita ng tamang pamamaraan ng pagkilos, gayundin ang malasakit ay pagpapakita ng paghahangad ng kaligtasan para sa anak.

Pagtanggap sa anak sa kabila ng kamalian nito sa Buhay. Maraming dahilan kung bakit sa kabila ng pagkakamali ng isang tao ay nagagawa pa rin itong tanggapin. Ang pagmamahal ay isa sa mga dahilan. Ganitong-ganito ang nangyari kay Hilda. Nagawa pa ring yakapin ng kanyang ina ang pagsisinungaling niya tungkol sa kanyang trabaho bilang isang *prostitute*. Ipinapakita nito na hindi sa lahat ng pagkakataon ay matitiis ng isang magulang na nakikitang nagdurusa ang isang anak dahil sa kamalian nito sa pakikipagsapalaran sa mundong tinahak. Ipinaparamdam pa rin ng isang magulang ang pagmamahal dahil ito ang magpapahilom sa sugat na dulot ng mga maling pagpapasya ng anak sa kagustuhan nitong makatulong sa pamilya o magkaroon ng magandang buhay. Ang pagtanggap ng ina ni Hilda sa kanya ay mauugat sa linyang:

“Uuwi na ‘ko kay Nanay ngayong gabi. Talagang mahal niya ako, at kahit ano pa ang nangyari sa aki’y tatanggapin niya ako.”

Sa artikulo ng Schools Division of City of Meycauayan (2023), walang katumbas ang pagmamahal ng isang magulang. Patuloy itong aalalay sa bawat paglalakbay ng anak upang matiyak na hindi ito mawawalay sa kanyang piling. Palagi nilang iniisip ang magiging kapakanan at ikabubuti ng pinakamamahal na anak kaya’t hindi mapapagod sa pagbibigay ng mga paalala at handang isakripisyo ang lahat alangalang sa kanya. Sa akda, masasabing isinantabi ng ina ni Hilda ang sama ng loob para muli silang magkasama sa iisang bahay at makapiling ang isa’t isa.

Makikita sa imahen ng ina ni Hilda ang pagiging isang mapagmahal na magulang. Ipinapakita rin nito na hindi nagkulang ang kanyang ina sa pag- aalaga kahit man ito ay nag-iisa na lamang sapagkat sumakabilang-buhay na ang kabiyak nito isang linggo pa lamang matapos maipanganak si Hilda. Batay sa mga kilos o gawi ng mga “Maria Magdalena” at ng ina ni Hilda, mahahagkan ang iba’t ibang paraan ng pag-aalay ng pag-ibig na magpapatotoo na hindi ito limitado sa pagsasabi lamang ng “mahal kita.” Ibig sabihin, madarama ng tao ang pagmamahal sa tulong ng mga bagay na ginagawa at nakikita at hindi lamang iyong sinasambit at naririnig. Gamit ang lente ng teoryang romantismo, malinaw na nakita sa bawat tauhan na sila ay mapagmahal sa kanilang mga mahal sa buhay.

3.2 Danas ng mga “Maria Magdalena” sa mundo ng Prostitusyon

Ang tao ay hinuhulma ng kanyang kolektibong karanasan na produkto ng mga pagpapasyang binuo dahil sa magkakaibang dahilan. Sa usapin ng pagtatrabaho, isa sa mga madalas pagmulan ng diskurso ay kung magkano ang kinikita sa isang araw o hindi kaya sa isang buwan. Sa paraang ito, hindi imposibleng pag-usapan ang karanasan ng tao sa kanyang paghahanapbuhay. Kung itutuon ang paksa sa mga *prostitute*, patutot, bayaran, nagbebenta ng laman, o nag-aalok ng serbisyong sekwal, tahasang mauulinagan mula sa kanila kung paano nakikipagsapalaran sa isang silid kasama ang tagatangkilik ng serbisyong hinahatid upang ang sariling sikmura ay hindi na muling kumalam dulot ng kawalan.

Sa bahaging ito, makikita ang talahanayan na sumasalamain sa mga danas ng mga “Maria Magdalena” sa

kanilang trabaho sa mundo ng prostitusyon.

Talahanayan 2

Danas ng mga “Maria Magdalena” sa mundo ng Prostitusyon

Danas ng mga Maria Magdalena	Pagpapakahulugan
Nakaramdam ng sakit sa buong katawan	Ito ay hindi malabong mangyari sa mundo ng prostitusyon sa kadahilanang katawan ang puhunan upang kumita ng pera.
Biktima ng pang-aabuso	Isa itong patunay kung bakit hindi Tiyak ang kaligtasan sa ganitong trabaho.
Naghatid ng serbisyong sekswal sa magkakaibang lalake	Sa magkakaibang lalake nagbebenta ng laman upang kumita ng mas malaki at magkaroon ng mas maraming kliyente.
Inilihim sa pamilya ang trabaho	Ito ay dahil ang prostitusyon ay ilegal Na paraan ng paghahanapbuhay ayon na rin sa batas hinggil dito.
Pinalitan ang tunay na pangalan	Ginagawa ito upang hindi makilala at manatiling lihim ang pagiging <i>prostitute</i> .
Nalulong sa masasamang bisyo	Bunga ito ng masamang impluwensya ng mga nakakasalamuha sa trabahong pinasukan.
Nagpalaglag na ng bata	Hindi na bago ang ganitong pangyayari sa mga <i>prostitute</i> dahil isa itong paraan upang magpatuloy pa rin sa trabaho at hindi madagdagan ang hirap ng buhay sa pagpapalaki ng bata.

Nakaramdam ng sakit sa buong katawan. Kung pagbebenta ng katawan ang paraan ng pagkita ng pera, hindi nakapagtataka kung sumakit ang buong katawan dahil sa simpleng dahilan: katawan ang puhunan. Ganito ang nangyari kay Hilda nang maghatid siya ng serbisyong sekswal kay Uncle sa isang *five-star hotel*. Ito ang una niyang pagkikipagtalik sa ngalan ng pera. Dahil dito, naramdaman niya sa buong katawan ang sakit at pagkahilo. Tiniis niya lahat para sa kanyang ina na nasa ospital. Hindi lang magulang ang kayang magsakripisyo para sa anak, kaya rin ng anak magsakripisyo para sa kanyang magulang. Nakikita rito ang kalakasan ng babae na harapin ang hirap ng kanyang pakikipagsapalaran. Ang karanasang ito ni Hilda ay mababatid sa mga pahayag na:

“Noon ako unang naglasing. Tanghali na nang magising ako kinabukasan at wala na si Uncle. Sa mesita’y nakapatong ang isang sobrang may limang libo.”

“Nahihilo ako. Masakit na masakit ang aking buong katawan. Umiyak ako nang umiyak, nakasubsob sa mantsa ng dugo sa kama.”

“Nang bandang huli’y naisip ko, para ano pa nangyari’t nangyari na. Naligo ako, nag-ayos. Sumakay ng taksi papuntang ospital. Halos hindi ako makalakad.”

Ilan sa mga hindi magandang dulot ng pagiging *prostitute* ay ang pagkakasakit, gaya na lamang ng pagkakaroon ng *syphilis* ni Amy. Ayon sa artikulo ni Taylor (2021), ang pagkasira ng tinatawag na *vaginal ph levels* at *vaginal fluids* ay dulot ng ilang ulit na paghuhugas ng ari ng babae na minsan ay ginagamitan ng nakasasamang sangkap o *harmful substances*. Hindi ito imposibleng maranasan ni Hilda lalo pa’t nasimulan na niya ang trabaho ng isang *prostitute*. Hindi biro ang hirap na tinitii ng mga tulad ni Hilda dahil hindi madaling matuklasan kung ang taong nakikipagtalik sa kanya ay may sakit na maaaring makahawa, maliban na lamang kung magpakonsulta sa doktor o makaramdam na ng mga sintomas.

Biktima ng pang-aabuso. Tunay ngang walang katiyakan ang kaligtasan ng mga *prostitute* sa kanilang trabaho dahil hindi agad matutukoy ang taglay na ugali ng kanilang kliyente. Karaniwang lumalabas ang hindi magandang pag-uugali ng lalaki kapag kasama na ang “Maria Magdalena” sa kama. Hindi lahat ng babae ay kayang ipagtanggol ang sarili sa ganitong sitwasyon. Hindi lahat sa kanila ay titigil na sa ganitong trabaho matapos maranasan ang pang-aabuso. Mayroon at mayroon pa ring magpapatuloy dahil ito lang ang kayang gawin upang buhayin ang sarili at pamilya. Sa kaso ni Hilda, mailalarawan ang kanyang naging karanasan sa sumusunod na pahayag:

“...sinampal ako nang sinampal. Nagdugo ang labi ko, buti’t walang lumipad na ngipin ko.”

“Mas maganda raw pala ako ‘pag may dugo sa mukha. Sinampal uli ako nang sinampal, tinadyakan nang tinadyakan. Pagkatapos ay inihagis ako sa kama, pilit akong pinapadapa, gustong i-sex ako sa puwit.”

“Suwerte ko, nahawakan ko ang flower vase at ubos-lakas na ipinalo sa kanyang ulo. Nabulagta siya, nagdugo ang kanyang ulo. Takbo na ‘ko sa elevator.”

Samantala, iba naman ang naging karanasan ni Carol dahil siya ay ginahasa. Patunay ang linyang ito:

“Ginahasa siya ng amo pero nang magsumbong siya sa among babae, pinalayas siya.”

Dagdag pa, kakila-kilabot naman ang hinantungan ng buhay ni Linda sa mundo ng prostitusyon batay sa pahayag na:

“...nabalitaan na lang namin na nakitang patay si Linda, itinapon sa tambakan—nakagapos ang mga kamay, may pasak na panty sa bibig, putol ang mga suso, ginawang ash tray ang pusod, sa ari’y isinaksak ang hairbrush.”

Ang pare-pareho nilang karanasan ay mauugat sa panahon ng pananakop ng mga hapon na kung saan naging talamak ang mga katagang “comfort woman” kasabay ng pang-aabuso sa kababaihan (Henson, 2016). Sa mundong ginagalawan ng mga *prostitute*, ang pang-aabuso ay hindi basta-basta maiiwasan dahil dinodolina ng kalalakihan ang mga tulad nina Hilda at Carol na nagbebenta ng kanilang katawan. Maihahalintulad ang kalalakihan sa mga prinsipeng na pinagsisilbihan. Lumilipad ang kanilang pera at dumadapon sa mga palad ng mga “Maria Magdalena” pagkatapos ng pansamantalang aliw sa silid na ang ilaw ay maaaring patay-sindi. Sa kabila ng hirap sa bahagi nina Hilda, hindi naman maiwawaksi na nabibigyan sila ng oportunidad ng prostitusyon upang kumita ng pera.

Naghatid ng serbisyong sekswal sa magkakaibang lalake. Tulad ng ibang negosyo, ang pagbebenta ng laman ay hindi hamak na mas malaki ang kinikita kapag mas marami ang inaalukan ng serbisyong sekswal. Ang apat na “Maria Magdalena” ay pare-pareho ring nagkukunwaring nasasarapan sa kliyente. Sa danas ni Hilda, nabibigyan siya nito ng pagkakataon na maranasan ang mga bagay tulad ng matulog sa mga mamahaling motel at hotel na garantisadong hindi niya malalasap kung hindi pagiging *prostitute* ang kanyang trabaho. Sa mundo ng prostitusyon, kapag may isang mabenta sa iba’t ibang lalake, tiyak na pagmumulan ito ng inggit mula sa mga kasamahan, gaya ng naranasan ni Hilda. Maiuugnay rin dito ang isa mga ugali ng ibang Pilipino na nagbabago ang pagtingin sa kapwa kapag sa tingin niya ay nahihigitan na siya lalo pa’t kung isang mundo lang ang kanilang ginagalawan, tulad ng mundo sa prostitusyon. Sa tulong ng sumusunod na pahayag ay mapapatunayan ang karanasang ito ni Hilda:

“International ako—lahat ng kulay, natikman ko. Mabenta ako, kaya inis sa’kin ang ibang babae. Mahina sa’kin ang five hundred pesos isang customer. Puwede sa’kin ang pila-pila.”

“Sa motel sa compound ako madalas humiga, pero lahat ng five-star hotels na ‘yan ay nalibot ko.”

Masasalamang naman ang danas sa magkakaibang lalaki nina Hilda, Amy, Carol, at Linda sa linyang:

“Pare-pareho lang na umaarteng nasasarapan sa sex sa customer para kumita nang malaki.”

“Pare-pareho nang nagkasakit sa lalake.”

Sa ulat ng ABS-CBN News (2024), ang kalalakihang lumalahok sa prostitusyon o sinumang tao ay puwedeng makulong ng 30 araw at kung paulit-ulit itong ginagawa, puwedeng umabot hanggang 6 na buwan. Ito ay dahil may parusa rin ang kliyente sa ilalim ng batas sa *human trafficking*. Ibig sabihin lamang nito na sa parehong sitwasyon ni Hilda, hindi lang siya ang mapaparusahan, kung hindi pati ang tumatangkilik sa kanyang pagbebenta ng aliw.

Sa kabila ng nakasaad sa *article 202* ng *Revised Penal Code* hinggil sa prostitusyon na ang kababaihang nakikipagtalik o gumagawa ng malalaswang bagay para sa pera ay itinuturing *prostitute*, tila hindi pa rin ito sapat upang hindi na muling pasukin ng kababaihan ang mundo ng prostitusyon.

Inilihim sa pamilya ang trabaho. Kung ang isang tao ay kumikita ng pera sa paraang hindi tanggap ng karamihan sa lipunan, tiyak hindi niya ito ipababatid. Isa sa mga dahilan sa likod nito ay ang takot na ipagtabuyan ng sariling pamilya at hindi na kilalanin bilang isang anak. Nagsimula ang pagpasok ni Hilda sa kanyang trabaho nang makilala niya si Mother o Mama- san, nagbebenta ng mga babae sa bar na kung saan asawa niya ang may-ari na si Uncle, sa restoran na kanyang pinagtatrabahuan noon. Ang paglilihim ay isang kasalanan sa ganang sarili, karagdagang kasalanan naman ang pagiging *prostitute* dahil ang tao ay nakikipagtalik sa hindi naman nito asawa. Ang paglilihim na ito ni Hilda ay mababakas sa sumusunod na pahayag:

“Hindi nahalata ni Nanay ang pag-a-ago-go dancing ko.”

“Bukod sa ilang bikini’y bumili rin ako kay Mother ng seksing bra at panty. Akala ni Nanay ay bagong uso lang ang mga pansayaw ko.”

Ang gawaing ito ni Hilda ay gawain rin ng kasamahan niya sa trabaho na sina Amy, Carol, at Linda. Patunay ang linya na ito:

“Pare-parehong hindi alam sa pamilya namin ang aming tunay na trabaho. Kanya-kanya kaming imbento ng pag-asenso.”

Ayon kina Purba at Negara (2018), lumabas sa resulta ng kanilang pananaliksik na may mga mag-aaral ang naghahatid ng serbisyong sekswal sa paraang palihim. Hindi kinikilala bilang masama ng mga taong ito ang kanilang trabaho dahil ito ang nagbibigay sa kanila ng oportunidad upang maibigay ang pangangailangan ng pamilya. Sa mundong ginagalawan ng mga “Maria Magdalena,” nababalot ng hiwaga ang kanilang trabaho. Ang alam ng kanya- kanya nilang pamilya ay kumikita sila ng pera sa marangal na paraan. Pinatutunayan din nila na hindi lamang sa basura makikita ang pera, kung hindi pati sa kama. Kapag pamilya ang nasa likod ng bawat kilos ng tao, halos lahat ay gagawin. Kabilang ang mga bagay na hindi inaasahan mula sa kanila, gaya ng pagiging patutot nina Hilda, Carol, Amy, at Linda.

Pinalitan ang tunay na pangalan. May mga *prostitute* na binibinyagan ang kanilang sarili ng bagong pangalan sapagkat sila ay nasa mundo ng prostitusyon na hinuhusgahan, pinandirian, at pinagmumulan ng tsismisan. Ito ay ginawa ng mga “Maria Magdalena” sa kanilang pamilya at maging sa kanilang mga kaibigan. Ang ugat ng kilos na ito ay ang katotohanan na ang prostitusyon ay kinikilala bilang ilegal na trabaho dito sa Pilipinas. Ayon sa *Revised Penal Code* 341 sa *White Slave Trade* na inamyendahan ng Batas Pambansa Blg. 186, ipinapataw nito ang parusang pagkakakulong mula 8 hanggang 12 taon sa mga taong nagbebenta ng katawan sa anumang paraan at iyong tumatangkilik sa nasabing serbisyo. Samantala, binigyang-kahulugan sa *Anti-Trafficking in Persons Act* o RA 9208 na inamyendahan ng RA 10364 ang prostitusyon bilang anumang gawain o transaksyon ng isang tao sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng pakikipagtalik kapalit ng pera. Pinaparusahan din ng naturang batas ang pagbebenta ng tao sa ngalan ng prostitusyon (Seksyon 11) at nagbibigay ng legal na proteksyon sa mga nagbebenta ng aliw na biktima ng *trafficking* o pagkalakal sa tao sa paraang sekswal (Seksyon 17).

Ginagawa ng mga taong nagbebenta ng aliw ang pagpapalit ng kanilang pangalan upang sila ay hindi madaling matukoy o makilala, maliban na lamang kung pasukin ng mga awtoridad at mga kakilala ang kanilang pinagtatrabahuan. Nakadaragdag din dito ang pagkahiya sa mga kaibigan lalo na kung ang mga patutot na ito ay hindi kakikitaan ng anumang hudyat na sila ay hahantong sa ganitong klaseng trabaho dahil sila ay maaaring kilala noon bilang tahimik, mahinhin, marangal, at iba pa. Hindi aakalain na sila pala ay mahusay sa pakikipagtalik, tulad ni Hilda dahil siya ay tinuruan ni Mother na kanyang naging titser. Mababakas ang mga danas na ito sa sumusunod na pahayag:

“Pare-parehong binyag lang ang mga pangalan. Ako nga, kahit sa barkada ko’y hindi ko pa

nasasabi ang address ko."

"Mahusay ako sa sex, at si Mother ang naging titser ko. Tinuruan niya ako ng mga teknik...pinapanood niya ako ng mga pelikulang porno, pinahiram ng mga magasing may mga retratong porno."

Ang pagpalit ng pangalan ay estratehiya ng mga taong nagbebenta ng katawan upang ikubli ang kanilang sarili na sila ay nabibilang sa mundo ng prostitusyon, gayundin ang makaiwas sa pamamahiya ng kanilang komunidad, pamilya, kaibigan at maging ng mga awtoridad at hindi maabuso ng mga ito (Berthe, 2018). Sa madaling sabi, ang pagpapalit ng tunay na pangalan ay paraan ng paglilihim at pagsisinungaling upang makaiwas sa panghuhusga ng mga taong nakapaligid sa kanila. Ang danas na ito ng mga "Maria Magdalena" ay repleksyon ng kanilang sakripisyo sa paraang gumagawa ng masama alangalang sa mga mahal sa buhay.

Nalulong sa masasamang bisyo. Karaniwang nalululong ang tao sa masasamang bisyo dahil sa impluwensya ng mga kaibigan o kakilala. Dagdag pa rito ang kanyang kapaligiran na tila karaniwan na ang pagtangkilik sa ganitong gawain. Sa mundong ginagalawan ng mga "Maria Magdalena," malaya silang gawin ang anumang naisin lalo na't malayo sila sa kani-kanilang pamilya at lihim sa mga ito ang tunay nilang trabaho. Walang didisiplina at magpapaalala kung ano ang kapahakamang hatid ng kanilang mga bisyo. Hindi lang nila sinisira ang kanilang buhay, bagkus pati ang kakayahan ng kanilang isipan na makapag-isip nang matino. Partikular sa danas ni Hilda, dahil sa pagbibisyo ay nagagawa niyang makipagtalik sa isang lolo, kalbo't bundat, mabaho ang kilikili't hininga, putol ang mga hita't paa, maging sa taong iyak nang iyak at saka bubunghalit ng tawa, gayundin sa taong itinatali siya sa kama. Ang sumusunod na pahayag mula sa akda ay magpapatotoo sa sinapit na ito ng mga *prostitute*:

"Nakakasampu hanggang labingwalong tableta ako isang araw."

"Pare-pareho kaming umiinom, nagma-marijuana, at nagda- drugs."

Malaki ang bilang ng kababaihang sangkot sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot sa magkakaibang *sex industries*. Ang mga nagbebenta ng laman ay gumagamit ng droga, ngunit ang kanilang paggawa ng mga gawaing itinuturing krimen ay hindi dahil sa impluwensya ng paggamit nila ng ipinagbabawal na gamot (Olofinbiyi et al., 2019). Hindi maitatangging ginagawa rin nina Hilda, Amy, Carol, at Linda ang binanggit na paggamit ng droga. Ang prostitusyon sa ganang sarili ay isang krimen. Kaya, masasabing sangkot ang mga nabanggit na "Maria Magdalena" sa mga gawaing labag sa batas, lalo na si Hilda na napatay ang kanyang sadistang kliyente dahil sa pambubugbog nito sa kanya sa kalagitnaan ng kanilang pagtatalik. Nakababahala ang pagkalulong sa droga ng mga *prostitute* sa kanilang trabaho dahil hindi lamang ito magdudulot ng pinsala sa kanilang sarili, maging sa kanilang pakikitungo sa mga kliyente at lalong-lalo na sa kanilang pamilya. Kung hindi tanggap ng karamihan ang kanilang trabaho, mas lalong hindi ito tatanggapin kung sinasabayan pa ng paggamit ng ilegal na droga.

Nagpalaglag na ng bata. Ito marahil ang regalo ng Maykapal na hindi kayang tanggapin ng lahat ng kababaihan na nasa mundo ng prostitusyon. Isa ito sa mga iniwasang mangyari sa kadahilanang lalo silang masasadlak sa kahirapan sa pagbuhay sa bata. Hindi ito kabilang sa layunin ng pagiging *prostitute*, bagkus bunga ng hindi pagiging maingat ng dalawang kasangkot. Sa akda, pera ang pangunahing dahilan kung bakit nagbago ang takbo ng buhay ng apat na mga "Maria Magdalena." Ang higit na dumudungis sa kanilang imahen bilang mga patutot ay ang pagpapalaglag nila ng bata na wala namang kasalanan. Ang inosente ay nadadamay bunga ng kanilang kamalian. Ginagawa ito sa mundong kanilang ginagalawan dahil nakasalig ang ilan na ang trabaho ay trabaho at kapag hindi pananagutan ng lalake, ang pagpapalaglag ay isa sa maaaring hantungan ng hindi makataong pagpapasya. Ang pagpapalaglag nila ng bata ay mapapatunayan sa linyang ito na binanggit ni Hilda:

"Pare-pareho nang nagpalaglag."

Ang mga *prostitute* ay lapitin ng hindi planadong pagbubuntis at aborsyon. Ang karaniwang dahilan nito ay ang hindi paggamit ng *condom* ng kliyente at kapag ang dalawang kasangkot ay parehong nakainom habang

nakikipagtalik. Karamihan sa mga patutot ay nagpapalaglag sa paraang ilegal na paggamit ng *misoprostol* na isang gamot. Dahil ilegal, sa pampublikong ospital pa rin ang kanilang bagsak at mayroon na sila nitong *infection* at *hemorrhagic complications* o *internal bleeding* (Madeiro at Diniz, 2015). Bilang pag-uulit, hindi nakagugulat kung magdalang-tao ang isang *prostitute* sa sinumang lalake na kanyang kliyente. Katawan ang kanyang puhunan kaya nasa katawan rin ang kabayaran ng trabahong kanyang pinasok.

Sa kabuuan, mapanganib ang mundo ng prostitusyon batay sa mga kolektibong danas ng mga “Maria Magdalena.” Hindi lahat mananatili sa ganitong klaseng mundo, maliban na lamang kung nakagapos na sa kama ang sarili ng bawat patutot na waring mahirap na para sa kanila ang kumawala at maging malaya. Noon, pinaniniwalaan na lalake lamang ang nagtataglay ng katangian bilang malakas, ngunit ang danas ng apat na *prostitute* ay nagpapakita na taglay rin nila ang parehong katangian. Sila ay babae, hindi babae lang. Kung hindi pagiging “malakas” ang sinasalaman nila sa kanilang mga karanasan, marahil higit pa sa naturang salita ang magbibigay-katangian sa kanila.

Sa pamamagitan ng pagsuri sa danas ng mga *prostitute* gamit ang lente ng teoryang feminismo, magagawang maangat ang pagtingin sa kababaihang ito bunga ng kanilang sakripisyo at pakikipagsapalaran batay sa akda ni Fanny A. Garcia.

3.3 Salik na nagtulak sa mga “Maria Magdalena” upang maging Prostitute

Gaya ng isang bata, hindi ito mag-aaral kung walang pangarap o adhikain sa buhay. Ang isang babae ay hindi matatawag na ina o magulang, kung walang anak. Ibig sabihin, may mga salik na nagbibigay-dahilan sa bawat pagkakakilanlan. Para sa mga “Maria Magdalena,” may salik na nagtulak o patuloy na tumutulak sa kanila upang kilalanin pa rin bilang mga babaeng *prostitute*, patutot, bayaran, nagbebenta ng laman, o naghahatid ng serbisyong sekswal. Mababatid na hindi nila pinasok ang mundo ng prostitusyon ng walang dahilan. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang mga salik kung bakit nagging *prostitute* sina Hilda, Amy, Carol, at Linda.

Talahanayan 3

Salik na nagtulak sa mga “Maria Magdalena” upang maging Prostitute

Salik sa pagiging <i>prostitute</i>	Pagpapakahulugan
Kahirapan	Nagiging dahilan ito upang gawin ng isang tao ang bagay na labag sa kalooban, hindi tanggap ng karamihan, at inilalapit ang buhay sa kapahamakan.
Pagkabigo sa pag-abot ng pangarap	Napapagpasyahan ng tao na gawin ang isang bagay na maaaring makatulong sa kanya na muling maabot ang pangarap sa susunod na pagkakataon.
May kalakihan ang kita	Isa sa mga pinagbabatayan kung bakit prostitusyon ang nais na trabaho ng isang tao.
Kakulangan sa edukasyon	Sa prostitusyon, hindi hinahanap ang mga nakapagtapos sa kolehiyo, hangga’t nagagawa ang trabaho ng isang <i>prostitute</i> .

Kahirapan. Habang mayroon pa ring nakararanas ng kasalatan sa buhay, mananatili ang pagdami ng bilang ng mga taong tulad nina Hilda, Amy, Carol, at Linda. Mayroon at mayroon pa ring mga taong kakapit sa patalim. Dagdag pa rito kung ano lang ang kayang ibigay alangalang sa pagtugon sa pangangailangan at kagustuhan ng sarili at ng pamilya. Sa kaso ng apat na *prostitute*, katawan ang kanilang naging puhunan at kaakibat nito ang pagsakripisyo ng kanilang dangal. Ang kanilang pagpasok sa ganitong klaseng mundo ay mababakas sa salik na ito:

“Pare-pareho kaming anak mahirap.”

Sa pamamagitan ng trabahong ito ay natutulungan ni Hilda ang kanyang ina, nakapagpapadala si Amy ng pera sa probinsiya para sa dalawang anak na inaalaagan ng nanay niya, binubuhay ni Carol ang kanyang mga magulang at mga kapatid, at nagagawang kumita ng pera ni Linda na naging dahilan naman kung bakit siya binansagan ng kanyang mga kasamahan bilang *sugar mommy*. Lumabas naman mula sa pananaliksik ni Sanchez (2021) na ang mga naghahatid ng serbisyong sekswal ay pare-parehong kahirapan ang dahilan sa kanilang pagpasok sa mundo ng

prostitusyon. Ito ang dahilan upang malampasan ang mga pagsubok sa pagtugon sa mga pangangailangan ng pamilya. Bunga nito, kinikilala nila ang prostitusyon tulad ng ibang trabaho, bagama't hinuhusgahan sila ng lipunan. Sa madaling sabi, ang prostitusyon ay paraan upang mabuhay sa kabila ng kahirapan. Ito rin ang papel na ginampanan nina Hilda, Amy, Carol, at Linda: tumutulong sa kani-kanilang pamilya dahil sila ay kumikita ng pera sa trabahong kanilang inililihim. Ang kahirapan ay isang salik sa pagiging *prostitute* ng mga nabanggit na tauhan sa maikling kuwento. Ang salik na ito ang ugat ng pagtangkilik sa mga ilegal na gawain, tulad ng prostitusyon, na katawan ang puhunan at nasa katawan din ang kabayaran.

Pagkabigo sa pag-abot ng pangarap. Isang karaniwang bagay ang pagkakaroon ng pangarap sa buhay na nais maabot ng tao pagdating ng panahon. Sa mga pagkakataon na kabiguan ang resulta ng pagnanais na ito, pansamantala itong naisasantabi at gumagawa ng mga bagay na inaasahang makatutulong sa kanya sa susunod na pag-abot ng kanyang pangarap. Sa akda, ang kabiguan ni Hilda na maging isang nars ay mapapatunayan sa sumusunod na pahayag:

"Sinabi ko kay Nanay na gusto kong maging nars, pero bakit daw hindi pagkukulot o pagmomodista, 'yan lang daw siguro ang kaya niya."

"Ibinaba ko ang pangarap ko."

"Napasok akong weytres sa isang restoran."

Ang kanyang pagiging weytres ang naging simula sa kanyang pagkakalantad sa trabaho ng isang *prostitute* nang makilala niya si Mother. Bagama't tinanggihan pa ito ni Hilda dulot ng pagkakabigla, biniro naman siya pabalik. Mababakas ito sa linyang:

"Ayoko po ng masasamang trabaho, magagalit po ang nanay ko."

"Tinawanan ako ni Mother, ang pagsasayaw raw ba'y kasalanan na?"

Hindi mailalagay sa ganitong sitwasyon si Hilda kung hindi lamang nito isinuko ang kagustuhang maging nars na siyang kanyang pangarap, ngunit hindi naisakatuparan dahil sa kawalan ng sapat na pera. Ayon sa artikulo ni Amarvani (2024), binigyang-diin niya na kaakibat ng pag-abot sa pangarap ay ang pagkakaroon ng pera dahil ito ang nagiging daan upang gawin ang mga nais sa buhay, kabilang na ang mga pangarap na mayroon ang isang tao. Batay rito, ang kabiguan ay isang salik kung bakit nagagawa ang mga bagay na kinikilalang ilegal, gaya ng prostitusyon.

May kalakihan ang kita. Sa paghahanap ng trabaho, isa sa mga madalas isaalangalang ay ang kikitain sa isang araw sa serbisyong hinahatid. Sa maikling kuwento, ito ay naging batayan kung bakit napagpasyahan ni Hilda na maging isang *prostitute*, sa halip na manatiling weytres sa isang restoran na siyang alam ng kanyang ina. Malaki ang ginagampanan ng pera sa pagdedesisyon ng tao sa pagpili ng trabaho sa paraang kaya nitong isawalang bahala ang pagiging marangal makatulong lamang sa pamilya. Sa tulong ng sumusunod na pahayag, matutuklasan ang pagkasilaw ni Hilda sa kalakihan ng kita ng isang *prostitute*:

"Sa restoran kami nagkakilala ni Mother. Kumakain siya, nginitian, at kinawayan ako. Gusto ko raw ba ng trabahong madali't malaki ang kita? Siyempre naman, tango agad ako."

"A-go-go-dancing daw."

"Isipin ko raw na mahina ang sandaang piso isang araw. Sandaang piso! Magkano kung gayon ang isang linggo, isang buwan, isang taon! Siyempre naman bigla akong naging interesado."

"Pero ang talagang mas malaking kita'y mula sa tips ng customers kapag itineybol ka, saka sa komisyon sa ladies' drink."

Sa pag-aaral ni Kangiwa (2015), karamihan sa mga *prostitute* ay kumikita hanggang N10,000 bawat araw

(607.28 kung ipapalit sa piso ng Pilipinas) sa kabila ng estado ng buhay ng kababaihan at pagkakaroon ng mababang antas ng kakayahan. Ang kanilang kinikita ay hindi hamak na mas malaki pa kung ikukumpara sa kikitain nila sa ibang trabaho. Sa akda, malinaw na pera ang tumulak kay Hilda upang tanggapin ang alok sa kanya na maging *prostitute* sa isang bar. Mula sa naging kalagayan ni Hilda, hindi mahirap tanggiin ang trabaho na malaki ang kinikita kahit hindi na naiisip ang mga panganib na nakapaloob dito. Dahil sa pagkakasadlak sa karalitaan, kadalasan, ang nakikita lamang ng tao ang iyong madaling paraan ng pagkita ng pera.

Kakulangan sa edukasyon. Nahihirapan ang ibang tao na maghanap ng trabaho bunga ng hindi pagkakaroon ng mataas na antas ng pinag-aralan. Nagiging dahilan ito upang hindi sila matanggap sa ibang trabaho dahil isa sa mga hinahanap ay yaong nakapagtapos sa kolehiyo. Kaya naman, ang ibang tao ay napapadpad sa trabaho na ayon lamang sa abot ng kanilang kakayahan at pinag-aralan. Bukod sa mga nabanggit, nililimitahan din nito ang tao pagdating sa mga oportunidad, partikular ang mga marangal na paraan ng paghahanapbuhay. Ang kakulangan sa edukasyon ng apat na *prostitute* sa akda ay mapapatunayan sa mga linyang:

“High school graduate ako, salamat sa public schools.”

“Sa aming apat, ako na ang pinakamataas ang naabot. Grade three si Amy, grade six si Carol, at naka-first year high school si Linda.”

Batay sa pag-aaral ni Loyzaga (2022), ang mga tao sa Pilipinas na nakapagtapos ng kolehiyo ay nahihirapan pa rin sa paghahanap ng trabaho. Kaya naman, limitado ang oportunidad para sa mga hindi nakapagtapos ng pag-aaral. Ayon naman kay Legarde (2023), ang limitadong oportunidad dulot ng kakulangan ng edukasyon at kakulangan rin ng mga alternatibong trabaho ay tumutulak sa kababaihan upang ang pakikipagtalik ang siyang kanilang maging trabaho. Mula sa antas ng pinag-aral nina Hilda, Amy, Carol, at Linda, maiuugnay ito sa mga nabanggit na pag-aaral kung kaya’t silang apat na kababaihan ay *prostitute* ang naging paaran ng pagkita ng pera. Sa pangkalahatan, maraming salik ang nag-uudyok sa mga babae na maging “Maria Magdalena” kapag ang mga ito ay sadlak sa karukhaan. Gamit ang lente ng teoryang eksistensiyalismo, matutuklasan na sa kabila ng pagiging malaya ng mga *prostitute* sa pagbuo ng desisyon sa buhay, pinili pa rin nila ang prostitusyon bilang solusyon sa kahirapan. Bunga nito, sila ang may pananagutan sa ginuhit nilang kapalaran.

4. Lagom, kongklusyon, at rekomendasyon

Sa bahaging ito inilahad ang mga natuklasan, konklusyon, at rekomendasyon batay sa pagsusuri sa maikling kuwentong “Tayong mga Maria Magdalena” na akda ni Fanny A. Garcia. Ang naging resulta ng pagsusuring ito ang nagbigay-tugon sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Lagom - Ang prostitusyon ay nananatili pa ring isyung panlipunan na pinatunayan ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura. Nabatid na iba ang danas ng mga *prostitute* sa ibang trabaho, gaya ng pagtuturo, kalakalan, at iba pa. Ipinakita nito na may iba’t ibang mukha ang paraan ng pagkita ng pera. Isinagawa ang kwalitatibong pag-aaral sa pamamaraan ng *content analysis* at paggamit ng mga teoryang pampanitikan, tulad ng teoryang romantismo, feminismo, at eksistensiyalismo na nagsilbing gabay sa malinaw na pagsusuri sa prostitusyon bilang isyung panlipunan. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na hindi pa rin nawawala ang pagmamahal ng mga *prostitute* sa kanilang pamilya kahit hindi tanggap ng lipunan ang kanilang trabaho, mahirap ang kanilang danas sa mundo ng prostitusyon ngunit tinitiiis nila ang lahat sa ngalan ng kanilang mga mahal sa buhay, at maraming salik ang tumutulak sa kanila, tulad ng kahirapan, upang magpatuloy sa pagbebenta ng katawan.

Konklusyon - Ang maikling kuwentong “Tayong mga Maria Magdalena” ni Fanny A. Garcia ay umiinog sa prostitusyon bilang isyung panlipunan at sinasalamang nito ang sumusunod:

- Iba’t ibang paraan ng pag-aalay ng pag-ibig ng mga “Maria Magdalena” (Hilda, Amy, Carol, at Linda), gayundin ang nanay ni Hilda.
- Danas ng mga “Maria Magdalena” sa kanilang trabaho sa mundo ng prostitusyon, gaya ng sumusunod:

sakit ng buong katawan, biktima ng pang-aabuso, pakikipagtalik sa magkakaibang lalake, paglilihim sa pamilya hinggil sa tunay na trabaho, pagpapalit ng tunay na pangalan, pagkalulong sa masasamang bisyo, at pagpapalaglag ng bata.

- Salik na nagtulak sa mga “Maria Magdalena” upang maging *prostitute*, tulad ng kahirapan, pagkabigo sa pag-abot ng pangarap, may kalakihan ang kita, at kakulangan sa edukasyon.

Rekomendasyon - Batay sa resulta, buong-pagpapakumbabang inirerekomenda ng manunuri na magsagawa pa ng ibang pagsusuri sa mga akdang tumatalakay sa karanasan ng mga *prostitute* upang higit na maunawaan ang kanilang kalagayan sa trabaho. Hikayatin ang mga nasa nanunungkulan na magsagawa ng mga ordinansa, gaya ng Quezon City Ordinance No. SP-1516, series of 2005 na kinikilala ang mga taong nabanggit bilang biktima at hindi bilang kriminal at ang parusa ay ipinapataw sa mga kliyente o tagatangkilik ng serbisyong sekswal. Pagtibayin ang pagpapatupad sa mga kasalukuyang batas hinggil sa kababihan upang tiyak na maprotektahan ang kanilang mga karapatan. Makipag-ugnayan sa mga organisasyon na may layuning protektahan ang karapatan ng kababaihan. Makiisa sa pagbuo ng mga programa na magbibigay-opportunidad sa mahihirap na matustusan ang kanilang pangangailangan sa marangal at makataong paraan.

5. Sanggunian

- ABS-CBN News. (2024, November 12). Ano ang parusa sa prostitusyon? | ABS-CBN News. ABS-CBN. <https://www.abs-cbn.com/news/03/09/18/ano-ang-parusa-sa-prostitusyon>
- Aho, K. (2023). Existentialism.
- Amarvani. (2024, July 24). The materialistic life is a curse. Amarvani-the Happiness Blog. <https://amarvani.blog/the-curse-of-a-materialistic-life/>
- “Ano ang parusa sa prostitusyon?” *ABS-CBN News*, 9 Mar 2018, <https://news.abs-cbn.com/news/03/09/18/ano-ang-parusa-sa-prostitusyon>
- Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(July Special Issue), 189-204.
- Berthe, P. (2018). The stigmatization behind sex work. *Samuel Centre for Social Connectedness*. Last modified May, 4.
- Bissinger, Liane. “Physical Damage in Prostitution.” *FiLiA Women’s Rights Conference*, 5 Apr. 2020, <https://www.filia.org.uk/latestnews/2020/4/5/physical-damage-in-prostitution>
- Chapman, G. (2010). *The five love languages: The secret to love that lasts*. Chicago, IL.
- Del Rosario, A. D. (2016). Paghahambing sa parenting style ng mga magulang na Pilipino at magulang na Tsino ng mga estudyanteng babae edad 16-20 sa pamantasang De La Salle-Maynila.
- Duria, J. J. (2021). Being Left Behind: Phenomenological Experience and Narratives of Sex Workers in Rural Philippines Amidst COVID-19 Pandemic. *Available at SSRN 4188198*.
- “Enacting the Anti-Prostitution Law: Amending Articles 202 and 341 of the Revised Penal Code (RPC).” *Philippine Commission on Women*. <https://pcw.gov.ph/assets/files/2019/07/PCW-WPLA-Policy-Brief-9-Anti-Prostitution.pdf?x81634>
- Farley, M. (2018). Risks of prostitution: When the person is the product. *Journal of the Association for Consumer Research*, 3(1), 97-108.
- Henson, M. R. (2016). *Comfort woman: A Filipina's story of prostitution and slavery under the Japanese military*. Rowman & Littlefield.
- Irandoost, S. F., Ziapour, A., Ghareghani, M. A. M., Azar, F. E. F., Soofizad, G., Khosravi, B., & Solhi, M. (2020). Experiences and challenges of Prostitute Women in Iran: A phenomenological qualitative study. *Heliyon*, 6(12).
- Kahambing, J. G. S. (2021). Mental health issues of massage therapists who practice sex work during COVID-19 in the Philippines. *Asian Journal of Psychiatry*, 64, 102768.
- Kangiwa, A. G. (2015). The socio-economic factors and effects of prostitution in Nigeria. *European Journal of Research in Social Sciences Vol*, 3(5).

- Karandikar, S., Casassa, K., Knight, L., Espana, M., & Kagotho, N. (2022). "I am almost a breadwinner for my family": Exploring the manifestation of agency in sex workers' personal and professional contexts. *Affilia*, 37(1), 26-41.
- Kristiansen, I. M. (2019). 'A practical way to have a sex life'. *Between the Rationality of Sex Work and the Authenticity of Romance: A critical discourse analysis of the affective practice of sugar dating in Norway* (Master's thesis).
- Legarde, L. M. (2023). Sex industry: Analysis of sex work and sex workers in Zamboanga City, Philippines. SSRN Electronic Journal. <https://doi.org/10.2139/ssrn.4522224>
- Loyzaga Skoglund, J. (2022). Local Entertainers in Cebu, Philippines: Entertainment and Sex Work: The Struggle for Empowerment.
- Macawili, R. (2020). Katawang Babae at ang Imahenaryo ng Nasyon. *TALA: An Online Journal of History*, 3(1).
- Madeiro, A. P., & Diniz, D. (2015). Induced abortion among Brazilian female sex workers: a qualitative study. *Ciência & Saúde Coletiva*, 20, 587-593.
- Manap, J., Idris, F., Zahrin, S. N. A., & Ali, Z. (2015). How do mothers nurture love via parenting? *Jurnal Psikologi Malaysia*, 29(2).
- Mantova, K. S. (2023). Exploring the connection between love languages and relationship satisfaction. *KNOWLEDGE-International Journal*, 57(5), 687-692.
- Mark, G. W. A. (2019). Sex Tourism in the Philippines: A Basis for Planning, and Policy Making and Amendments. *J Tourism Hospit*, 8(416), 2167-0269.
- McLeod, E. (2022). *Women working: Prostitution now*. Routledge.
- Olofinbiyi, S. A., Olofinbiyi, B. A., & Oyefara, J. L. (2019). Use of drugs and criminal behaviour among female adolescent prostitutes in Lagos metropolis, Nigeria. In *Crime and Society* (pp. 65-79). Routledge.
- "Pagmamahal ng Isang Magulang." *SDO Meycauayan Website*, 23 Mar. 2023, <https://sdo-meycauayan.com/2023/03/23/pagmamahal-ng-isang-magulang/>
- Purba, A. S., & Negara, C. P. (2018). The Student Prostitute: The Existence and the Profile of Hidden Prostitution.
- Rojas, V. Y. Larawan ng Kababaihan sa Cyberspace.
- Sanchez, S. R. (2021). The Open Secret Of Male Prostitution In The Philippines: A Descriptive Phenomenological Study. *European Scientific Journal*, 15, 73-84.
- Taylor, L. (2021, February 22). Physical damage in prostitution — FILIA. FiLiA. <https://www.filia.org.uk/latest-news/2020/4/5/physical-damage-in-prostitution>
- Vitriolo, D. A. (2016). Motherhood and maternal practices of prostituted women in the Philippines: A narrative case analysis. *Committee of the WCWS-2016 The International Institute of Knowledge Management*, 1, 8-18.

Pamana ng nakaraan, ang bagsik ni Tatay: Siko-analitikong pagsusuri sa kapangyarihan ng Ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino

Rebato, Presilda ✉

Leyte Normal University, Philippines (presirebato@gmail.com)

Received: 27 March 2025

Available Online: 10 April 2025

Revised: 1 April 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25052

Accepted: 5 April 2025

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Buenaventura Medina Jr.'s work "Kapangyarihan" (Power) is a short story that tackles family issues and reflects on the significance of the father's role in shaping every Filipino family. Upon analysis, the concept of intergenerational transmission of trauma emerges, highlighting the high possibility of passing on traumatic experiences from childhood to children and future generations. Using existentialist, psychological, and moralistic theories, the critic proves that every father has the freedom to choose how to fulfill his responsibilities as a family patriarch, including his parenting style. The influence of the father's actions on those around him is also undeniable. The father's cruelty and thirst for power as a family patriarch create distance between the child and the father. Therefore, the work is an example of a common problem in every Filipino family that is often left unaddressed, treated as a normal phenomenon that occurs in every household. However, this overlooked problem is the same issue that destroys the future of every child, potentially leading them to become poor role models as parents in the future.

Keywords: father, intergenerational transmission of trauma, family, past, influence, role

Pamana ng nakaraan, ang bagsik ni Tatay: Siko-analitikong pagsusuri sa kapangyarihan ng Ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino

1. Introduksiyon

Ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan. Sa parehong paraan na ang mga magulang partikular na ang ama ay may mahalagang ginagamapanan sa paghubog ng bawat pamilya. Bagay na mahirap kung ang padre de pamilya ng isang tahanan ay wala o hindi kaya ay hindi nakakikitaan ng pagiging responsable at mapagmahal sa asawa lalo na sa mga anak. Bilang mahalagang salik ng paghubog sa pagkatao ng mga anak, ang ama ay inaasahan na magpamalas ng mga kilos kabilang na ang paraan ng pagdidisiplina bilang may positibong epekto sa pagpapalaki sa mga bata ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay ganoon ang nangyayari sapagkat ang katotohanan na ang ama ay may sariling istilo sa pagpapalaki ng anak, mayroon ding iba't ibang paraan ng pagtanggap ng pagdidisiplina ang mga anak na nakaayon sa lebel ng magiging sensitibo nito at ang kakayahang maki- angkop sa paggabay ng magulang partikular na ng ama.

Ang kasalukuyang pagsusuri ay iikot sa akda na pinamagatang "Kapangyarihan" ni Buenaventura Medina Jr. na inilathala noong taong 1953 at nagkamit ng unang gantimpla sa Carlos Palanca Awards sa pagsulat ng maikling kwento sa parehong taon. Ang maikling kwento ay pumapaksa sa isang pamilya na mayroong striktong ama kung saan takot ang idinudulot sa mga anak, ngunit ang anak na naging ama rin sa kalaunan ay may parehong paaran ng istilo ng pagiging magulang sa mga anak. Ang akdang "Kapangyarihan" ay naglalaman ng mga isyung may kinalaman sa paghubog ng pamilyang Pilipino at sa gampanin ng ama ukol rito na may mahalagang epekto sa buhay ng mga anak at ang epekto nito sa lipunan.

Ang lahat ng gawi ng tao ay may dahilan, ito ay maaaring nag-uugat mula sa mga nakaraang karanasan na maiiugnay sa kaisipang *Intergenerational Transmission of Trauma* o ang mataas na posibilidad na pagpasa ng mga magulang ng mga karanasang hindi maganda sa mga anak kabilang ang iba't ibang pang-aabuso at marami pang iba. Sa pag-aaral nina Simons et al (1991) lumabas na ang mga magulang na mayroong malupit na istilo ng pagdidisiplina sa mga anak ay nakapagreprodyus rin ng mga anak na may parehong *parenting style*. Kaugnay rito, binigyang-diin sa pananaliksik nina Kaufman at Zigler (1987) na ang mga naabusong anak ay nagiging mapang-abuso ring magulang. Ayon sa mga nabanggit na pag-aaral, may mahalagang tinatayuang gampanin ang nakaraan ng magulang sa paghubog ng kasalukuyang pamilya na higit na maiiugnay sa gampanin ng ama bilang sentro ng desisyon sa konteksto ng pamilyang Pilipino. Litaw sa pag-aaral nina Lamb at Lemonda (2004), na ang ama ay mahalagang pigura sa paghubog ng pagkatao ng anak kabilang ang kakayahan na makapagtustos pinansyal, pisikal na presensya at moral na suporta. Sa parehong pag-aaral binigyang- tuon rin ang malaking impluwensiya ng ama sa mga anak sa aspektong sikolohikal.

Ang pagsusuri na ito ay naglalayong matukoy ang gampanin ng ama sa kontekstong pamilyang Pilipino kabilang ang pagtuklas sa nakaraan, kasalukuyang pagganap at ang impluwensiya ng gawi ng ama sa kamalayan ng ibang tao. Isasagawa ang siko-analitikong pagsusuri na ito upang makapagmungkahi ng solusyon ukol sa suliranin ng bawat pamilyang Pilipino partikular ang pang-aabusong natatanggap ng mga anak mula sa mga magulang na may tuwirang epekto sa lipunan at ang kontribusyon na magagawa ng resulta ng pagsusuri sa panitikang Pilipino. Kaugnay sa mga nabanggit na pag-aaral, ang pagsusuri na ito ay magbibigay tuon sa gampanin ng ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino. Bibigyang-diin rin ang kaisipan na *Intergenerational Transmission of Trauma* na nangyayari kung ipinapasa ng magulang sa mga anak ang mga karanasan ng pang-aabuso o anumang hindi magandang pangyayari.

Layunin - Ang makling kwento na 'Kapangyarihan' ni Beunaventura Medina Jr. ay sumasalamin sa mahalagang gampanin ng ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino. Magsisilbing tiyak na layunin ang sumusunod: 1) Gampanin ng Ama; 2) Siko-analitikong Pagsusuri, pagtuklas sa nakaraan ng ama, pagdalumat sa konteksto ng

kasalukuyang pagganap, at impluwensiya sa kamalayan ng ibang tao.

Kaligirang Teroretikal - Ang pagsusuri na ito ay nakasalig sa paniniwala ng mga teroyang eksistensiyalismo, sikolohikal at moralistiko. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay maisasagawa ang siko-analitikong pagsusuri na may kaugnayan sa layunin. Ang eksistensiyalismo bilang teorya ay pinangunahan ni Soren Kierkegaard na tumutukoy sa kaisipang ang tao ay may kalayaan na pumili o magdesisyon para sa kanyang sarili na siyang pinakasentro ng kanyang pananatili sa mundo. Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, bibigyang tuon ng manunuri ang mga pahayag sa akda na nagpapakita ng kalayaan ng pangunahing tauhan na makapagdesisyon para sa sarili sa pagtugon ng pangangailangan ng pamilya bilang pagtupad sa gampanin ng pagiging ama. Bibigyang diin rin ng manunuri ang paggamit ng teoryang eksistensiyalismo sa kalaayan ng tauhan na pumili ng paraan sa pagpapalaki ng mga anak sa kabila ng karanasan sa kamay ng ama sa nakaraan sa konteksto ng pagpapamilya sa kasalukuyan.

Batay sa pagpapakahulugan, ang teoryang sikolohikal ay tumutukoy sa paniniwala na ang akda ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga salig sa pagbuo ng naturang behavior maaaring tumukoy sa pag- uugali, paniniwala, pananaw o pagkatao ng isang tauhan sa akda (Abellera 1). Maiuugnay ang nasabing teorya sa akda sa pagsubok ng manunuri na maipaliwanag ang gawi ng mga tauhan partikular na ng ama batay sa karanasan sa nakaraan at pagbabago ng kilos dahil sa pwersang nag-udyok upang ito ay maisakatuparan. Ang teoryang moralistiko ay tumutukoy iba't ibang pamantayang sumusukat sa moralidad ng isang tao sa pamamagitan ng paglalahad ng pagiging tama o mali ng isang kilos ayon sa pamantayan ng lipunan (Robante et al., 2019). Sa akdang susuriin, maiuugnay ang teoryang moralistiko sa pag-alam ng impluwensiya ng espisipikong gawi ng tauhan sa kamalayan ng tao at pag- aaral sa kung paano maituturing na tama o mali ang isang kilos.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pagsusuri ay magiging mahalaga sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan bilang batis ng impormasyon, parehong kahalagahan ang maidudulot sa mga kaguruan at sa kagawaran ng panitikang Pilipino upang magsilbing patunay na ang ispisipikong isyu ay nakikita sa konteksto ng pamilyang Pilipino na nangangailangan ng solusyon.

Saklaw at Limitasyon - Saklaw ng pag-aaral na ito na matukoy ang gampanin ng ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino sa akdang 'Kapangyarihan'. Nililimitahan ang pagsusuri sa pag alam sa gampanin ng ama, siko-analitikong pagsusuri sa nakaraan ng ama, kaugnayan ng nakaraan sa konteksto ng kasalukuyang pagganap at impluwensiya nito sa kamalayan ng tao.

2. Metodolohiya

Paraan ng Pagsusuri - Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gagamit ng siko-analitikong pagsusuri upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Magsisilbing tiyak na hakbang ang mga sumusunod:

Unang Hakbang. Gampanin ng Ama. Sa hakbang na ito, bibigyang- tuon ng manunuri ang bahagi ng maikling kwento na pumapaksa sa gampanin ng ama sa paghubog ng pamilyang Pilipino. Gamit ang teoryang eksistensiyalismo, susuriin sa pag-aaral na ito ang kakayahan ng ama na magampanan ang kanyang tungkulin sa pamilya sa kabila ng maaaring epekto ng nakaraang karanasan. Mula rito masisipat ng manunuri kung paano binigyang-katauhan ng may-akda ang ama bilang mahalagang impluwensiya sa paglaki ng mga anak.

Ikalawang Hakbang. Siko-analitikong Pagsusuri. Sa bahaging ito ay bibigyang-diin ng manunuri ang nakaraan ng pangunahing tauhan at kung paano ito nakaaapekto sa konteksto ng kasalukuyang pagganap bilang bunga ng mga karanasan gamit ang teoryang sikolohikal na pumapaksa sa pag-aaral sa gawi ng tauhan. Sa bahaging ito, bibigyang pagpapakahulugan ng manunuri ang mga gawi ng ama gamit ang teoryang sikolohikal.

Ikatlong hakbang. Impluwensiya sa kamalayan ng ibang tao. Sa hakbang na ito, bibigyang-pansin ng manunuri ang epekto ng gawi ng pangunahing tauhan sa mga taong nakapaligid. Gamit ang teoryang moralistiko, susuriin sa kasalukuyang pag-aaral ang impluwensiya ng kasalukuyang pagganap ng ama sa ibang tao na direktang

nakakaranas ng kilos mula sa pangunahing tauhan at kabilang dito ang pagsuri sa kilos na may kinalaman sa pamantayan ng lipunan sa pagiging tama o mali.

3. Resulta at pagtalakay

Ang ama ay itinuturing na haligi ng tahanan, samaktuwid, mahalaga ang ginagampanan ng ama sa paghubog ng bawat pamilya. Sa kabanatang ito, makikita ang resulta ng pagsusuri sa akdang “Kapangyarihan” sa pamamagitan ng paggamit ng tatlong teorya: eksistensyalismo, sikolohikal at moralistiko at ng mga talahanayan na nagpapakahulugan sa mga kaganapan at linya ng mga tauhan sa akda.

Gampanin ng Ama. Gamit ang teoryang eksistensyalismo, pinag- aralan ng manunuri ang gampanin ng ama na replektibo sa akdang “Kapangyarihan” ni Buenaventura Medina Jr. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang mga gampanin na nagawa ng ama sa akda kasama ang pagpapakahulugan nito.

Talahanayan 1

Gampanin ng Ama

Gampanin ng Ama	Pagpapakahulugan
Pagharian ang tahanan	Natupad ang nais ng Ama na pagharian ang tahanan kung saan siya lamang ang nasusunod sa lahat ng pagkakataon
Gabayan ang anak	Ang ama ang nagsilbing tagahubog ng ugali ng anak
Magdisiplina	Labis na pagdidisiplina ang ginawa ng ama
Maging kasama	Ang Ama ay palaging na sa tahanan upang subaybayan ang anak lalo na ang mga mali nitong nagagawa

Pagharian ang tahanan. Isa sa mga natatanging katangian ng mga ama ay maging maawtoridad pagdating sa pagbibigay instruksyon at sa mga kilos ng mga anak. Sa konteksto ng pamilyang Pilipino, natural na ang ama ang nasusunod sa paggawa ng mahahalagang desisyon kung saan makikita ang kalayaan ng ama sa paghubog ng pamilya. Sa akdang sinuri, litaw ang kagustuhan ng ama na makamtan ang kapangyarihan sa pagiging hari ng tahanan sa pamamagitan ng mga sinabi ng anak na si Junior:

“Mano po, Itay.” Muli siyang nagtagumpay. Siya nga ang amang hari sa maliit na kaharian. Siya ang amang haring dapat na unang pagpugayan. Ang pagbebendisyon niya’y tanda ng pagpapakilala ng kanyang pagka-ama, ang paniwala niya.

Sa linya ng anak at pagsasalaysay ng nararamdaman at kilos ng ama napatunayan na ang ama ay nananabik sa awtoridad bilang padre de pamilya na maiiugnay sa pag-aaral na isinagawa nina Mazur at Booth (1998) na nagpapatunay na ang mga lalaki ay likas na may katangiang gustong mangibabaw at manakop dahil sa taglay na testosterone na lalong tumataas ang pursyento kung ang mga ito ay nagiging Ama na. Bilang pigura ring naghahanp-buhay sa pamilya, lalo itong nagpapalakas ng loob ng ama at nagpapataas sa tingin sa sarili yamang nakikita ng ama na kailangan siya upang mabuhay ang pamilya. Ngunit sa labis na kagustuhan ng ama na pangunahan ang pamilya nagdudulot rin ito ng negatibong epekto sa mga anak na napatunayan sa pag-aaral nina Eshel et al (2021) na ang mga anak na mayroong *authoritarian* o maawtoridad na ama ay mas hantad sa mga pambubulas sa kapwa kabataan at karahasan. Samakatuwid, lumabas sa pagsusuri na ang kagustuhan ng ama na pasundin ang anak sa lahat ng utos o alintuntunin ay bunga nang matinding kapaluluan upang mapatunayan na ang ama ang makapangyarihan sa pamilya.

Gabayan ang anak. Isa sa mga mahalagang gampanin ng ama ay ang gabayan ang mga anak habang ito ay lumalaki. Mahalagang matutuhan mismo ng mga bata ang mabubuting asal at katuwiran mula sa mga magulang lalo na sa ama. Sa akda, sinikap ng ama na si Maneng na gabayan ang anak sa kung paano ito dapat kumilos sa labas ng tahanan lalo na sa kanyang harapan. Litaw sa maraming bahagi ng akda ang pagsubok na magabayan ang anak tungo sa inaakalang magandang kinabukasan kabilang ang sumusunod:

“Ayaw kong abutan ka ng sikat ng araw sa banig...” Tutol ni Ester: “Bata pa iyan, kailangan niyan ang mahabang tulog.” Ngunit makapangyarihan ang kanyang pasiya: “Ayaw kong lumaki

iyang batugan."

Sinikap niyang siya ang humubog ng ugali ng kanyang anak. Naniniwala siyang lalong malaki ang kanyang pananagutan kaysa kay Ester; pagkat taglay ng bata ang kanyang pangalan.

Ayon sa pagsasalaysay at linya ng ama mapapatunayang bata pa lamang ang anak ay sinasanay na ito sa mga bagay na maituturing na mahirap kumpara sa pinagdadaanan ng mga kapwa kaedad nito. Ang estilo ng paggabay ng ama ay ang inaakalang pinakamabisang paraan upang ito ay maging mabuting tao ngunit ang reaksiyon ng anak ay patunay na ito ay nahihirapan at nagdudulot ng pagkalayo ng loob mula sa ama. Sa isang pananaliksik ni Burgum (1942) binigyang-diin na nananaig ang pursyento ng mga inang gumagabay sa mga anak at kaonting bilang lamang ng amang nakatuon sa pagpapalaki ng anak yamang ang mga ito ay kadalasang naghahanap- buhay ngunit sa resulta ng parehong pag-aaral lumabas na mahalaga ang ginagampanan ng paggabay ng ama sa paglaki ng anak bilang mabuting indibidwal sa lipunan. Bagamat ang ama sa akda ay mayroon lamang magandang hangarin para sa kinabukasan ng anak, ang naging paaran ng paggabay ay hindi naiayon sa edad at sa pangangailangan ng bata.

Magdisiplina. Mahalaga ang ginagampanang papel ng ama sa pagdidisiplina sa mga anak. Ngunit hindi mapasusubalian na ang bawat magulang ay mayroong iba't ibang estilo ng pagdidisiplina. Ang iba ay gumagamit ng pangaral, ang iba naman ay sa pamamagitan ng kamay na bakal o pamalo. Ang estilo ng pagdidisiplina ng magulang ay mayroong tuwiran na epekto sa pagkatao ng mga anak at kung ano sila sa lipunan. Kaugnay sa akda, ang ama ay mayroong sariling pagdisiplina sa anak na litaw sa pamamagitan sa mga binitawang salita ni Maneng:

"Alam ko, ngunit kailangang habang bata'y sugpuin ang pagtubo ng sungay niyan, nang matutong manuwag paglaki." Bawat kilos ni Junior ay pinupuna niya.

Base sa mga litanya ng ama, ito ay may paniniwalang bata pa lamang ang anak ay dapat ng sinasanay sa malupit na pamumuhay upang hindi ito mahirapan sa hinaharap. Ang ganitong paniniwala ay maiugnay sa pag-aaral na isinagawa nina Chang et al (2003) na nagbibigay-diin sa direktang negatibong epekto ng malupit na estilo ng pagdidisiplina sa emosyunal na katayuan ng mga anak samantalang ang mga anak na nakaranas ng *gentle discipline style* ay mas ay mayroong mas mataas kakayahang makisalamuha sa mga tao at mababang pursyento ng pagsakangkot sa gulo (Shaw at Scott, 1991). Sa akdang ito, lumitaw na ang paraan ng pagdidisiplina ng ama ay nagdulot lamang ng takot sa anak at nagkaroon ng hindi magandang epekto sa pagkatao.

Maging Kasama. Sa lahat ng gampanin ng ama, ang pagiging presente habang lumalaki ang mga anak ang napatunayang pinakapinapahalagahan ng mga anak (Adams, 1984). Para sa kanila, mas mainam ng hindi mayaman kung ang ibig sabihin naman nito ay makakasama ang padre de pamilya. Sa kabilang dako, natukoy ng manunuri na ang ama sa akda ay naging kasama ng mga anak habang ito ay lumalaki ngunit sa halip na makaragdag ito sa kanilang paglago bilang tao, ang presensya ng ama ay nagdulot ng takot sapagkat pinunupuna nito lahat ng ginagawa na mapapatunayan sa pagsasalaysay sa kilos ng Ama:

Sa maraming paraan ay ipinakilala niya ang kanyang pagiging ama ng tahanan. Bawat kilos ni Junior ay pinupuna niya.

Ayon sa pagsasalaysay, nasubaybayan ng ama ang paglaki ng anak at palagi itong nasa tahanan sapagkat nababantayan at napupuna nito ang lahat ng kilos ng anak. Kung ang presenya ng ama ang kadalasang hinahanap ng mga anak, sa akdang ito napatunayan na ang pagiging presente ng ama ay dahilan upang mailagay sa hindi komportableng sitwasyon ang anak. Samakatuwid, liban sa mga benepisyong naibigay ng presensya ng ama sa paghubog ng pagkatao ng anak ay mayroon din itong kahinaan sapagkat sa estilo ng pagdidisiplina matutukoy ng mga anak kung ang ama ay komportableng kasama sa tahanan.

Pagtuklas sa Nakaraan ng Ama. Gamit ang teoryang sikolohikal, pinag-aralan ng manunuri ang nakaraan ng Ama na isa sa mga salik upang maging basehan ng kilos sa kasalukuyan na replektibo sa akdang "Kapangyarihan" ni Buenaventura Medina Jr. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang pagtuklas sa nakaraan ng ama na mapapatunayan sa pamamagitan ng mga linya ng tauhan kasama ang tema na nabuo ng manunuri kaugnay

rito.

Talahanayan 2.1***Pagtuklas sa Nakaraan ng Ama***

Pahayag	Tema
“Lalaki kang tulad ng kuya mo. Walang silbi. Hampaslupa!”	Emosyonal at berbal na kalupitan ng ama sa nakaraan
<i>Muli siyang napasigaw.</i> “Aray ko po!” “Husto na, Fidel! Husto na”	Pisikal na kalupitan ng ama sa nakaraan
“Huwag, anak, igalang mo ang iyong ama.”	Interbensyon ng ina
“Hala na, anak. Siya ang inyong ama,” “Ama! Siyang puno ng kahariang rahanang ito! Siyang makakaalam ng lahat na dapat gawin! Siyang tanging makapag- uutos! Siyang ama ng pamilya! Ama namin...”	Tangkang paghihimagsik ng anak (ama sa kasalukuyan) Galit na nabuo sa puso ng anak (ama sa kasalukuyan) laban sa ama

Emosyonal at berbal na kalupitan ng ama sa nakaraan. Ang emosyonal na pang-aabuso o kalupitan ng mga magulang ay ang maituturing na sugat na pinakamatagal maghilom sapagkat hindi ito maiibsan ng kahit anumang gamot, ang ganitong sugat ng mga anak sa loob ng tahanan ay ang pinakamalimit na matalakay sa pagitan ng mga at magulang lalo na kung ang relasyon ng anak at magulang ay hindi gaanong kalapit sa isa’t isa. sa parehong paraan na nakakasakit at nagdudulot ng sugat sa pagkatao ng mga anak ang emosyonal na kalupitan ng mga magulang ganoon rin ang epekto ng berbal na pang-aabuso na tumutukoy sa masasakit na salitang sinasabi ng mga magulang na nakakapagpababa ng kumpyansa sarili at nakakabuo ng galit sa puso ng mga anak. Sa akdang sinuri, litaw ang emosyonal at berbal na kalupitan ng ama na si Fidel kay Maneng na kasalukuyan ng ama sa akda na mapapatunayan sa sumusunod na mga linya ni Fidel:

“Lalaki kang tulad ng kuya mo. Walang silbi. Hampaslupa!”

Ang mga salitang binitawan ng ama sa nakaraan ay isa sa mga salik kung bakit ang ama sa kasalukuyan ay nagtanim ng sakit ng loob laban sa ama at naipasa sa mga anak. Ayon pa sa pag-aaral nina Sturge-Apple et al (2012) na ang emosyunal at berbal na pagmamalupit ng mga magulang ang pinakanakaapekto sa mga bata kumpara sa mga nararanasan nitong pagmamalupit mula sa ibang tao. Kaugnay rito, bakas sa akda ang galit na nabuo sa batang Maneng dulot ng mga masasakit na salita ng ama na nadala hanggang paglaki hanggang sa ito ay nagkapamilya na, at sa kasamaang palad, ito rin ang kanyang ipinaparanas sa anak.

Pisikal na kalupitan ng ama sa nakaraan. Marahil ang pisikal na pagmamalupit ng mga magulang isa sa mga hindi makakalimutang karanasan ng mga bata na dadalhin hanggang ang mga ito ay lumaki at magka-isip. Ang akda ay isa mga patunay na ang ilan sa mga ama ay madaling pagbuhatn ng kamay ang anak sa simple lamang nitong pagkakasala, kung saan mas pinipiling hatulan ang pagkakamali sa pamamagitan ng pagpalo sa halip na ito ay pangaralan muna. Ang ganitong estilo ng pagdidisiplina ay litaw sa katauhan ni Fidel at patunay ang mga impit na sigaw ni Maneng habang siya ay hinahagupit ng sinturon:

Muli siyang napasigaw. “Aray ko po!” “Husto na, Fidel! Husto na.”

Ayon sa mga sigaw ng sakit ni Maneng mula sa amang si Fidel noon, ito ay nagdulot sa kanya ng galit na dala-dala niya hanggang paglaki at nagkaroon ng persepsyon na ang mga ama ay malayang saktan ang mga anak sa anumang paraang gusto sapagkat ito ang haligi ng tahanan na may tanging kapangyarihan sa pamilya kaya ang parehong karanasan ng pisikal na pagmamalupit ay ginawa rin sa anak na si Junior sa kasalukuyan. Sa pananaliksik nina Cui et al (2018) lumabas sa resulta na ang pisikal na pananakit ng mga magulang partikular na ng ama ay dominante at may kakaibang epekto sa kilos ng bata sa lipunan. Samakatuwid, ang lahat ng ginagawa ng magulang ay mayroong maganda at hindi magandang epekto sa mga anak lalo na ang pananakit sa pisikal ay nagdudulot maaari ng takot gumawa ng mali o takot na naglalayo ng loob ng anak mula sa mga magulang.

Interbensyon ng Ina. Ang ina ang itinuturing na ilaw ng tahanan. Sa prehong paraan na mahalaga ang gampanin ng ama ganoon rin kahalaga ang ginagampanang katauhan ng ina sa bawat pamilyang Pilipino. Sa akda,

ang ina ni Maneng na si Sedes ay halimbawa ng inang takot sa asawa at iniaasa ang desisyon sa padre de pamilya ngunit nahihirapan sa tuwing dididisciplina ng asawa ang mga anak sa paraang hindi makatarungan. Madalas na ito ang taga-awat sa asawa na tigilan ang paghagupit ng sinturon sa mga anak at kumakausap rin sa mga anak na sumunod na lamang sa ama upang hindi ito magalit. Ang ganitong katangian ng ina ay maiuugnay rin sa pnanaliksik na nagpapatunay na ang ina ay ang kadalasang pigura na inaasahan upang magbigay ng pagmamahal at pag-aruga samantalang ang ama naman ay ang naghahanap-buhay para sa pamilya at nagpapatupad ng disiplina. Sa parehong pananaliksik binigyang-diin rin na ang ina tinaguriang *subordinate* o katulong lamang ng ama pagdating sa pagdedesisyon para sa pamilya. Ang katauhan ni Sedes ay makikita rin sa katuhan ni Ester bilang asawa na ni Maneng sa kasalukuyan kung saan nagsisilbing tagapangitna sa pagitan ng ama at anak.

Tangkang paghihimagsik ng anak (ama sa kasalukuyan). Ang galit ang isa sa mga malaking salik ng pagkawasak ng pamilya sapagkat ito ay isang negatibong pakiramdam na nagbubunga ng paggawa ng masama at pagtrato nang hindi maganda sa kapwa kasama na dito karahasahan, pagpatay, digmaan at anumang kaugnay rito bilang bunga nito (Navarro et al, 2013). Sa akdang sinuri, ang galit nabuo sa puso ng ama habang siya ay bata pa dahil sa pagmamalupit ng magulang ay naging hudyat upang ito ay dahil niya hanggang sa paglaki at tungo sa pagkakaroon rin ng sariling pamilya na mapapatunayan sa pamamagitan ng pakiusap ng Inang si Sedes at ang naging tugon ni Maneng:

“Hala na, anak. Siya ang inyong ama,” “Ama! Siyang puno ng kahariang rahanang ito!

Siyang makakaalam ng lahat na dapat gawin! Siyang tanging makapag-uutos! Siyang ama ng pamilya! Ama namin...”

Sa likod ng mga linyang ito ay ang ilang beses ng pagsubok ni Maneng na sumagot nang pabalang at paghihimagsik sa ama ngunit hindi magawa dahil sa pakiusap ng ina na igalang ito. Subalit sa isang pagkakataon ay lumabas na ang tunay na nararamdaman ni Maneng na bata pa lamang siya ay nagtatanim na ito ng galit laban sa ama. Sa pag-aaral tungkol sa intergenerational transmission of trauma, napatunayan na ang galit na kinikimkim ng mga anak ay nahahayag na kung ang mga ito ay nagiging mga magulang na ayon sa pagtrato sa mga anak (Simons et al, 1991). Binigyang-diin sa pag-aaral nina Azhari et. al (2020) na ang paraan ng pagpapalaki ng mga magulang sa kasalukuyan ay naiimpluwensiyahan ng karanasan noon bilang mga anak sa parehong paraan na sa akdang ito natuklasan na ang kilos ng ama ay bunga ng mapait na karanasan sa nakaraan. Dagdag pa, ayon sa pananaliksik nina Choe et al (2019), ang mga anak na sikolohikal na kinontrol ng mga magulang ay napatunayang mas malaki ang posibilidad na maghiganti at paghandulong sa kapwa, bagay na litaw sa katuhan ni Maneng na nais maghigante sa ama. Nagsasalamin rin ang kilos ng ama bilang isa sa mga halimbawa ng biased scanning sa sikolohiya na tumutukoy sa pagpili ng isang indibidwal ng mga karanasan mula sa kanyang memorya bilang basehan ng kilos sa kasalukuyan na sa parehong paraan na ang ama bilang tauhan ng maikling kwento ay piniling ibase ang kanyang kilos dahil lamang sa ispisipikong karanasan mula sa ama sa nakaraan, nakalimutan na mayroon ring mabuting nagawa ang ama ngunit itinuon ang persepsyon sa masama lamang.

Pagdalumat sa konteksto ng kasalukuyang pagganap. Gamit ang teoryang sikolohikal, pinag-aralan ng manunuri ang epekto ng nakaraan ng ama sa kasalukuyang nitong pagganapan bilang magulang sa akdang “Kapangyarihan” ni Buenventura Medina Jr. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang pagtuklas sa nakaraan ng ama na mapapatunayan sa pamamagitan ng mga linya ng tauhan kasama ang tema na nabuo ng manunuri kaugnay rito.

Talahanayan 2.2

Pagdalumat sa Konteksto ng Kasalukuyang Pagganap

Pahayag	Tema
“Ayaw kong lumaki iyang batugan.”	Striktong pagpapalaki sa anak
“Maneng, ipangako mong di na siya papaluin.”	Pisikal na pagmamalupit ng ama

Striktong pagpapalaki sa anak. Ang mga magulang ay may kanya-kanyang estilo sa pagpapalaki ng anak at masasabing ang mga ito ay malaya at hindi maaaring panghimasukan ng ninuman liban ng batas. Sa akda,

mapapatunayan ang malaking kaugnayan ng nakaraan ng ama sa kasalukuyang pamamalakad nito sa tahanan. Dahil ang ama ay nakaranas ng iba't ibang paaran ng pagmamalupit habang ito ay bata pa, liban sa galit na nabuo sa kanyang puso, ang ama ay nasangkot rin sa tinatawag na *Mere Exposure Effect*, isang sikolohikal na penomena na tumutukoy sa pagdesisyon ng tao tungkol sa isang bagay dahil sa pagkasanay nito o tinatawag na *familiarity*. Pinili ng ama ang striktong uri ng pagdidisiplina sa anak sapagkat sa ganito rin siya lumaki at inaakalang ito ang tamang paraan. Mapapatunayan ang pagiging striktong magulang ni Maneng sa susunod na pahayag:

“Ayaw kong abutan ka ng sikat ng araw sa banig...” Tutol ni Ester: “Bata pa iyan, kailangan niyan ang mahabang tulog.” Ngunit makapangyarihan ang kanyang pasiya: “Ayaw kong lumaki iyang batugan.”

Ayon sa pahayag ng ama, mapapatunayan bagamat bata pa ang anak ay sinasanay na ito sa malupit na realidad na madiin namang tinututulan ng asawang si Ester. Bagamat alam mismo ng ama ang mararamdaman ng anak sapagkat una niya itong naranasan, nanaig ang kagustuhan ng ama na striktong palakihin ang anak bunga ng galit pa sa nakaraan at kasiyahang naibigay sa kanyang kapalulan na sa wakas ay siya naman ang may kapangyarihan sa tahanan matapos ang pagiging sunod-sunuran sa ama sa nakaraan. Ang hinanakit na naipasa sa anak ay isa ring manipestasyon ng di- tuwirang paghihiganti kung saan hindi nagawa ni Maneng na kalabanin ang ama noon kaya ang galit sa dibdib ay nagbunga at sa anak naibuntong. Ang ganitong kilos ay patunay lamang kung gaano kahalaga ang paghilom sa sugat ng nakaraan. Nag-uugat ito mula sa katagang Ingles na “Heal your wounded inner child” na tumutukoy sa mga *trauma* o mapapait na karanasan noong bata pa sapagkat ayon kay Kneisl (1991) ang masasakit na karanasan at kakulangan ng pag-aaruga mula sa isang *dysfunctional* na pamilya ay nagdudulot ng sugat sa pagkatao na mayroong tuwirang negatibong epekto sa pamumuhay sa kasalukuyan bilang may edad na. Ngunit sa parehong pag-aaral ay napatunayan rin na ang ibang mga nakaranas ng mga nabanggit na karanasan ay nagpursige para sa kinabukasan na nakaayon sa kung paano tinanggap at ginamit ang aral ng buhay bilang motibasyon na maging maayos ang pamumuhay sa kasalukuyan at hinaharap. Sa gayon, masasabi na ang pagtrato ng ama sa anak ay bunga ng kagustuhan na mapatunayan ang kapangyarihan bilang padre de pamilya at ang kaugnay sa mapait na karanasan nito sa nakaraan.

Pisikal na pagmamalupit ng ama. Bawat tao ay may mapait na karanasan mula sa kanya-kanyang pamilya sapagkat patunay lamang ito na kahit gaano kalaki ang pagmamahal ng mga magulang, ang mga ito ay hindi kailanman magiging perpekto sa parehong paraan na wala ring perpektong anak. Ngunit sa kontekstong lipunan ng Pilipinas, naitala ang 9,000 na kaso ng pang-aabuso sa kabataan mula sa mga magulang hindi pa dito kabilang ang mga hindi naisumbong sa mga awtoridad na sinusupportahan ng batas RA9262 laban sa pang-aabuso sa mga babae at kabataan. Sa batas na ito, kung mapapatunayang may sala ang nasasakdal maaari itong mabilanngo ng apat na buwa hanggang 17 taon. Sa maikling kwento, litaw ang katauhan ng ama bilang anak na may matinding takot at galit sa ama sa panahon ng kabataan. Ang ganitong karanasan ay nagdulot upang iayon ang kilos o estilo ng pagdidisiplina sa kasalukuyang pamilya sa pagmamalupit ng ama sa nakaraan. Ibig sabihin, naipasa ang partikular na masalimuot na karanasan sa kasunod na henerasyon at maaaring maipasa pa sa mga susunod kung hindi maitutuwid ang maling persepsyon, ang ganitong proseso ay tinatawag na *intergenerational transmission of trauma*. Higgil dito mapapatunayan ang pisikal na pananakit ng ama na si Maneng sa kanyang anak na si Junior sa pahayag:

Namilipit ang bata sa tindi ng pagkakahagupit niya. Tumakbo ito, humawak sa ina, saka sumigaw,” Hindi na po! Hindi na po!” Sumasamo ang tinig ng kanyang asawa. “Huwag mo naman sanang sasaktan ang iyong anak.”

Napatunayan sa pag-aaral nina Cicchetti at Aber (1980) na mataas na pursyento ng mga inabusong anak ay nagiging mapabg-abusong magulang. Sinag-ayunan ang nabanggit na pag-aaral sa isinagawa ring pananaliksik nina Tedgard et al (2018) na ang mga magulang na nakaranas ng pang-aabuso sa nakaraan ay nahihirapan sa kung anong klaseng dulog at paraan ng pagpapalaki ang gagawin sa mga anak. Sa akdang “Kapangyarihan”, ang ama ay nakaranas ng tinatawag na *cognitive dissonance* kung saan ang indibidwal ay mayroong dalawang magkaibang

paniniwala tungkol sa isang bagay na naiiba ang nagiging kilos mula sa naiisip. Halimbawa, ang ama ay nakaranas ng pagmamalupit mula sa magulang sa nakaraan kaya nagdulot ito upang magkaroon ng persepsyon na hindi na ito mauulit sa kanyang magiging anak sa hinaharap ngunit ang kinakatakutan ay naganap sapagkat ang kilos ay taliwas sa prinsipyong nais na maganap.

Impluwensiya sa kamalayan ng ibang tao. Gamit ang teoryang moralistiko, pinag-aralan ng manunuri ang impluwensiya ng gawi ng isang indibidwa na nakaranas ng pagmamalupit sa nakaraan sa mga taong nakapaligid. Makikita sa susunod na talahanayan ang partikular na karanasan at ang impluwensiya nito sa ibang tao sa konteksto ng pamilyang Pilipino.

Talahanayan 3

Impluwensiya sa kamalayan ng ibang tao

Karanasan	Impluwensiya
Pisikal, emosyonal at berbal na pang-aabuso mula sa magulang	Ang pag-ulit ng kasaysayan sa susunod na henerasyon (intergenerational transmission of trauma) Pagkabuo ng galit

Intergenerational transmission of trauma. Ang pamilya ang itunuturing na pangunahing yunit ng lipunan. Kung wala ang pamilya, hindi rin mabubuo ang lipunan. Sa parehong paraan na masasabi na ang mga gawi ng tao sa lipunan ay bunga ng kung ano ang mga ito sa tahanan. Ang trauma ay isang masalimuot na karanasan na maaaring magdulot ng malalim na epekto hindi lamang sa indibidwal kung hindi maging sa kanyang pamilya at sa mga taong nakapaligid sa kanya. Sa paglipas ng panahon, natuklasan ng mga eksperto sa sikolohiya na ang trauma ay maaaring maipasa-pasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Ang ganitong proseso ay tinatawag na *intergenerational transmission trauma*. Ang bawat henerasyon ng pamilya ay may sariling mga kwento ng sakit at mga alalang hindi malilimutan. Kapag ang isang indibidwal ay dumaranas ng matinding trauma, ito ay nagiging bahagi na ng kanyang DNA. Isa nitong konkreong halimbawa ang pag-aaral na isinagawa nina Kaufman at Zigler (1987). Sa kanilang pag-aaral, lumabas na ang mga inabusong mga anak noon ay naging mapang-abuso ring mga magulang sa kasalukyan. Ibig sabihin, naipasa ang kahindik-hindik na partikular na karanasang ito sa kanilang mga anak at maaari pang maipasa sa mga susunod na henerasyon.

Pagkabuo ng galit. Bagaman may dahilan ang bawat kilos ng tao gaya ng gawi ng isang amang nakaranas ng pagmamalupit sa nakaraan, ang epektong naidudulot nito sa mga taong nakapaligid ay isa ring maituturing na suliranin sapagkat ang bawat pag-unawa ng tao ay may hangganan. Ang katagang “Hurt people hurt people” ay isang patunay na ang mga nasaktang tao ay may mataas na posibilidad na manakit rin ng ibang tao lalo na ang kanilang mga mahal sa buhay, subalit, sa perspektibo naman ng mga napagbubuntungan ng *trauma* ang ganitong gawi ay maituturing na hindi katanggap tanggap sapagkat manipestasyon lamang ito na iba ang nasaktan ngunit iba rin ang nagdurusa. Sa pag-aaral ni Tedgard (2018) nabanggit niya ang mga anak ay nahihirapan sa pakikisama sa mga magulang na mayroong masalimoot na karanasan noong kabataan sapagkat nagbubunga ito ng pag normalisa sa mga pagmamalupit dahil lamang sa nakaraan. Samakatuwid, ang *intergenerational transmission of trauma* ay hindi lamang nakaapekto sa napapasahan nito kung hindi pati rin sa mga nakakasama nito at ang gawi sa lipunan.

4. Lagom, kongklusyon, at rekomendasyon

Sa bahaging ito makikita ang nabuong lagom sa lahat ng natuklasan ng manunuri sa akdang “Kapangyarihan”. Ang mga resulta ng pagsusuri ay naaayon sa mga nabuong layunin.

Lagom ng mga Natuklasan - Ang maikling kwento na pinamagatang “Kapangyarihan” ni Buenaventura Medina Jr. ay nagpapakita na ang mga ama ay may mahalagang gampanin sa paghubog ng pamilya. Kabilang dito ang paghahanap-buhay, pagdidisiplina, pagbibigay proteksyon sa pamilya at marami pang iba. Ngunit sa kabila ng mga gampaning nakaatang sa balikat ng bawat pade de pamilya, ang ama ay may kalayaan pa rin sa kung paano niya matutupad ang mga tungkulin na ito ayon sa kakayahan at kawilihan. Naging litaw rin sa akda kung paano

nakaimpluwensiya ang nakaraang karanasan ng ama sa puder ng mga magulang noon, ang mapait na karanasang iyon ang nag-udyok upang pagmalaupitan ang kasalukuyang pamilya na nagpapatunay na nagkaroon ng pagpasa ng mapait na karanasan sa mga anak at sa susunod na henerasyon. Hindi rin mapapasubalian ang katotohanan na ang masalimuot na karanasan ng ama noon ay naging basehan sa pagkilos sa kasalukuyan. Na ang kinakatakutang karanasan noon ay naulit sa kasunod na hinuhubog na pamilya. Ang pagmamalupit ng ama bunga ng karanasan noong panahon ng kabataan ay nagdudulot rin ng negatibong epekto sa mga taong nakapaligid na napagbubutungan ng galit at nang malupit na estilo ng pagdidisiplina. Samakatuwid, ang akda ay halimbawa ng amang nakaranasan ng trauma at ang ganitong karanasan ay naipasa sa mga anak at maaari pang maipasa sa susunod na mga henerasyon.

Kongklusyon

1. Anuman ang nakaraan ng ama, siya ay inaasahan na gampanan ang tungkulin bilang nagbibigay ng pangangailangan ng pamilya, tamang pagdidisiplina, pagtuturo, maging kasama at iba pa.
2. Sa konteksto ng pamilyang Pilipino, ang naging danas ng ama sa kanyang buhay kabataan ay mahalagang salik sa kung paano tratatuhin ang kasalukuyang pamilya.
3. Ang ama sa pangkalahatan na mayroong masalimoot na nakaraan ay mayroong malaking posibilidad na ipasa ang karanasang ito sa mga anak at sa mga susunod pang henerasyon na tinatawag na intergenerational transmission of trauma.
4. Ang trauma ng ama ay nagdudulot ng negatibong epekto sa persepsyon ng anak, meyembro ng pamilya at lipunan sapagkat ang mga ito ang pilit umuunawa sa mga di makatarungang kilos ng ama.

Implikasyon ng Pananaliksik sa mga Mag-aaral/Edukasyon - Ang pamilya ang pinakamaliit na yunit ng lipunan, kung kaya ang ikinikilos ng tao sa sosyedad ay bunga ng kung ano siya sa loob ng tahanan. Sa parehong paraan na ang bata na nagmula sa dysfunctional na pamilya o nakararanas ng pagmamalupit mula sa mga magulang ay maaaring makaranas rin ng kahirapan sa pagkatuto sa paaralan. Isinaad ni Abraham Maslow sa kanyang Maslow's Hierarchy of Needs (1943), na ang pangunahing pangangailangan ng mag-aaral katulad ng seguridad at kaligtasan na narapat maibigay ng mga magulang mula sa tahanan ay kailangan munang makamtan bago maasahan na ang mag-aaral ay makakapagbigay-tuon sa mga aralin. Sinang-ayonan rin ito ni Arabian (2024) sa kanyang pag-aaral na ang pamilya bilang pangunahing institusyon sa lipunan ay mayroong malaking papel sa paghubog ng personalidad at kalusugan ng kaisipan ng mga mag-aaral. Napatunayan sa nasabing pag-aaral na mayroong mga nakakapinsalang epekto ang pagmamalupit ng mga magulang sa estado ng pag-aaral ng anak sapagkat kasama nito ang maaaring paglitaw ng matinding kaba, stress o depresyon na higit na nakaaapekto sa kakayahan ng batang matuto sa paaralan at makipag-ugnayan sa mga taong nakapaligid sa kanya. Ang nabanggit na pag-aaral at ang siko-analitikong pananaliksik na isinagawa ay nagpapatunay lamang na upang ang isang bata ay magkaroon ng motibasyon sa pag-aaral, matuto nang maayos at mahubog ang kakayahang makabuo ng makahulugang relasyon sa kanyang kapwa, malaki ang ginagampanang papel ng pamilya lalo na ng Ama sa katuparan nito

Rekomendasyon - Iminimungkahi ng manunuri na magkaroon ng pagtugon ang pamahalaan sa mga suliranin sa loob ng pamilya partikular na ang pagtulong sa mga magulang sa estilo ng pagdidisiplina ng mga anak upang matutuhan ng mga magulang kung paano maiibsan ang pagpasa ng mga hindi magandang karanasan sa mga anak sa tulong ng mga propesyunal na manggagamot at psychiatrists. Iminumungkahi rin ng manunuri na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral ukol sa isyung panlipunan upang maging instrumento sa pagsugpo ng mga suliranin sa lipunan sa tulong ng pagpapatibay ng pundasyon ng lipunan-ang pamilya.

5. Bibliograpiya

Adams, P. L. (1984). Fathers absent and present. *The Canadian Journal of Psychiatry*, 29(3), 228-233.

- Arabiyan, M. (2024). Analysis of the Impact of Dysfunctional Families on the Mental Health of Students. *Sexual and Psychological Disorders*, 2(3).
- Azhari, A., Wong, A. W. T., Lim, M., Balagtas, J. P. M., Gabrieli, G., Setoh, P., & Esposito, G. (2020). Parents' past bonding experience with their parents interacts with current parenting stress to influence the quality of interaction with their child. *Behavioral Sciences*, 10(7), 114.
- Bem, D. J. "Self-perception: An alternative interpretation of cognitive dissonance phenomena." *Psychology Review* 74 (1961) 183-200.
- Bem, D. J. "Self-perception theory. In L. Berkowitz (Ed.), *Advances in experimental psychology*". 6. (1972) 1-62. San Diego, CA: Academic Press.
- Bert, Shannon Carothers, et al. "The influence of maternal history of abuse on parenting knowledge and behavior." *Family relations* 58.2 (2009): 176-187.
- Burgum, M. (1942). The father gets worse: A child guidance problem. *American Journal of Orthopsychiatry*, 12(3), 474.
- Buss, Sarah. "Justified wrongdoing." *Nous* 31.3 (1997): 337-369.
- Castillo, P. J., Garcia, Z. A., Lalong-isip, P. J., & Maravilla, A. (2019). Mga Teorya at Dulog sa Pagsusuring Pampanitikan. [PowerPoint slides]. Good Tree International School.
- Cazenave, Noel A. "Middle-income Black fathers: An analysis of the provider role." *Family Coordinator* (1979): 583-593.
- Cicchetti, D., & Aber, J. L. (1980). Abused children-abusive parents: An overstated case?. *Harvard Educational Review*, 50(2), 244-255.
- Chang, L., Schwartz, D., Dodge, K. A., & McBride-Chang, C. (2003). Harsh parenting in relation to child emotion regulation and aggression. *Journal of family psychology*, 17(4), 598.
- Choe, S. Y., & Read, S. J. (2019). Perceived parental psychological control has indirect effects on aggression via need satisfaction and motivation for revenge. *Journal of social and personal relationships*, 36(9), 2857-2879.
- Cui, N., Deatrick, J. A., & Liu, J. (2018). Maternal and paternal physical abuse: Unique and joint associations with child behavioral problems. *Child abuse & neglect*, 76, 524-532.
- English, O. S. (1954). The Psychological Role of the Father in the Family. *Social Casework*, 35(8), 323-329.
- Ho, Hsiu-Zu, et al. "Parental involvement in Taiwanese families: Father-mother differences." *Childhood Education* 86.6 (2010): 376-382.
- Kaufman, J., & Zigler, E. (1987). Do abused children become abusive parents?. *American journal of orthopsychiatry*, 57(2), 186-192.
- Kneisl, Carol Ren. "Healing the wounded, neglected inner child of the past." *Nursing Clinics of North America* 26.3 (1991): 745-755.
- Knafo, Ariel. "Authoritarians, the next generation: Values and bullying among adolescent children of authoritarian fathers." *Analyses of social issues and public policy* 3.1 (2003): 199-204.
- Lamb, M. E., & Tamis-LeMonda, C. S. (2004). The role of the father. *The role of the father in child development*, 4, 100-105.
- Mak, Anita S. "Parental neglect and overprotection as risk factors in delinquency." *Australian Journal of Psychology* 46.2 (1994): 107-111.
- Mazlow, Abraham. (1943). Mazlow's Hierarchy of Needs. <https://www.simplypsychology.org/maslow.html>
- Mazur, A., & Booth, A. (1998). Testosterone and dominance in men. *Behavioral and brain sciences*, 21(3), 353-363.
- MSEd, Kendra Cherry. "Mere Exposure Effect: How Familiarity Breeds Attraction." *Verywell Mind*, 17 Mar. 2023, www.verywellmind.com/mere-exposure-effect-7368184. APA Dictionary of Psychology.
- Navarro, J. I., Marchena, E., & Menacho, I. (2013). The psychology of hatred. *The Open Criminology Journal*, 6(1), 10-17.
- Pagorek-Eshel, S., & Dekel, R. (2021). Fathers' authoritative and authoritarian attitudes and paternal involvement in a climate of political violence. *Journal of Family Studies*, 27(1), 63-78.
- Philippine Commission on Women. "FAQs RA 9262: The Anti-Violence Against Women and Their Children Act

- of 2004 - Philippine Commission on Women.” Philippine Commission on Women, 4 July 2023, pcw.gov.ph/faq-republic-act-9262
- Porcalla, Delon. “New Penalties for Child Abusers OK’d.” Philstar.com, 18 Feb. 2020, www.philstar.com/headlines/2020/02/19/1994319/new-penalties-child-abusers-okd
- Shaw, J. M., & Scott, W. A. (1991). Influence of parent discipline style on delinquent behaviour: The mediating role of control orientation. *Australian Journal of Psychology*, 43(2), 61-67.
- Simons, R. L., Whitbeck, L. B., Conger, R. D., & Wu, C. I. (1991). Intergenerational transmission of harsh parenting. *Developmental psychology*, 27(1), 159.
- Sturge-Apple, M. L., Skibo, M. A., & Davies, P. T. (2012). Impact of parental conflict and emotional abuse on children and families. *Partner Abuse*, 3(3), 379-400.
- Tedgård, E., Råstam, M., & Wirtberg, I. (2018). Struggling with one’s own parenting after an upbringing with substance abusing parents. *International Journal of qualitative studies on health and well-being*, 13(1), 1435100.
- Yehuda, Rachel, and Amy Lehrner. "Intergenerational transmission of trauma effects: putative role of epigenetic mechanisms." *World psychiatry* 17.3 (2018): 243-257.

Parodiya ng musika: Pagsusuri sa mga usaping panlipunan sa piling song parody ni Mikey Bustos

Elardo, Dominic P.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (dominicpelardo@gmail.com)

Calago, Misty Pearl T.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (mistypearl.23@gmail.com)

Delposo, Rhea Mae L.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (reiahdel@gmail.com)

Inoc, Janine I.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (janineinoc885@gmail.com)

Llena, Julie Ann M.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (julieann.llena09@gmail.com)

Maglinte, Mickeylou E.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (mickeyloumaglinte@gmail.com)

Obrero, Ma. Chairmane Mae O.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (obrero.charmane@gmail.com)

Plasencia, Norly R.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (norlyplasencia29@gmail.com)

Noval, Arnel T. ✉

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (arnelnoval663@gmail.com)

Escalera, May Valerie T.

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (valeriemay.escalera@ctu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 27 March 2025

Available Online: 15 April 2025

Revised: 7 April 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25054

Accepted: 9 April 2025

Abstract

This study aims to examine the social issues present in selected song parody videos by Mikey Bustos as a guide for developing a learning tool. A qualitative research methodology in a descriptive form was employed for the study. The research findings revealed that Mikey Bustos' selected song parody videos reflect various social issues such as identity discrimination, the sale of double-dead meat, storms and flooding, power shortages, and rampant theft and fraud. From these findings, the conclusion was drawn that the five selected song parody videos by Mikey Bustos not only provide entertainment and humor for his viewers but also convey a profound message regarding the importance of raising awareness and knowledge about social issues in the country.

Keywords: parodiya, pagsusuri, usaping panlipunan, song parody, Mikey Bustos

Parodiya ng musika: Pagsusuri sa mga usaping panlipunan sa piling song parody ni Mikey Bustos

1. Abstrak

Nilalayan ng pag-aaral na suriin ang mga usaping panlipunang nakapaloob sa piling *song parody videos* ni Mikey Bustos bilang gabay sa pagbuo ng isang kagamitang pampagkatuto. Kwalitatibong pananaliksik sa anyong deskriptibo ang disenyong ginamit sa pag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na ang piling song parody videos ni Mikey Bustos ay naglalantad sa mga usaping panlipunan gaya ng diskriminasyon sa pagkakakilanlan, pagbebenta ng botcha o double-dead na karne, bagyo at pagbaha, kakulangan sa kuryente, at talamak na pagnanakaw at panloloko. Mula sa mga natuklasan, nabuo ang kongklusyon na ang limang piling *song parody videos* ni Mikey Bustos ay hindi lamang nagbibigay saya at katatawanan sa kanyang mga manonood, kundi kinapapalooban din ng malalim na mensahe patungkol sa kaalaman at kamalayan sa mga usaping panlipunan nararanasan ng bansa.

2. Panimula

Ang Pilipinas ay kilala bilang isang bansang kakikitaan ng kakaibang katangiang namumukod tangi sa iba mula sa mga tanawin hanggang sa mayaman nitong kultura. Kilala rin sa buong mundo ang pagiging talentado ng mga Pilipino pagdating sa pagkanta, pagsayaw, at pagbuo ng mga bagay-bagay kagaya na lamang ng paggawa ng mga *video*. Nakagawian na rin ng karamihan ang manood ng mga *video* na makikita sa iba't ibang uri ng *social media platforms* kagaya na lamang ng *Facebook*, *YouTube*, *Tiktok* at iba pa. Maraming sikat na *content creator* sa Pilipinas ang gumagawa ng mga *video content* na pinapanood ng mga Pilipino. Ang karaniwang pinapaksa ng mga *content* ng mga *video* na ito ay ang mga *pranks* na kinagigiliwan ng karamihan, *funny videos* na kinaaaliwan, *music videos* na para naman sa mga mahilig sa musika, pag-awit, at napakarami pang iba. May iilan ding mga *content* na pumapaksa sa kultura at mga usaping panlipunang naipahahayag sa isang masining na pagkanta at nakaaaliw na paraan kagaya na lamang ng paggawa ng mga *parody video*.

Ayon kay Pflugfelder (2023), isa itong malikhaing gawa na nilikha upang gayahin, punahin, at kutyain ang paksa nito. Dagdag pa niya, karaniwang nakatatawa ang parodiya at ang paksa nito ay maituturing na isang likha ng sining, dahil sa estilo ng pagsulat nito na maaaring ibatay sa totoong buhay ng tao. Masasabing ang paglikha ng isang *parody* ay may magkakaibang paraan at estilo kung papaano ito maipararating sa mga tao. Ang parodiya ay isang likha na ginagaya ang estilo ng ibang likha, artista, o genre sa isang eksaheradong paraan, karaniwang para sa nakakatawang epekto. Ang parodiya ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo, kabilang na ang kathang-isip, tula, pelikula, sining biswal, at iba pa (LitCharts, n.d.).

Likas na sa mga Pilipino ang pagiging malikhain sa maraming bagay. Isa na rito ang pagbuo ng mga *content sa social media* na naglalayong maghatid ng aliw at maraming kaalaman sa mga manonood. Magkakaiba ang paraan at estilo ng mga *content creator* sa pagbuo ng kani-kanilang mga *video*. Ang iba sa kanila ay nakatuon sa pagpapatawa, pagbibigay ng aral, paglalahad ng kaalaman, pagbibigay-aliw, at kung ano-ano pa. Mayroon ding nakatuon sa kanta at musika na ginagamit upang makapagbigay ng saya sa mga manonood. Halimbawa nito ay ang *song parody* na nakatuon sa mga masining na paraan ng pagpapahayag ng mensahe at aliw sa mga manonood o mga tumatangkilik ng *video content* na ini-upload sa *social media*.

Isa sa mga kilala sa larangan ng pagbuo ng mga *song parody video* ay si Mikey Bustos. Itinuturing siyang *Ambassador of Filipino Culture* dahil sa kaniyang pagpupursige na ipaalam sa mundo kung ano ang mayroon sa kulturang Pilipino sa pamamagitan ng mga sikat na kanta na ginagawan niya ng *song parody*.

Makikita sa mga *song parody video* ni Mikey Bustos ang iba't ibang kultura at uri ng mga usaping panlipunan ng bansa. Mapapansin din ang malikhaing pamamaraan niya sa pagbuo ng *video* na tinatangkilik ng maraming Pilipino. Ayon kay Tuting (n.d.), ang estilong ginagamit ni Mikey Bustos ay tinatawag na panggagaya o *imitation* na kinasasangkutan ng tunog at *beat* ng kanta at binabago ang liriko na kadalasang pumapaksa sa kultura at kaugalian ng mga Pilipino. Dahil sa masining na pamamaraan ni Mikey Bustos sa kaniyang *song parody video* naging kasangkapan ito sa pagpapalaganap ng kaalaman sa kultura at kagawian ng mga Pilipino.

Si Michael John Yadan Tumanguil Pestano Tilapia Bustos III (Ipinanganak noong June 23, 1981) mas kilala bilang Mikey Bustos, isang *Filipino-Canadian YouTuber, vlogger, actor, singer, at comedian* na unang nakilala noong sumali sa isang *reality television show* na *Canadian Idol*. Pinapatakbo rin niya ang *YouTube channel Ants Canada*, na pumapatungkol sa pag-aalaga ng mga langgam (*ant-keeping*). Isa siya sa mga kilalang *content creator* dahil sa kaniyang nakatutuwang *videos* at *parodies* na kadalasan ay may kaugnayan sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Ang mga *video* na ito ay madalas na makikita sa iba't ibang *social media platform* kagaya ng *Facebook, Youtube* at marami pang iba. Binanggit ni Bucaneg (n.d.) na si Mikey Bustos ay isang magandang halimbawa ng nasyonalismo sa *internet* sapagkat kahit hindi siya ipinanganak dito sa Pilipinas ay nagagawa niya ang pagpapahiwatig sa *Youtube* ng nasyonalismo o pagmamahal sa bayan at ipinamalas ang kaniyang pagka-Pilipino. Sa kasalukuyan, siya ang *Ambassador* ng Pilipinas sa *Youtube* dahil sa kaniyang mga *tutorial videos* na nagtuturo kung paano maging Pilipino.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mabibigyan ng tuon ang ating kultura sa paraan ng pananamit, nakaugaliang paniniwala, tradisyon, mga patok na mga pagkaing Pinoy o turismo at mga nakasanayang pamumuhay sa Pilipinas na maipagmamalaki sa ibang bansa at makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya, turismo at pagkakakilanlan. Sa parodiya ni Mikey Bustos, malaki ang kaniyang nagampanan sa ekonomiya at turismo sa pagpapalago at pagpapalaganap ng kultura dahil sa kaniyang pamamaraan ng pagkanta o pagpapatawang nakabatay sa kulturang *Pinoy lyrics*. Sa pamamagitan nito nagiging impormatibo at kapupulutan ng aral ng mga manonood. Naipamamalas niya kung gaano kaganda ang Pilipinas at kung gaano kahusay makitungo ang mga Pilipino. Sa tulong ng parodiya ni Mikey Bustos, naitataguyod nang maayos ang ating pinagmulan at kultura na naibabahagi sa iba't bang lugar.

Sa kabuoan, nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang estilo na ginagamit ni Mikey Bustos sa paggawa ng kaniyang mga *song parody video* at ang mga usaping panlipunan na nakapaloob dito. Sa kasalukuyan, ang mga *video* kagaya ng *song parody* ay ilan lamang sa mga *popular* at kinagigiliwang panoorin ng mga manonood dahil na rin sa kawili-wili at interesanteng mga *content* na nakapaloob dito na naghahatid sa kanila ng kaalaman at kasiyahan.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga usaping panlipunan na nakapaloob sa mga piling *song parody video* ni Mikey Bustos bilang gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto.

3. Metodolohiya

Ang disenyo ng pag-aaral na ginamit ng mga mananaliksik ay ang deskriptibong pananaliksik upang masuri at maanalisa ang piling *song parody video* ni Mikey Bustos. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa isyung panlipunan na nakapaloob sa mga piling *song parody video* ni Mikey Bustos. Ito ay magbibigay ng mga impormasyon at pananaw na makatutulong sa pagsusuri sa epekto ng musika at kultura sa lipunan. Ang ginamit sa pangangalap ng mga datos sa pag-aaral na ito ay nagmula sa mga piling *song parody video* ni Mikey Bustos na makikita sa kaniyang *Official Youtube Channel*. Batay sa kraytiryang itinakda, napili ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na *video*:

PAMAGAT NG SONG PARODY	PETSA NG PAG-UPLOAD	VIEWS	LINK
No-Megan Trainor (F-I-L-P-I-N-O)	August 1, 2016	4,918,169	https://youtu.be/peBjblKQ7bo?si=j2nrBNO_le6GzDLz
I Go To Palengke	January 9, 2015	4,795,787	https://youtu.be/tAi4B9LQmlU?si=4R0pHatzA9guXyCt
If Lady Gaga were Filipino	Oct 28, 2019	2,219,691	https://youtu.be/ajBG_d-MiGU?si=NIsJV1b8FRf4PDuV
If Freddie Mercury were Filipino	May 31, 2019	4,724,738	https://youtu.be/M0IKXfyJh-I?si=—arqLeafddwnyxG
If Michael were Filipino	June 25, 2019	2,249,119	https://youtu.be/EDKOgerD1w?si=seiQuIVOC9gt8V3C-9

Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral nagkaroon ng pagbabagyuhan ng utak at pagsusuri ang mga mananaliksik, nangalap ng mga kaugnay na literatura at naghanap ng mga sangguniang makatutulong sa pagbuo ng suliranin. Ang mga mananaliksik ay bumuo ng hakbang sa tamang pagpili ng mga piling *song parody video* ni Mickey Bustos upang maisakatuparan ang pangangalap ng datos. Nagtakda muna ng kraytirya ang mga mananaliksik kung paano pipiliin ang mga piling *song parody video* ni Mikey Bustos. Narito ang naging kraytirya ng mga mananaliksik sa pagpili sa nasabing mga *song parody video*: (1) ibinatay ito sa petsa ng pagkaka-upload (2) kinakailangan na ang mga *videos* na ito ay umabot ng 2 million hanggang 6 million ang mga nanood. Pumili ang mga mananaliksik ng limang (5) *song parody video* para sa isinagawang pag-aaral.

Narito ang mga tiyak na hakbang na sinunod para sa layunin ng pag-aaral na ito:

Hinanap ng mga mananaliksik ang *Official Youtube Channel* ni Mickey Bustos at tiniyak na ito ang kaniyang *Official Youtube Channel* sa pamamagitan ng pagtingin sa *blue checked mark* na nagsasaad na ito ay *verified*.

Limampu't apat (54) na *song parody video* ang makikita sa *Youtube Channel* kung saan ang mga *song parody video* na ito ay kinategorya na ni Mikey Bustos. Pinili ang mga *song parody video* na may pinakamaraming *views*. Ikatlo, pinili ng mga mananaliksik ang mga *video* na nakakuha ng *million views* sa lahat ng *song parody video* ni Mikey Bustos. Hindi lahat ng kaniyang mga *video* ay umabot ng *million views* sa bawat taon.

Itinala ng mga mananaliksik ang limang *song parody video* ni Mikey Bustos na may pinakamataas na bilang ng manonood. Ang mga napiling parodiya ay ang mga sumusunod: "No - Meghan Trainor (Parody) F-I-L-I-P-I-N-O na may 4,859,349 views, All About the Bass-Meghan Trainor Filipino Parody "I go to Palengke" na may 4,795,787 views, "If Lady Gaga were Filipino na may 2,219,691 views, "If Freddie Mercury were Filipino" (QUEEN Parody) na may 4,724,738 views, at "If Michael Jackson were Filipino" na may 2,249,119 views.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa musika, kultura, at usaping panlipunan sa pamamagitan ng mga *song parody*. Makatutulong din ito sa mga guro sapagkat makapagbibigay ito ng mga bagong perspektiba tungkol sa musika, kultura, at lipunan. Sa pamamagitan ng piling *song parody video* ni Mikey Bustos maaaring mapalawak ng mga guro ang kamalayan ng kanilang mga mag-aaral sa kultural na aspekto ng musika at *Pop Culture*, pati na rin ang pagpapalakas ng kanilang kritikal na pag-iisip. Sa kabuoan, layunin nitong makapagbigay ng mga bagong kaalaman at magiging kasangkapan ng mga guro upang maging mas epektibo at makabuluhan ang kanilang pagtuturo.

4. Resulta at Pagtatalakay

Ang kabanatang ito ay naglalahad at tumatalakay ng mga datos na nakalap mula sa piling *song parody video* ni Mikey Bustos na iniugnay sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Kinapapalooban ito ng pagsusuri sa mga usaping panlipunang isinisiwalat sa piling *song parody* ni Mikey Bustos. Upang maging mabisa ang paglalahad sa resulta ng pagsusuring isinagawa sa bawat bahagi ng pag-aaral magsisilbing biswal na representasyon ang mga talahanayan.

3.1 Mga usaping panlipunan sa mga piling song parody video ni Mikey Bustos

Talahanayan 1

Mga usaping panlipunan sa mga piling song parody video ni Mikey Bustos

Song Parody Video	Pahayag	Usaping Panlipunan	Pagpapaliwanag
No- Meghan Trainor (F-I-L-I-P-I-N-O)	Girl: Mikey it is really good to meet you finally, you know you look like just your picture super cute Mikey: Thank you! Girl: So what are you? Chinese! Japanese! Mexican! Indonesian! Egyptian! Aahh I know you're Indian!	Diskriminasyon sa pagkakakilanlan (Rasismo)	Ang pahayag na mababasa sa song parody ni Mikey Bustos ay napapabilang sa usapin patungkol sa diskriminasyon sa pagkakakilanlan (rasismo) dahil sa tahasang pagbanggit ng kasama ni Mikey sa iba't ibang nationality bilang pagtukoy sa pagkakakilanlan nito. Mapapansin sa bidyo ang senaryo ng pagtatagpo ni Mikey at ng kasama nitong babae kung saan sa kanilang pagkikita ay tinanong siya ng babae kung ano siya, at hindi na hinintay ang sagot nito at tahasang iniugnay si Mikey sa magkakaibang pagkakakilanlan kagaya ng Chinese, Japanese, Mexican, Indonesian at Indian. Dahil sa aksyon na ito ng babae, naghatid ito ng pagkagulat at pagkadismaya kay Mikey dahil na rin sa pagtukoy sa kaniya bilang kabahagi ng mga nabanggit na nationality.
All About That Bass - Meghan Trainor Filipino Parody ("I Go To Palengke")	Mikey: Beware of double dead! We Filipinos always think a head (Nagpakita ng ulo ng manok bilang representasyon) Mikey: And when Palengke wise just watch your wallet, everything you buy is fresh and bargain for the lowest price	Pagbebenta ng double dead na karne o botcha.	Ang pahayag sa bidyo ay naglalarawan sa isa sa mga isyung panlipunan na pagbebenta ng double dead na karne. Ang double dead na karne ay isang uri ng karne ng hayop na namatay mula sa isang sakit na dumaan sa proseso ng pagkakatay upang ibenta. Ang ganitong uri ng karne ay hindi maganda sa kalusugan ng tao kaya sa bidyo, pinaalalahanan ni Mikey Bustos ang publiko na kapag bibili sa palengke kinakailangan na mag-ingat sa mga double dead na karne. Ipinahayag pa niya na ang mga Pilipino ay kinakailangang maging maingat at gamitin ang pag-iisip sa tuwing bumibili.
3. If Lady Gaga were Filipino	Mikey: Looking at the cloudy sky in the Philippines i can hear the thunder we all know what it means Mikey: We're approaching our rainy season, naku (OMG) it's rainy season! Typhoons coming, flooding season Philippine rainy season	Bagyo at pagbaha sa Pilipinas	Sa bidyo na ito ni Mikey Bustos ang usaping panlipunan na kinapapalooban dito ay ang bagyo at pagbaha. Ang bagyo at pagbaha ay matagal ng isyu sa Pilipinas. Taon-taon tumataas ang bilang ng mga bagyong pumapasok sa bansa kung saan nagdudulot ito ng madalas na pagbaha sa maraming lugar. Inilarawan pa dito ni Mikey na kapag umaambon na at naririnig ang pagkulog at pagkidlat senyales na ito ng malakas na pag-ulan na maaring magdulot ng pagbaha. Binanggit din niya na ang ganitong senaryo ay likas na sa Pilipinas.
If Freddie Mercury Were Filipino (Queen Parody)	"Mikey: This is Pinoy life here in the Philippines, I use a flashlight cause there's no electricity"	Usapin sa kakulangan sa kuryente	Ang pahayag sa bidyo na tumutukoy sa usapin patungkol sa madalas na pagkakaroon ng brownout sa iba't ibang parte ng Pilipinas. Ang brownout ay isang pangyayari na tumutukoy sa pagkawala ng kuryente. Isa itong isyu na matagal ng hindi nalulutas, madalas itong nararanasan ng mga taong nakatira sa probinsiya. Dito binanggit din ni Mikey Bustos na ang ganitong senaryo ay natural at nakasanayan na ng mga Pilipino, maging ang paggamit ng flashlight tuwing nagkakaroon ng brownout.

If Michael Jackson Were Filipino	“Mikey: She’s telling me that she wants me to date her, pretty Pinay but when i went up to her, she said bye! I soon found out why she was a snatcher, snatcher ay”	Usapin patungkol sa talamak na pagnanakaw at panloloko	Sa pahayag na ito na makikita sa bidyo ni Mikey Bustos ay naglalarawan sa usapin patungkol sa talamak na pagnanakaw at panloloko. Ang usaping ito ay matagal ng isyu sa Pilipinas kung saan nakasanayan na, kaya marami na ang nag-iingat. Makikita sa bidyo na siya ay nagtungo sa isang bar para uminom kung saan dito nakatagpo niya ang isang babae na akala niya gusto siyang i-date subalit lingid sa kaniyang kaalaman, siya ay niloloko lamang upang pagnakawan. Kung saan, makikita sa bidyo na si Mikey Bustos ay nanakawan ng wallet ng isang snatcher.
----------------------------------	---	--	--

Makikita sa talahanayan 1 ang pagsusuri sa limang piling *song parody* na kinapapalooban ng iba’t ibang uri ng usaping panlipunan. Ang *No-Meghan Trainor (Filipino)* ay kinapapalooban ng usapin patungkol sa diskriminasyon sa pagkakakilanlan; ang *All About That Bass - Meghan Trainor Filipino Parody (I Go To Palengke)* na may usapin tungkol sa pagbebenta ng *double dead* na karne; ang *If Lady Gaga Were Filipino* na kinapapalooban ng usapin sa bagyo at pagbaha; ang *If Freddie Mercury Were Filipino (Queen Parody)* ay may usapin tungkol sa kakulangan ng kuryente; at habang ang *If Michael Jackson Were Filipino* ay kinapapalooban ng usaping panlipunan patungkol sa talamak na pagnanakaw at panloloko. Ang mga *song parody video* na ito ay sinuri at binigyan ng mga interpretasyon batay sa kung ano ang nakapaloob na mga usaping panlipunan dito. Sa ibaba, pansinin ang ang mga usaping panlipunan na nakapaloob sa limang piling *song parody video* ni Mikey Bustos.

No- Meghan Trainor" (F-I-L-I-P-I-N-O)

Diskriminasyon sa pagkakakilanlan (Rasismo)

Ang rasismo o *racism* ay tumutukoy sa diskriminasyon, pang-aapi, o hindi patas na pagtrato sa isang tao o grupo batay sa kanilang lahi o etnisidad. Binanggit ng US Equal Employment Opportunity Commission (n.d.) na naiuugnay din ang rasismo sa diskriminasyon batay sa lahi kung saan ito ay may kinalaman sa hindi kanais-nais na pagturing sa isang tao dahil mula siya sa partikular na lahi o dahil sa mga personal na katangian na nauugnay sa lahi gaya ng karakter ng buhok, kulay ng balat, o ilang partikular na katangian ng mukha. Ayon sa Australian Human Rights Commission (n.d.) labag sa batas ang gumawa ng isang bagay sa publiko na nag-aalipusta sa lahi, kulay ng balat, pambansa o etnikong pinagmulan ng tao o grupo ng tao na malamang na makasakit, makainsulto, magpahiya o manakot.

Makikita sa ibaba ang halimbawang pahayag ng nasabing usapin:

Girl: *Mikey it is really good to meet you finally, you know you look like just your picture super cute.*

Mikey: *Thank you!*

Girl: *So what are you? Chinese! Japanese! Mexican! Indonesian! Egyptian! Aahh I know you're Indian!*

Mikey: *(Napabuntong hininga)*

Ang pahayag na mababasa sa *song parody* ni Mikey Bustos ay napapabilang sa usapin patungkol sa diskriminasyon sa pagkakakilanlan (rasismo) dahil sa tahasang pagbanggit ng kasama ni Mikey Bustos ng iba’t ibang *nationality* bilang pagtukoy sa pagkakakilanlan nito. Mapapansin sa bidyo ang senaryo ng pagtatagpo ni Mikey Bustos at ng kasama nitong babae kung saan sa kanilang pagkikita ay tinanong siya ng babae kung ano siya, at hindi na hinintay ang sagot nito at tahasang iniugnay si Mikey sa magkakaibang pagkakakilanlan kagaya ng *Chinese, Japanese, Mexican, Indonesian at Indian*. Dahil sa aksyong ito ng babae, naghatid ito ng pagkagulat at pagkadismaya dahil na rin sa pagtukoy sa kaniya bilang kabahagi ng mga nabanggit na *nationality*.

Sa isang balita mula sa GMA News (2020) tinalakay ang isang senaryo ng diskriminasyon sa lahi kung saan ang mga Pilipino ay napagkamalang *Chinese* sa ibang bansa. Dahil sa paglaganap ng *Covid-19* sa *China* maraming mga Asian partikular na ang mga Pilipino ang napagkakamalang *Chinese* at sa kanila ibinubunton ng mga taga-ibang lahi kung bakit mayroong *virus*. Nangangahulugan ito na karamihan sa mga *Asians* partikular na ang mga Pilipino ay madalas mapagkamalan ng ibang lahi na nagdudulot ito ng diskriminasyon o rasismo patungkol sa pagkilala at pagtukoy ng pagkakakilanlan ng sang tao.

Sa kabuoang pagsusuri sa *song parody* na *No- Meghan Trainor (F-I-L-I-P-I-N-O)* lumutang na kinapapalooban ito ng isang usapin na pumapatungkol sa diskriminasyon sa pagkakakilanlan (rasismo). Ipinapakita sa bidyo na ang nasabing usapin ay madalas na nangyayari sa mga Pilipino, ito marahil ay bunga ng pisikal na katangian ng mga Pilipino ay may pagkakapareho sa ibang lahi sa buong *Asia*. Mapapansin din ang malikhaing pamamaraan niya ng paglalahad sa nasabing usapin, kung saan hindi niya kinutya ang tahasang aksyon ng kaniyang kasama bagkus ginamit niya ang parodiya bilang daan sa pagpapakilala sa kung ano at sino ang mga Pilipino. Ang kaniyang pagiging malikhain ay nagbigay daan sa kaniya na makalikha ng senaryo na maglalarawan sa nasabing isyu. Ang ganitong uri ng kaniyang paglalahad ay hindi nagdulot ng kahit na anong negatibong reaksiyon sa mga nanood, bagkus naghatid pa ito ng aliw at katuwaan sa marami.

All About That Bass - Meghan Trainor Filipino Parody ("I Go To Palengke")

Pagbebenta ng *double dead* na karne o botcha

Ang *double-dead meat* o botcha ang tawag ng mga Pilipino sa karne ng hayop (maaaring manok, baka, o baboy) na nauna nang namatay dahil sa karamdaman o sakit, ngunit kinatay pa rin para ibenta sa pamilihan. Ayon sa Philstar. Karaniwang inihahalo ang mga karneng *botcha* sa mga sariwa at aprubado ng NMIS para mailusot sa merkado. Kadalasan ding ginagamit sa mga *processed food* ang mga *double-dead* na karne kaya naman walang kamalay-malay ang mamimili na nadadaya na sila sa kalidad ng produktong kanilang binibili. Isa itong paraan para maibenta pa rin ang nasabing karne, dito mababa na ang presyo nito sa palengke. Hindi maganda sa kalusugan ng tao at maaaring maging sanhi ng karamdaman kung makakain ang isang *double-dead meat* o botcha.

Mikey: *Beware of double dead! We Filipinos always think a head (Nagpakita ng ulo ng manok bilang representasyon)*

Mikey: *And when Palengke wise just watch your wallet, everything you buy is fresh and bargain for the lowest price.*

Ang pahayag sa bidyo ay naglalarawan sa isa sa mga isyung panlipunan na pagbebenta ng *double-dead* na karne. Ang *double-dead* na karne ay isang uri ng karne ng hayop na namatay mula sa isang sakit na dumaan sa proseso ng pagkakatay upang ibenta. Ang ganitong uri ng karne ay hindi maganda sa kalusugan ng tao kaya sa bidyo, nagbigay si Mikey Bustos ng paalala na kapag bibili sa palengke kinakailangan na mag-ingat sa mga *double-dead* na karne. Ipinahayag pa niya na ang mga Pilipino ay kinakailangang maging maingat at gamitin ang pag-iisip kapag bibili.

Sa artikulo ni Chavez (2019) sa Manila Bulletin, binanggit niya ang pagpapahayag ng babala ng *Manila City Government* patungkol sa talamak na pagkalat ng mga *double-dead* na karne. Ang patuloy na paglaganap at pagbili nito ng mga tao ay nagdudulot ng masamang epekto sa kalusugan. Nangangahulugan ito na isa ang pagbebenta ng *double-dead* na karne sa mga isyu ng ating lipunan na kinakailangang masolusyunan.

Sa kabuoan, lumulutang na ang pagsusuri sa *song parody* na *All About That Bass- Meghan Trainor Filipino Parody "I Go To Palengke"* ay kinapapalooban ng isang usapin na pumapatungkol sa pagbebenta ng *double-dead* na karne o botcha. Kung saan ang pagbebenta nito ay isang ilegal na gawain at ang pagkain ng karne na ibinenta ay masama ang maidudulot sa katawan ng tao. Inilahad ni Mikey Bustos ang ganitong impormasyon gamit ang kaniyang talento, at paggawa ng parodiya. Ginamit niya ang parodiya bilang instrumento ng pagpapalaganap ng *awareness* sa maraming tao patungkol sa pagbili ng *double dead* na karne. Sa pamamagitan nito hindi lamang siya

nakapaghatid ng kamalayan bagkus dala na rin nito ang nakakaaliw at nakakatuwang mensahe na kapupulutan ng aral ng iba.

If Lady Gaga were Filipino

Bagyo at pagbaha sa Pilipinas

Sa isang artikulo ng Los Baños Times binanggit na ang bagyo o *tropical cyclone* ay isang uri ng lagay ng panahon na nagdadala ng mabilis na hangin at malakas na pagbuhos ng ulan. Maaari itong maging sanhi ng pagbaha, pagguho ng mga kalupaan, at pagkasira ng mga ari-arian. Sa Pilipinas, dala ng pagbabago ng panahon o *climate change* bawat taon dumarami ang mga bagyong pumapasok sa bansa na nagreresulta ng mga sakuna.

Mikey: *Looking at the cloudy sky in the Philippines i can hear the thunder we all know what it means.*

Mikey: *We're approaching our rainy season, naku (OMG) it's rainy season! Typhoons coming, flooding season Philippine rainy season.*

Sa bidyo ni Mikey Bustos ang usaping panlipunan na kinapapalooban dito ay ang bagyo at pagbaha. Ang bagyo at pagbaha ay matagal ng isyu sa Pilipinas. Taon-taon tumataas ang bilang ng mga bagyong pumapasok sa bansa kung saan nagdudulot ito ng madalas na pagbaha sa maraming lugar. Ito marahil ay dahil sa pagbabago ng panahon o *climate change*. Inilarawan pa rito ni Mikey Bustos na kapag umaambon na at naririnig ang pagkulong at pagkidlat senyales na ito ng malakas na pag-ulan na maaring magdulot ng pagbaha. Binanggit din niya na ang ganitong senaryo ay karaniwan na sa Pilipinas.

Inilahad ni Bacuño (2024) sa Balitambayan, na dahil sa walang tigil na pag-ulan na dala ng bagyong Enteng umaabot sa leeg ang baha at sa iba naman ay sa dibdib at sa beywang sa ilang lugar sa mga lalawigan ng Quezon at Camarines Norte. Ang mga residente sa lugar na ito ay gumagamit na ng tali at lubid upang makalikas sa pagragasa ng baha. Maraming mga paaralan at trabaho ang suspendido at maraming mga pamilya ang naghirap at apektado dahil sa nasabing pagbaha. Nangangahulugan ito na ang pagdating ng isang bagyo ay kahirapan sa mga tao partikular na sa kanilang hanapbuhay. Makikitang isa sa mga dala ng bagyo ay pagbaha na labis na nagpapahirap sa mga Pilipino dahil ang bansa ay kilala na madalas daanan ng bagyo.

Sa kabuoan, ang pagsusuri sa *song parody* na *If Lady Gaga Were Filipino* ay kinapapalooban ng usaping patungkol sa bagyo at pagbaha. Ang usaping ito ay patuloy na nararanasan ng mga tao at patuloy na nagbabago at lumalala sa paglipas ng panahon. Ang nasabing usapin ay matagal ng isyu na nararanasan ng bansa at maraming mga Pilipino ang nahihirapan at apektado pagdating sa kanilang kabuhayan, pag-aaral at napakarami pang iba. Sa *parody video* na ito ni Mikey Bustos makikita na ang nasabing usapin ang binigyang-diin niya rito, inilarawan niya sa bidyo ang patungkol sa *Philippines' rainy season* na dumadagsa ang mga bagyo at pagbaha sa maraming lugar sa bansa. Ginamit dito ang parodiya ni Mikey Bustos upang ilarawan ang senaryo ng madalas na pagdating ng bagyo at pagbaha sa Pilipinas na naging parte na ng pamumuhay ng mga Pilipino.

If Freddie Mercury Were Filipino (Queen Parody)

Usapin sa kakulangan ng Elektrisidad

Ayon sa blueti-ph ang *brownout* ay isang pansamantala at sinadyang pagbaba ng boltahe sa isang *electrical power grid*. Sa panahon ng *brownout*, bumababa ang boltahe na ibinibigay sa mga tahanan at negosyo, na humahantong sa pagdidilim ng mga ilaw, mas mabagal na *performance* ng *electrical appliance*, at mga potensyal na pagkaantala sa mga elektronikong mga kagamitan. Ang madalas na pagkawala ng kuryente ay isa sa mga problemang kinakaharap ng maraming Pilipino kaya naging usaping panlipunan ito.

Mikey: *This is Pinoy life here in the Philippines, I use a flashlight cause there's no electricity.*

Ang pahayag sa bidyo ay tumutukoy sa usapin patungkol sa madalas na pagkakaroon ng *brownout* sa iba't ibang parte ng Pilipinas. Ang *brownout* ay isang pangyayari na tumutukoy sa kakulangan ng elektrisidad. Isa itong

isyu na matagal ng hindi nasosolusyonan, madalas itong nararanasan ng mga taong nakatira sa probinsiya. Dito binanggit din ni Mikey Bustos na ang ganitong senaryo ay natural at nakasanayan na ng mga Pilipino, maging ang paggamit ng *flashlight* tuwing magkakaroon ng *brownout*.

Ayon sa Brigada News Philippines (2022), sa pagharap sa Sangguniang Bayan ng Daet ipinaliwanag ng *Corporate Services Department* na ang dahilan ng mga *scheduled brown out* ay dahil sa mga *capital expenditures projects at relocation* ng mga poste na apektado ng *road widening*. Ang kalimitang sanhi naman daw ng mga *unscheduled brownout* ay dahil sa mga puno na sumasabit at hayop na dumidikit sa linya ng kuryente. Mayroon din umanong *Automatic Load Dropping (ALD)* na nangyayari naman kapag kulang ang suplay ng kuryente mula sa *power grid*. Nangangahulugan ito ng patuloy na pangyayari ng nasabing usapin kung magpapatuloy na mararanasan ang mga nabanggit na dahilan kung bakit madalas na nangyayari ang pagkakaroon ng *brownout*.

Sa kabuoang pagsusuri sa *song parody* na *If Freddie Mercury Were Filipino* lumalabas na kinapapalooban ito ng usapin tungkol sa madalas na pagkawala ng kuryente. Ang usapin sa pagkawala ng kuryente ay matagal ng isyu sa Pilipinas madalas itong nararanasan ng mga taong nakatira sa probinsiya dahil na rin sa hindi maayos na *function* ng iilan sa mga poste at koneksyon ng kuryente. Dito, inihayag ni Mikey Bustos sa paraang pakutya at pagbibigay ng kritisismo. Dahil sa madalas na nangyayari ang ganitong isyu nakasanayan na ito ng karamihan at itinuring na natural at parte na ng pamumuhay ng iilan. Sa kabilang banda, gamit ang ganitong paraan, nagawa itong mailahad ni Mikey Bustos na may layuning maghatid ng katuwaan at pangungutya sa nasabing usapin, na nagdulot naman, di lang ng katuwaan sa madla maging kaalaman at kamalayan sa kanila.

If Michael Jackson Were Filipino

Usapin patungkol sa talamak na pagnanakaw

Ayon sa Kuruoglu (2024) ang pagnanakaw ay tumutukoy sa isang masamang gawain ng pagkuha o pag-angkin ng pag-aari ng iba. Ang pagkuha ng isang gamit ng iba ito man ay pwersahan o sa maayos na paraan ng walang pahintulot o permiso mula sa may-ari ay itinuturing na isang ilegal na gawain na may kaaakibat na kaparusahan. Ang mga nabanggit na pahayag ay isang uri ng isyu at usaping panlipunan na talamak sa Pilipinas.

Mikey: *She's telling me that she wants me to date her, pretty Pinay but when I went up to her, she said bye! I soon found out why she was a snatcher, snatcher ay!*

Sa pahayag na ito, inilalarawan ni Mikey Bustos ang usapin sa talamak na pagnanakaw at panloloko. Ang usaping ito ay matagal ng isyu sa Pilipinas na nakasanayan na, kaya marami na ang nag-iingat. Makikita sa bidyo na siya (Mikey Bustos) ay nagtungo sa isang *bar* para uminom kung saan dito nakatagpo siya ng isang babae na akala niya gusto siyang *i-date* subalit lingid sa kaniyang kaalaman siya ay niloloko lamang upang pagnakawan.

Sa isang balita mula sa GMA Integrated News (2024), tinalakay ang isang senaryo ng pagnanakaw ng *wallet* ng isang lalaki sa isang estudyante, subalit nakorner ito at agad namang nahuli. Ang ganitong gawain ay talamak sa maraming lugar dito sa Pilipinas kung saan kadalasang sangkot dito ang mga kabataan. Nangangahulugan ito na patuloy na lumalaganap ang ganitong ilegal na gawain sa maraming lugar dito sa Pilipinas. Ang nasabing usapin ay nakaaalarma sa kaligtasan ng maraming tao kung saan kinakailangan ng agarang solusyon.

Sa kabuoan, ang pagsusuri sa *song parody* na *If Freddie Mercury Were Filipino* ay kinapapalooban ng usaping panlipunan na pumapatungkol sa talamak na pagnanakaw. Ang nasabing usapin ay matagal na sa Pilipinas at patuloy na umiiral saan mang panig ng bansa. Gamit ang parodiya ni Mikey Bustos tahasan niyang ipinahayag at inilalarawan ang nasabing usapin upang makapagbigay ng kamalayan sa maraming Pilipino patungkol sa mga *snatcher* at pagnanakaw sa isang malinaw at nakakatuwang paraan ng paglalahad. Sa pamamagitan nito, hindi lamang siya nakapagbigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon bagkus naghatid din siya ng aliw sa karamihan.

Bilang paglalahat, ang limang piling *song parody video* ni Mikey Bustos na, “*No Meghan Trainor (F-I-L-I-P-I-N-O), All About That Bass- Meghan Trainor Filipino Parody "I Go To Palengke", If Lady Gaga Were, If Freddie Mercury Were Filipino, at If Michael Jackson Were Filipino*” ay naghahayag ng iba't ibang usaping panlipunan

gaya ng; diskriminasyon sa pagkakakilanlan (rasismo), pagbebenta ng *double-dead* na karne, bagyo at pagbaha, madalas na pagkawala ng kuryente, at usapin tungkol sa talamak na pagnanakaw. Sinasalamang ng mga nabanggit na usaping panlipunan ang mga aktuwal na karanasan ng mga Pilipino. Makikita rin na ang mga usaping tinalakay ay may kaugnayan sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga Pilipino sa pang-araw-araw na pamumuhay.

5. Kongklusyon

Natuklasan na ang kontekstong nakapaloob sa limang piling *song parody video* ay pumapatungkol sa kultura, kagawian at sa aspeto ng buhay at sitwasyon ng mga Pilipino. Sa pamamagitan nito, hindi lamang naging estilo ang mga kontekstong nakapaloob bagkus naging daan ito tungo sa malawak na paglalarawan at pagpapakilala sa natatanging kultura, tradisyon, kagawian at pang-araw-araw na kalagayan ng mga Pilipino. Lumalabas sa pagsusuri na ang limang piling *song parody* ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng usaping panlipunan tulad ng diskriminasyon sa pagkakakilanlan; pagbebenta ng *double-dead* na karne; bagyo at pagbaha; kakulangan sa kuryente at panghuli ay talamak na pagnanakaw at panloloko. Ang mga nabanggit na usapin ay tumutukoy sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga Pilipino sa araw-araw na pamumuhay na siya namang inilarawan sa limang piling *song parody video*.

Ang limang piling *song parody video* ni Mikey Bustos ay nakatulong sa pagpapalawak ng kamalayan sa mga natatanging katangian ng isang bansa pagdating sa kultura, tradisyon, paniniwala at iba pa. Maliban diyan, malaki din ang papel na ginampanan ng kaniyang parodiya sa pagpapalaganap at pagpapamulat sa mga tao patungkol sa mga nangyayari sa lipunan gamit ang estilo sa wika at konteksto. Sa pamamagitan ng maayos, malikhain at nakaaaliw na uri at estilo ng parodiya, ang paglalahad ng mga isyung panlipunan ay naging magaan sa kabila ng bigat ng mga usaping panlipunan. Ang piling *song parody* ni Mikey Bustos ay naghahatid ng kamalayan hinggil sa kultura, tradisyon, kagawian at mga isyung panlipunan sa maayos, malikhain, kawili-wili, makabuluhang paraan na naging daan upang yakapin at tanggapin ang mga ito ng mga manonood.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

- Suriin ang mga uri ng *song parody* na makikita sa naturang pananaliksik upang maunawaan ang iba't ibang paraan na ginamit sa paglalahad ng mensahe.
- Pag-aralan ang estilong ginamit sa pagkakabuo ng *song parody* tungo sa karagdagang kaalaman sa paggamit ng wika partikular na sa tayutay bilang malikhaing paraan ng paglalahad.
- Tuklasin ang mga kontekstong makikita sa *song parody* upang malaman at lumawak ang kamalayan tungkol sa kultura, tradisyon at kagawian ng mga Pilipino.
- Tukuyin ang mga usaping panlipunan na nakapaloob sa mga *song parody* upang malaman ang mga isyu at usaping nais ilahad ng mga gumagawa ng parodiya.
- Gamitin ang nabuong modyul bilang gabay sa paglinang ng kaalaman patungkol sa parodiya at ang papel nito sa pagpapalaganap sa kultura, tradisyon, at kagawian ng mga Pilipino maging ang pagsisiwalat ng mga isyu at usapin na makakatulong sa pagpapalawak ng kamalayan sa mga nangyayari sa lipunan.

6. Talasanggunian

Australian Human Rights Commission. (n.d.) About Racial Discrimination. Retrieved from:

https://humanrights.gov.au/our-work/race-discrimination/about-racial-discrimination?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR3wtsQ5dnSq6MPVe1Lv4rMn9hSvMwD7yfKBLbr-bmbOy2U3uzhNYqO9ioo_aem_CBSOVReJ7nxd-zEt-j32pg.

Bacuño, P. (2024, September 2). Bagyong Enteng, nagdulot ng pagbaha sa Quezon at Camarines Norte.

Balitambayan. Retrieved from:

- https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/promdi/919002/bagyong-enteng-nagdulot-ng-pagbaha-sa-quezon-at-camarines-norte/story/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR1_hLc3d4qJU0Hs5V14OgVxqRg56nEly0MDo-05w1bsulaCve_U4oRrS9A_aem_HXxIYM5AsObio7EX2VDfOg.
- Brigada News Philippines. (2022, August 3). Dahilan ng madalas na brownout ipinaliwanag ng Conoreco. Retrieved from: https://www.brigadanews.ph/dahilan-ng-madalas-na-brownout-ipinaliwanag-ng-canoreco/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR0orIX_H6pfxfpMbodBuwekPPmr-MWPVqP_xaaC5HYakT-OW8zqee3gjMY_aem_ktWcvO_1Z4XvGAXad03aKg.
- Bucaneg, A.P. (n.d.). Nasyonalismo ng mga Pilipino sa Youtube. Retrieved from: <https://www.scribd.com/document/106002268/Nasyonalismo-ng-mga-Pilipino-sa-YouTube>.
- Chavez, C. (2019, November 29). Double-dead meat products are harmful – avoid, says QC councilor. Manila Bulletin. Retrieved from: https://mb.com.ph/2019/11/29/double-dead-meat-products-are-harmful-avoid-says-qc-councilor/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR08HYTidYJqIAOslAmChHcclrrf90HTuRLnH-D1UyfpBddToZmXCTSoi-c_aem_3Ppom78WurxxOXP0LE4aqQ.
- GMA Integrated News. (2024, June 26). Suspek sa panghahablot ng wallet ng estudyante, nakorner [Video]. YouTube. Retrieved from: <https://www.youtube.com/watch?v=sqaiTY0-up4>.
- GMA News. (2020, February 28). Mga Pilipino sa Italy napagkamalang Chinese Diskriminasyon sa gitna ng Covid Scare. Retrieved from: https://www.facebook.com/watch/?extid=MSG-UNK-UNK-UNK-IO5_GK0T-GK1C&mibextid=69CR2R&v=502514070454685.
- Kuruoglu, S. (2024). Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagnanakaw at pandaraya? Pax Law Corporation. Retrieved from: https://www.paxlaw.ca/tl/pagnanakaw-at-pandaraya/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR1hQgSi6DZhNv96duwysAts9I7NAkI4qwe8Wf2xr16ulNa4su6tjnu3wtQ_aem_RDhH6RA34dvmR-eHwqULZA.
- LitCharts. (n.d.). Parody Definition. Retrieved from: <https://www.litcharts.com/literary-devices-and-terms/parody>.
- Pflugfelder, E. (2023). What is Parody? Definition and Examples. Retrieved from: <https://liberalarts.oregonstate.edu/wlf/what-parody-definition-examples>.
- Tuting, K. (n.d.). PinoyBoy Values: Parodies in Mikey Bustos' Music Videos in the Context of Filipino Culture. Retrieved from: https://www.academia.edu/26884975/PinoyBoy_Values_Parodies_in_Mikey_Bustos_Music_Videos_in_the_Context_of_Filipino_Culture.
- US Equal Employment Opportunity Commission. (n.d.). Race/Color Discrimination. Retrieved from: https://www.eeoc.gov/racecolor-discrimination?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTEAAR0IjuPCdVx1k_W--RAh1GgWMIX7uSD8IVCcQS65nNhYU61Tzlo7D5VLPWw_aem_nn4gKjUfcxjHbRK0NJpwwk.

International Journal of Research Studies in Education

Consortia Academia: A partner of Network of Professional Researchers and Educators (NPRE)
Barangay Concepcion, Malabon City, Metro Manila, Philippines

Editor

ijr.edu@gmail.com / ijr.edu@consortiacademia.org

Open Access

<http://consortiacademia.org/ijrse/>

ISSN: 2243-7703



Consortia Academia